



PHILIPPINE
N O R M A L
U N I V E R S I T Y



Graduate Theses

CGSTER

September 2015

Pagbuo ng Glosaryong Filipino sa mga Agham Panrehabilitasyon

Ma. Lanie V. Vergara

Philippine Normal University

Follow this and additional works at
pnu-onlinecommons.org/omp/index.php



Online Commons Citation

Veragara, M.L.V., Villanueva, V.M., Zamora, N.C.L. (2015)

Pagbuo ng glosaryong filipino sa mga agham panrehabilitasyon

(Master's Thesis, Philippine Normal University)

Retrieved from pnu-onlinecommons.org/omp/index.php/pnu-oc/catalog/book/350

**Pagbuo ng Glosaryong Filipino sa mga
Agham Panrehabilitasyon**

**Isang Tesis na Iniharap sa
Kolehiyo ng Edukasyong Panggradwado at Pananaliksik sa
Edukasyong Pangguro
Pamantasang Normal ng Pilipinas**

**Bilang bahagi ng Pagtupad
Sa mga Gawaing Kailangan sa Pagtatamo
ng Master sa Sining ng Edukasyon
sa Pagtuturo ng Filipino**

ni

**Ma. Lanie V. Vergara
Setyembre 2015**




Philippine Normal University
National Center for Teacher Education


DAHON NG PAGPAPATIBAY


Ang tesis na ito na may pamagat na "PAGBUO NG GLOSARYONG FILIPINO SA LARANGAN NG MGA AGHAM PANREHABILITASYON" ay inihanda at ipinasa ni Ma. Lanie. V. Vergara bilang bahagi ng mga kailangan sa pagtatamo ng titulong Master sa Sining ng Edukasyon, Espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino at ngayon ay itinagubilin ng Lupon ng Tagapayo sa kaukulang Pasalitang Pagsusulit.



Dr. Niña Christina L. Zamora
Tagapayo



Dr. Voltaire M. Villanueva
Tagapayo

Pinagtibay bilang isang bahagi ng mga gawaing kailangan sa pagtatamo ng titulong Master sa Sining ng Edukasyon, Espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino ng Lupon sa Pasalitang Pagsusulit.


Dr. Zenaida Q. Reyes
Puno



Prof. Lolita T. Bandril
Kagawad


Prof. Joel C. Malabanan
Kagawad


Prof. Anne Marie C. Aseron
Kagawad

Tinatanggap bilang isang bahagi ng mga kailangan sa pagtuturo ng titulong Master sa Sining ng Edukasyon, Espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino.

06 August 2015
Petsa


ZENaida Q. REYES, Ph.D.
Dekana
Kolehiyo ng Edukasyong
Panggradwado at Pananaliksik
sa Edukasyong Pangguro

PASASALAMAT

Buong pusong nagpapasalamat ang mananaliksik sa sumusunod sapagkat sila ang naging inspirasyon, susi at daan kaya naisakatuparan ang tesis na ito at natapos ang digring Master sa Sining ng Edukasyon, Espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino.

Sa Panginoong Diyos na patuloy na ginabayan at binayayaan ang mananaliksik ng katalinuhan, pagiging matiyaga at mabuting kalusugan sa panahon ng kanyang pag-aaral at pananaliksik.

Sa aking pamilya, lalo na sa aking asawang si Ernesto na hindi matatawaran ang suporta at pang-unawa sa panahong ako ay nag-aaral at nananaliksik. Ganon din sa aking mga anak kina Emil, kay Camille na kasama kong nagpupuyat para tapusin ang papel na ito, kay Jose, kay Elijah na aking bunso at sa aking dalawang apo na si Aviana at Claudia, kayo ang inspirasyon ko sa pananaliksik na ito.

Sa dekana ng Kolehiyo ng mga Agham Panrehabilitasyon, Dr. Cheryl R. Peralta, sa kanyang lubos na pagtitiwala sa aking kakayahan at walang sawang panghihikayat na tapusin ko ang digring Masteral, tatanawin kong malaking utang na loob ang lahat ng suporta ninyo habambuhay.

Sa aking mga kasamahang propesor sa Kolehiyo ng mga Agham Panrehabilitasyon na nagsilbing ebalweytor sa aking pananaliksik na ito, tulad nina Prof. Donald Lipardo, Prof. Christian Rey Rimando, Prof. Donald Manlapaz, Prof. Cherry May Gabuyo, Prof. Kim Gerald Medallon, Prof. Charles Bermejo, Prof. Ma. Georgina Mojica, Prof. Jonah Jerome Katalbas at Prof. Joyce Ann Ponciano na tumulong at sumuporta sa aking pag-aaral.

Sa puno ng kagawaran na si Prof. Robert Ampil at sa aking mga kasamahan na sina Prof. Zendel Rosario Taruc at Prof. Amur Asuncion sa Kagawaran ng Filipino sa Unibersidad ng Santo Tomas na matiyagang nag-ebalweyt sa ginawang pagsasalin ng mananaliksik nawa'y marami pa kayong matulungang mag-aaral na tulad ko.

Sa aking mga tagapayo na sina Dr. Niña Christina Zamora at Dr. Voltaire Villanueva na matiyagang sinubaybayan at ginabayan ang mananaliksik na ito at ang pagbibigay nila ng kanilang panahon sa kabila

ng napakarami nilang gawain. Isang malaking karangalan na makatrabaho kayo ng mananaliksik.

Kay Prof. Catherine Escuadra na tumulong sa aking sa mga gawaing pang-estadistika nawa ay marami ka pang matulungan na mga mag-aaral na tulad ko.

Sa Unibersidad ng Santo Tomas at pamunuan nito na nagbigay ng suporta sa mananaliksik.

Sa pamunuan ng Kolehiyo ng Kolehiyo ng Edukasyong Panggradwado at Pananaliksik sa Edukasyong Pangguro at sa mga support staff nito, aalalahanin ng mananaliksik na ito ang inyong mga tulong at gabay na pinagkaloob.

Sa lahat ng aking mga naging guro at mga naging kamag-aral na naging karamay ko sa aking mga suliranin sa aking pag-aaral bahagi kayo ng pag-aaral na ito.

WALANG HANGGANG PASASALAMAT SA INYONG LAHAT.

MA. LANIE V. VERGARA

ABSTRAK

PAMAGAT: ***PAGBUO NG GLOSARYONG FILIPINO SA
MGA AGHAM PANREHABILITASYON***

PANGALAN: **MA. LANIE V. VERGARA**

DEGRI: **MASTER SA SINING NG EDUKASYON SA
PAGTUTURO NG FILIPINO**

ESPESYALISASYON: **FILIPINO**

TAGAPAYO: **Dr. Niña Christina L. Zamora
Dr. Voltaire M. Villanueva**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong makabuo ng isang glosaryo ng mga piling termino sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon. Ang pagbuo ng glosaryong tulad nito ay isang malaking hakbang sa pag-iintelektwalisa ng Wikang Pambansa. Magsisilbi itong gabay sa mga akademikong rehistro sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon. Ito ay isang malaking hakbang at kontribusyon sa mga larangang espesyalisado, teknikal at sa pagbuo ng glosaryo sa kasaysayan ng leksikograpiya at pagsasalin sa Pilipinas dahil isa ito sa mga isinaling glosaryo sa Filipino sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon. Makatutulong ang glosaryong ito sa pagpapalawak ng talasalitaan na kakailanganin sa

pakikipagtalastasan ng mga therapist sa kanilang mga pasyente lalo na yaong mga nasa komunidad. Magagamit din itong materyal na sanggunian sa pagtuturo ng mga asignatura sa mga kursong panrehabilitasyon.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Unibersidad ng Santo Tomas at ang mga kinuhang ebalweytor ng mananaliksik ay mga propesor sa Kolehiyo ng mga Agham Panrehabilitasyon at mga propesor sa wikang Filipino sa nasabi ring pamantasan. Ginamitan ng mananaliksik ng pamamaraang palarawan o deskriptibo at pamamaraang kwantitatibo ang pananaliksik. Pinakita ang deskriptibong pamamaraan sa paggamit ng frequency, proportion at median response. Ang pamamaraang ito ay naglalarawan ng kalagayan ng sitwasyon at katangian ng mga bagay na sa pag-aaral na ito ay nais mailarawan at mataya ng mananaliksik kung tinanggap ang ginawa niyang pagsasalin. Ginamitan din ng mananaliksik ng kwantitatibong pamamaraan sapagkat may mga numerikal na datos na kinakailangang maipaliwanag kaya gumamit ng Chi-square test for independence upang malaman kung may pagkakatulad o pagkakaiba ang tugon ng mga eksperto sa larangan at eksperto sa wika. Ito rin ay isang debelopmental na pananaliksik sapagkat naglalayon itong makabuo ng isang glosaryo sa mga Agham Panrehabilitasyon.

Napatunayan sa pag-aaral na ito na sa pagbuo ng glosaryo sa tiyak na larangan ay mahalaga ang kaalaman ng mga eksperto sa larangan at

eksperto sa wika dahil ang kanilang kaalaman sa kani-kanilang larangan ang naging gabay ng mananaliksik upang higit na mapabuti ang ginawang pagsasalin sa glosaryo. Ang pagsasalin ay isang gawaing kolaboratibo sa pagitan ng eksperto sa larangan at eksperto sa wika. Lumabas din na may teknikal na salita sa wikang Ingles na mas mabuting hiram ng walang pagbabago ang mga terminolohiyang hindi mahanapan ng katumbas na salita sa Filipino kaysa sapilitan itong isalin sapagkat maaari itong makasira sa diwang nais ipahayag ng orihinal na teksto. Naging positibo ang pagtanggap sa ginawang pagsasalin ng mananaliksik sapagkat anim (6) lamang ang hindi tinanggap sa ginawang salin mula sa talungdaan at walong (308) terminolohiya na isinalin. May pagkakataon ding may mga salitang hindi tinanggap ang mga eksperto sa larangan ngunit tinanggap naman ng mga eksperto sa wika at mayroon din namang tinanggap ang mga eksperto sa larangan na hindi naman tinanggap ng eksperto sa wika.

Ang patuloy na kolaborasyon ng eksperto sa larangan at eksperto sa wika sa pagsasalin ay dapat gawin sa iba pang larangan upang tuluyang maintelektwalisa ang wikang Filipino.

TALAAN NG NILALAMAN

Pahina

PAMAGAT.	i
DAHON NG PAGPAPATIBAY.	ii
PASASALAMAT.	iii
ABSTRAK.	v
TALAAN NG NILALAMAN.	viii
TALAAN NG MGA FIGURA.	xii
TALAAN NG MGA TALAHAANAYAN.	xiii
KABANATA I - ANG SULIRANIN AT KALIGIRAN NITO	
1.1 Panimula.	1
1.2 Balangkas Konseptwal ng Pag-aaral.	10
1.3 Paglalahad ng Suliranin.	35
1.4 Kahalagahan ng Pag-aaral.	35
1.5 Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral.	38
1.6 Katuturan ng mga Katawagan.	39
KABANATA II - REBYU NG LITERATURA AT PAG-AARAL	
2.1 Mga Kaugnay na Literatura.	42
2.1.1. Leksikograpiya at Leksikolohiya.	42

2.1.2. Leksikograpiya sa Pilipinas.	44
2.1.3. Iba't ibang Uri ng Sangguniang Leksikograpikal	47
2.2 Mga Simulain, Teknik at Kritisismo sa Pagsasalin	49
2.3 Mga Kaugnay na Pag-aaral	58
 KABANATA III - PAMARAAN NG PAG-AARAL	
3.1 Disenyo ng Pananaliksik.	76
3.2 Seting ng Pag-aaral.	77
3.3 Mga Respondente.	79
3.4 Instrumentong Ginamit sa Pag-aaral.	80
3.5 Proseso sa Pagbuo ng Glosaryo.	80
3.5.1 Pagpili ng mga Lahok na Terminolohiya	80
3.5.2 Balidasyon ng mga Terminolohiya	81
3.5.3 Pagsasalin ng mga Terminolohiyang Napili.	82
3.5.4 Internal o Pansariling Balidasyon	82
3.6 Pagtataya at Balidasyon ng Glosaryo	82
3.7 Estadistikal na Tritment.	84
3.7.1 Pamaraang Deskriptibo	85
3.7.2 Chi-square Test for Independence	85
3.8 Rebisyon.	86
3.9 Pagbuo ng Pinal na Draft ng Glosaryo.	86

KABANATA IV - PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN SA MGA DATOS

4.1 Proseso ng Pagpili ng Lahok na Termino.	.88
4.2 Proseso ng Pagsasalin	.88
4.3 Internal/Pansariling Balidasyon.	.96
4.4 Pagtataya/Balidasyon ng Glosaryo.	97
4.5 Pabibigay Interpretasyon sa mga Datos.	98
4.5.1 Datos sa Kursong Occupational Therapy.	98
4.5.2 Datos sa Kursong Physical Therapy.	110
4.5.3 Datos sa Kursong Speech-Language Pathology.	121
4.5.4 Pagbibigay-Interpretasyon sa mga Datos ng Ebalwasyong Ginawa ng mga Propesor sa Occupational Therapy at Propesor sa Wikang Filipino.	134
4.5.5 Pagbibigay-Interpretasyon sa mga Datos ng Ebalwasyong Ginawa ng mga Propesor sa Physical Therapy at Propesor sa Wikang Filipino.	140
4.5.6 Pagbibigay-Interpretasyon sa mga Datos ng Ebalwasyong Ginawa ng mga Propesor sa Speech-Language Pathology at Propesor sa Wikang Filipino.	146
4.5.7 Pagbibigay-Interpretasyon sa mga Datos ng Ebalwasyong Ginawa ng mga Propesor sa OT, PT at SLP at Propesor sa Wikang Filipino batay sa Chi-square.	152
4.6 Rebisyon ng Ginawang Salin.	160
4.7 Pagbuo ng Pinal na Draft ng Glosaryo.	162

KABANATA V - LAGOM, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON NG PAG-AARAL	
5.1 Lagom	164
5.2 Kongklusyon.	166
5.3 Rekomendasyon	169
TALASANGGUNIAN.	171
APENDIKS	
Apendiks A – Kurikulum ng mga Programa sa Agham Panrehabilitasyon.	179
Apendiks B – Liham sa Dekana.	185
Apendiks C – Talaan ng mga Aklat na Pinaghanguan ng mga Lahok na Terminolohiya.	187
Apendiks D – Talaan ng mga Nakalap na Terminolohiya sa mga Kurso sa mga Agham Panrehabilitasyon.	190
Apendiks E – Personal na Impormasyon ng mga Nagsagawa ng Balidasyon.	226
Apendiks F – Mga Tally Sheet sa Ginawang Pamimili ng mga Terminolohiya ng mga Respondente sa mga Agham Panrehabilitasyon.	235
Apendiks G – Mga Nabuong Talatanungan sa Occupational Therapy, Physical Therapy at Speech-Language Pathology.	250
Apendiks H – Tally Sheet sa Ginawang Balidasyon ng mga Propesor sa Larangan at Propesor sa Wika.	362
Apendiks I – Nabuong Glosaryo sa Larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon.	384
CURRICULUM VITAE.	421

MGA FIGURA

Pigura 1: Paglalarawan ng ebalwasyong ginawa ng mga propesor sa kursong Occupational Therapy	98
Pigura 2: Paglalarawan ng ebalwasyong ginawa ng mga propesor sa Wikang Filipino sa kursong Occupational Therapy.	104
Pigura 3: Paglalarawan ng ebalwasyong ginawa ng mga propesor sa kursong Physical Therapy	110
Pigura 4: Paglalarawan ng ebalwasyong ginawa ng mga propesor sa Wikang Filipino sa kursong Physical Therapy.	116
Pigura 5: Paglalarawan ng ebalwasyong ginawa ng mga propesor sa kursong Speech-Language Pathology.	121
Pigura 6: Paglalarawan ng ebalwasyong ginawa ng mga propesor sa Wikang Filipino sa kursong Speech-Language Pathology. . . .	128
Pigura 7: Paglalarawan ng ebalwasyong ginawa ng mga propesor sa Occupational Therapy at propesor sa Wikang Filipino. Pinagsamang mga iskor (based on median response).	134
Pigura 8: Paglalarawan ng ebalwasyong ginawa ng mga propesor sa Physical Therapy at propesor sa Wikang Filipino. Pinagsamang mga iskor (based on median response).	140
Pigura 9: Paglalarawan ng ebalwasyong ginawa ng mga propesor sa Speech Language Pathology at propesor sa Wikang Filipino. Pinagsamang mga iskor (based on median response).	146
Pigura 10: Paghahambing sa tugon ng mga propesor sa kursong Occupational Therapy at sa tugon ng mga propesor sa wikang Filipino.	152
Pigura 11: Paghahambing sa tugon ng mga propesor sa kursong Physical Therapy at sa tugon ng mga propesor sa wikang Filipino. . .	155
Pigura 12: Paghahambing sa tugon ng mga propesor sa kursong Speech Language Pathology at sa tugon ng mga propesor sa wikang Filipino	157

MGA TALAHANAYAN

TALAHANAYAN 1: Kabuuang bilang ng pamimiling ginawa ng mga propesor sa Occupational Therapy at mga propesor sa wikang Filipino	.153
TALAHANAYAN 2: Kabuuang bilang ng pamimiling ginawa ng mga propesor sa Physical Therapy at mga propesor sa wikang Filipino	.156
TALAHANAYAN 3: Kabuuang bilang ng pamimiling ginawa ng mga propesor sa Speech-Language Pathology at mga propesor sa wikang Filipino.	158

KABANATA I

ANG SULIRANIN AT ANG KALIGIRAN NG PAG-AARAL

1.1. Panimula

Ang wika ay buhay, patuloy itong nagbabago upang makaangkop sa mabilis na pagbabago ng panahon. Ito ang ginagamit ng tao sa kanyang pag-iisip at katulong ng utak sa pagpoproseso ng kaalaman (Vygotsky, 1925 sa Cole 1978). Wika ang inspirasyon ng tao sa kanyang mga pang-araw-araw na gawain (Timbreza, 1999) at kasangkapan sa kanyang pagsulong. Naiimbak ang karunungan sa siyensiya, arte at teknolohiya sa pamamagitan ng wika.

Wikang panlahat ang kailangan sa pagsulong ng isang sibilisasyon. Kailangan ang isang wikang magagamit ng lahat lalo na sa akademya na pandayan ng kaisipan at sibulan ng karunungan, isang wikang mauunawaan ng higit na nakararami (Enriquez, 1989).

Ang bansang Pilipinas ay isang multilinggwal na nasyon. Kaya ang ordinaryong Pilipinong estudyante ay nakapag-uusap sa kanyang unang wika (bernakular) at sa rehiyunal na lingua franca; hanggang matutuhan niya ang Filipino at Ingles sa eskwelahan. Kapag nakaabot pa sa kolehiyo, maaari pa siyang makapag-aral ng Espanyol, German, Nihonggo, Latin, Pranses depende sa kakailanganing pangkomunikasyon ng kanyang pinaghahandaang propesyon.

Ano nga ba ang wikang umiiral sa akademya para maihanda sa kanyang propesyon ang isang mag-aaral?

Ang akademya ay may patakarang sinusunod sa pagpapatupad ng mga wika na kakailanganin ng mga estudyante sa pakikipagkomunikasyon bilang paghahanda sa kanyang propesyon. Nakatadhana ito sa Kautusan Blg.54 s.1987 na may pamagat na *Panuntunan ng Implementasyon ng Patakarang Edukasyong Bilinggwal*. Ang edukasyong bilinggwal ay ang hiwalay na paggamit ng dalawang wika bilang midyum ng instruksyon sa lahat ng antas ng pagtuturo. Inaasahang makabubuo tayo ng mga mamamayan at nasyong bihasa sa komunikasyon sa dalawang wika, ang Ingles at Filipino. Kaugnay ng Patakarang Edukasyong Bilinggwal (DECS Order No. 59 ukol sa wikang panturo (Filipino) :

Ang kurso sa wika, hanggang maaari ay dapat ituro sa wikang iyon. Maaaring magpasya ang HEI's na ituro ang mga kursong Literatura sa Filipino, Ingles at anumang wika kung may pipiliin ang estudyante at guro. Ang kurso sa Humanidades at Agham Panlipunan ay dapat ituro sa Filipino.

Ito ay bilang pagsang-ayon sa mga probisyon ng Republic Act No. 7722 na kilalang, "Higher Education Act of 1994" na siyang nagtatag ng Commission on Higher Education (CHED). Kabilang sa mga probisyon dito ang New General Education Curriculum (NGEC). Ayon dito, ang minimum na pangangailangan sa pagpapatupad ng NGEC partikular sa Filipino para sa antas tersyarya ay siyam (9) na yunit sa mga estudyante sa Humanidades, Social Sciences, Communication (HUSOCOM). Tinawag itong GEC Plan A. Samantalang ang mga estudyanteng kumukuha ng mga kursong hindi nabanggit tulad ng Rehabilitation Sciences at iba pa (Non-HUSOCOM) ay mangangailangan ng anim (6) na yunit sa Filipino. Tinawag naman itong GEC Plan B.

Pangunahing adyendang pangwika ng bansa ang intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa layuning magamit ito bilang wika ng karunungan at iskolarling talakayan.

Isang primer ang ipinalabas ng KWF (Ang KWF at ang Intelektwalisasyon ng Filipino, 1998) na naglalaman ng mga pangunahing konsepto tungkol sa proseso ng intelektwalisasyon ng wika. Sa ilalim naman ng paglinang, ang intelektwalisasyon ay dapat na maipailalim sa ideya ng modernisasyon (Ferguson, 1968). Binigyang-kahulugan din ang Intelektwalisadong Filipino bilang barayti ng Filipino na magagamit sa pagtuturo sa mga Pilipino sa lahat ng larangan ng karunungan mula sa antas primarya hanggang pamantasan, kabilang na ang paaralang gradwado. Halimbawa, ang mga gawaing pananaliksik sa halos lahat ng asignatura ay inuulat sa Intelektwalisadong Filipino (IF); ito ay ginagamit na pangunahing wika ng gawain sa mga pinaiiral na larangan ng wika; at hangad ng mga Pilipino na maturuan ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng Intelektwalisadong Filipino. Iminumungkahi naman ng KWF ang pagtangkilik sa ideya ng mga larangang nagkokontrol, mga larangang bahagyang nagkokontrol at mga larangang di nagkokontrol. Ang larangang pangwikang nagkokontrol o *controlling domains of language* (CDLs) ay may mga sumusunod na katangian: ang mga CDL ay (1) “nagdidikta” ng wika at ng rehiyong gagamitin sa larangan, (2) nangangailangan ng pagbabasa ay pagsusulat, lalo na ang pagsusulat na pinamamahalaan humigit-kumulang ng mahihigpit na tuntunin ng kawastuhan at/o pagtanggap at (3) nangangailangan ng paggamit ng wikang natutuhan sa paaralan lalo na sa mas mataas na

institusyon ng pag-aaral, halimbawa nito ay sa pangangasiwang pampamahalaan sa tatlong sangay nito, agham, teknolohiya, industriya, edukasyon at sa propesyong tulad ng medisina, batas, inhinyera, akawntansi atbp. Samantalang ang *semi-controlling domains of language* (SCDL) o nagkokontrol nang bahagya sa mga larangang pangwika ay may sumusunod na katangian. Ang mga SCDL ay: (1) maaaring mangailangan ng paggamit ng isang partikular na wika subalit hindi sa paraang kasing higit ng mga nagkokontrol na larangang pangwika o CDL bilang panghaliling wika na maaaring pahintulutan, (2) ipinahihintulot nito ang pakikibahagi ng isang tao sa mga gawain ng larangan nang hindi kailangang magpakadalubhasa sa pagsusulat. Ang mga halimbawa ng mga ito ay (a) relihiyon, (b) komunikasyong pangmasa. Ang huli ay ang NCDL o di-nagkokontrol na mga larangang pangwika na may katangiang: (1) maaaring gamitin ang anumang wika o barayti ng wika, (2) hindi kailangan ang mga kasanayan sa pagbabasa at pagsusulat o minimal lamang. Ang dalawang pinakamahalagang di-nagkokontrol na mga larangan ay ang: (a) tahanan at (b) lingua franca.

Mabuting mabigyang linaw sa pag-aaral na ito ang kahulugan ng *Wikang Filipino* at kung ano ang *Intelektwalisadong Filipino* na tinutukoy tuwina sa pag-aaral na ito.

Batay sa isinasaad ng Resolusyon ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF, 1992)

“Ang Filipino ay ang katutubong wika ng komunikasyon ng mga etnikong grupo. Katulad ng iba pang wikang buhay ang Filipino ay dumaraan sa proseso ng paglinang sa pamamagitan ng mga

panghihiram sa mga wika sa Pilipinas at mga di-katutubong wika at sa ebolusyon ng iba't ibang varayti ng wika para sa iba't ibang saligang sosyal at para sa mga paksa ng talakayan at iskolarling pagpapahayag."

Bilang koda ng komunikasyon, may estruktura ang Filipino na patuloy na nalilining sa iba't ibang proseso. Pwedeng mapalawak ang bokabularyo nito sa panghihiram sa mga wikang katutubo natin at gayundin sa mga wikang dayuhan tulad ng Ingles. Sa edukasyon na isang dinamikong larangan, may mga tiyak na wikang ginagamit sa pagtatamo ng mga karunungan.

Ito ang Filipinong inilalarawan ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) ayon sa Resolusyon Blg. 96-1 na kailangang maintelektwalisa.

Ang wikang Filipino ay wikang nasa proseso ng pagpapaunlad at pagpapalawak ng gamit nito sa iba't ibang larangan tulad ng sa pamahalaan, kalakalan, edukasyon, agham at teknolohiya. Ito ay nasa yugto pa lamang ng intelektwalisasyon. Ito ay nagsilbing hamon sa maraming intelektwal na Pilipinong nagsasagawa ng hakbang para patunayang hindi imposibleng mapasok ng wikang Filipino ang mga akademikong larangan. May nauna ng mga intelektwal na tumuklas sa yaman ng kaalamang nakapaloob sa wikang pambansa at nagamit ito bilang wikang panturo sa iba't ibang disiplina.

Maraming pagkilos na ang isinasagawa sa pagtalakay ng paksang teknikal sa pamamagitan ng wikang Filipino. Importante ito bilang tugon sa intelektwalisasyon ng ating pambansang *lingua franca*, kasabay ng pagsulat ng maraming babasahin sa iba't ibang karunungan, gayundin ang pagpapayaman ng bokabularyo sa lahat ng sangay ng kaalamang akademiko. Itinuro ni Fr.

Ferriols sa Ateneo ang Pilosopiya sa Filipino samantala sa DLSU pinangunahan ng Departamento ng Pilosopiya ang paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa ilan at piling kurso ng Pilosopiya simula pa noong 1972. Sinubukan din ni Dr. Tereso Tullao na gamitin ang Filipino sa kanyang mga klase sa Ekonomiks. Sa UP kung saan ang pag-aaral sa wikang Filipino ay higit na isinusulong, ang Filipino ay ginamit sa pagtuturo sa ilang sangay ng sining. Si Dr. Zeus Salazar, kasaysayan ang disiplinang naging susi sa pagteteorya at lipunang Filipino. Ang Sikolohiyang Filipino ni Dr. Virgilio Enriquez ay bunga ng kanyang paggamit ng Filipino sa disiplina ng Sikolohiya upang arukin ang nilalaman ng mga salita ng wikang pambansa at makabuo ng teorya kung paano paano mag-isip at magpahalaga ang mga Pilipino. Isinalin ni Hukom Cezar Peralejo (1993) ang Kodigo Sibil at Kodigo Penal ng Pilipinas at napatunayan niyang higit na napapabilis ang paglutas ng mga kaso sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino sa korte. Lumikha naman ng diksyonaryo sa Agham si Dr. Jose R. Sytangco na inilathala sa wikang Filipino.

Ang maluwag na pagtanggap natin sa mga salitang hiram at ang mga salin nito sa Filipino sa pagtalakay sa iba't ibang larangang pang-akademiko ay maliwanag na palatandaan na unti-unting nakakamit ang hinahangad na intelektwalisasyon ng wikang Filipino . Mahalaga rin ang Ingles sa unibersidad at karamihan sa mga babasahin sa paaralan ay nasa Ingles dahil matatagalan pa bago maisalin sa Filipino ang mga ito ngunit ang midyum ng talakayan ay maaaring gawin sa wikang Filipino.

Winika ni Almario (1986),”na hindi problema ang wikang Filipino para magamit sa anumang larangan; ang problema ay nasa utak ng mga edukador, guro, iskolar, at lider ng bayan na mas bihasa sa Ingles at ayaw o tinatamad lumahok sa kilusan tungo sa malawakang modernisasyon ng ating wika. Idinagdag din niya na may isang eksperto ang nagsabi na kailangan ang malaking pondo at matinding pangangailanagn para mapabilis ang modernisasyon at pagpapalaganap ng Filipino. Samakatuwid, wala pang nararamdamang matinding pangangailangan at magandang insentibo kaya hindi dinidibdib ng mga taga-akademya ang pagsulat o pagsasalin ng mga teksbuk at iba pang gamit sa pagtuturo.”

May mga nagsagawa na rin ng mga pagsasalin sa iba’t ibang larangan sa Unibersidad ng Santo Tomas tulad sa larangan ng Agham Panlipunan, Nutrisyon, Entreprenyursyip at Agham. Si Dr. Jose Reyes Sytangco ay gumawa ng pagsasalin sa mga terminolohiyang pang-agham tulad ng Chemistry, Biolohiya at mga terminolohiya sa Medisina noong taong 1977 at ito ay naging isang diksyonaryong Filipino sa larangan lamang ng Agham at Medisina. Ang ginawa niyang ito ay isang malaking ambag sa pagpapayaman ng leksikograpiyang Filipino sa larangan ng Agham. Mapapansing wala pang nagsagawa ng pagsasalin sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon kaya napagpasyahan ng mananaliksik na ito na gumawa ng pagsasalin ng mga terminolohiya at depinisyon sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon upang matugunan ang komunikatibong pangangailangan ng mga propesor sa kanilang pagtuturo, pananaliksik at paggawa ng mga kagamitan sa pagtuturo at sa mga

mag-aaral sa larangang ito na magamit ang wikang Filipino sa kanilang komunidad. Ito ay magsisilbing tugon sa hamon ni Almario na ang mga nasa akademya ay kailangang magsulat at magsalin ng mga kagamitang panturo para tuluyang maintelektwalisa ang wikang Filipino sa iba't ibang larangan.

Mahalagang hakbang sa pag-iintektwalisa ng wikang Filipino na magamit ito sa komunikasyon sa iba't ibang disiplina, may angkop na pananalita at espesyalisadong terminong dapat gamitin, mga salitang partikular sa larangan, tinatawag itong register.

Parametro ng pagiging maunlad ng wika ang katangiang estruktural nito. Kabilang dito ang isang nadebelop ng gramatika, gayundin ang sistema sa pagbubuo ng mga leksikon, pasalita o pasulat man. Sa simpleng pananalita, may mayamang register ng wika sa iba't ibang larangan at disiplinang akademiko. Ang kasalukuyang pananaliksik ay kaugnay ng paghahanda ng mga *wordlist* at glosaryo sa mga Agham Panrehabilitasyon. Ito ay mahalagang hakbang sa pagpapayaman ng register ng ating wika. Sa larangang ito, kailangan ang elaborasyon ng wika para magamit sa komunikasyon sa iba't ibang kurso sa loob at labas ng unibersidad lalo na sa mga kurso at propesyong may direktang pakikipag-ugnayan sa kapwa tulad ng mga kurso sa mga Agham Panrehabilitasyon. Ang Unibersidad ng Santo Tomas ay kilala sa pagkakaloob ng mataas na kalidad ng edukasyon sa mga nagtatapos dito. Ang Kolehiyo ng mga Agham Panrehabilitasyon bilang isa sa mga kolehiyo ng Unibersidad ng Santo Tomas ay sinisikap na makaagapay sa pagpapaunlad ng wikang Filipino

at makapag-ambag sa patuloy na intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pag-aaral na ito.

Sa kabila na ang kolehiyong ito ay isa sa pinakabatang kolehiyo sa Unibersidad ng Santo Tomas. Ang lahat ng asignatura sa kursong Physical Therapy, Occupational Therapy at Speech-Language Pathology ay itinaturo sa wikang Ingles at ang lahat ng mga aklat na ginagamit ay nasusulat din sa wikang Ingles. Kumukuha rin ng labindalawang (12) yunit sa Ingles at anim (6) na yunit lamang ng Filipino ang lahat ng mga mag-aaral sa kolehiyong ito. (Makikita sa Apendiks A ang kurikulum ng tatlong kurso)

Dahil sa madalang na paggamit ng wikang Filipino sa College of Rehabilitation Sciences (CRS), nasanay ang mga guro at mag-aaral sa paggamit ng wikang Ingles sa mga talakayan sa loob ng silid-aralan kaya nahuhuli sa pagpapatupad at pagpapayaman ng kaisipang Pilipino. Nawala sa sirkulasyon ang Filipino kaya halos walang pananaliksik, naging limitado ang mga aklat na naisusulat sa wikang Filipino at hindi ito halos nagagamit sa akademikong talakayan lalo na sa pakikipagkomunikasyon ng mga estudyante sa mga pasyente sa komunidad.

Bagaman at hindi ginagamit ang wikang Filipino sa silid-aralan bilang wikang panturo at wika sa pagtatalakayan sa mga aralin sa mga kurso sa mga Agham Panrehabilitasyon ay napakahalagang malinang sa bawat mag-aaral ng College of Rehabilitation Sciences (CRS) ang kahusayan sa paggamit ng wikang Filipino dahil ang *internship program* ng kolehiyo ay nakatuon sa *Community-Based Rehabilitation (CBR)*. Ang mga mag-aaral ay kinakailangang magbigay ng

serbisyong panrehabilitasyon sa mga mahihirap na katuwang na komunidad ng kolehiyo. Magiging madali para sa mga mag-aaral na ipaliwanag sa mga pasyente sa komunidad ang karamdaman at paglulunas na gagawin kung ipaliliwanag ito sa wikang Filipino.

Dahil sa mga nabanggit na suliranin sa paggamit ng wikang Filipino at kakapusan ng mga kagamitang pampagtuturo na bagay na mahalaga sa pag-iintelektwalisa ng wikang pambansa ay napagpasyahan na isagawa ang pag-aaral na ito.

1.2 Balangkas Konseptwal ng Pag-aaral

Isasaalang-alang sa pag-aaral na ito ang iba't ibang konsepto na nauugnay sa pagpaplano ng wika (Language Planning), pagsasalin (Translation), at pagbuo ng diksyonaryo (Lexicography). Ang mga konseptong ito ang magsisilbing batayan ng pag-aaral na ito upang makabuo ng isang glosaryong Filipino sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon. Ang pagbuo ng glosaryong ito ay makapag-aambag sa intelektwalisasyon ng Filipino.

A.Pagpaplano ng Wika (Haugen, 1966)

Apat na proseso ang pagpaplanong pinagdadaanan ng wika upang maging sapat ang gamit ng wika sa modernong pamumuhay (Haugen nasa Pride at Holmes, 1972). Makikita sa talahanayan ang prosesong pinagdadaanan sa pagpaplano ng wika ayon kay Haugen.

	ANYO (FORM)	GAMIT (FUNCTION)
LIPUNAN (Society)	1 PAGPILI (Selection)	2 PAGTANGGAP (Acceptance)
WIKA (Language)	3 KODIPIKASYON (Codification)	4 ELABORASYON/ INTELEKTUWALISASYON (Elaboration/ Intellectualization)

Matrix ng Pagpapalano ng Wika ni Haugen (1972)

Ang apat na prosesong ito ay ang sumusunod: 1). Pagpili (Selection of form) - pumipili ang pamayanan ng isang wika sa isa sa mga ginagamit ng nagsasalita ayon sa dalawang batayan: (a) prestihiyo o kabantugan dahil nagamit na itong wika sa pagtuturo o wika ng pakikipagkomunikasyon ng pamahalaan at (b) may kasaysayan na ito na ginamit sa panitikan at may balarilang nakasulat. 2). Kodipikasyon (Codification) - tumutukoy ito sa prosesong pagpapalit at pagkakaiba-iba o pagbabagu-bagong anyo ng elemento ng wika. Ito'y hakbang patungo na sa estandardisasyon ng wika kung saan ang pagbabago ay bumabagal o tuluyang hihinto. Ang estandardisadong anyo ng wika ay magagamit sa akademikong diskurso. Magagawa ito ng isang deskriptibong gramatika na mas ideyal ang reperensyang gramatika na tutungo sa pagbuo ng pedagogikal na gramatika na magagamit ng mga guro sa pagtuturo, pagtalakay sa klase, at sa aktwal na pagbuo ng mga materyal na panturo. Ang mga gawaing kaakibat ng kodipikasyon ay ang paggawa ng diksyonaryo, glosaryo o kaya'y batayang aklat ng balarila. 3). Elaborasyon (Elaboration) o Intelektwalisasyon – kung ang kodipikasyon naman ay

nangangailangan ng pinakakaunting pag-iiba-iba o baryasyon ng mga elementong gramatikal, ang elaborasyon naman ay nangangailangan ng mas maraming baryasyong gamit ng wika. Dito nagtatagpo ang pormang estruktural ng wika at pansyonal na gamit na nagbubunga ng katangiang estilo ng pagsulat o *style*. Dahil ang wika ay gamit sa isang grupong sosyal, nangangailangan ito ng mas mataas na uri ng gamit. Dapat nitong matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng pamayanan, uri ng pamumuhay, hilig o interes ng gumagamit ng wika o uri o klase ng gumagamit, hindi lamang ng maliit na pamayanan kundi ng higit na mas malawak na sakop ng lipunan. 4). Pagtanggap (Acceptance) - ang pagtanggap ng wika katulad ng pagpili nito ay nangangailangan ng partisipasyon ng lipunan. Kailangang makatulong ang wika sa lipunang gumagamit upang lubusan ang pagtanggap dito. Sa pagtaya sa kabuluhan ng wika ang batayan ay walang katapusang gamit ayon sa pangangailangan ng gumagamit sa pakikipagkomunikasyon (Haugen kina Pride at Holmes, 1978).

Sa pananaw ni Fishman (1971), ang pagpaplanong pangwika ay isang organisadong paghahanap ng solusyon, nagkakaroon ng pagkakaisa sa halip na pagkawatak-watak; pagkakasundo sa halip na pagtutunggali sa loob ng sistemang pambansa. Ang pagkakaroon ng kamalayan sa pagpaplanong pangwika ay nakasalalay sa elaborasyon ng mga leksikon. Itinuturing na mahalagang hakbang tungo sa pagdeblop ng wika na ang layunin ay mapalaganap at magamit sa mga iskolarli at intelektwal na diskurso.

Kapwa nagkakaisa ang dalawang dalubhasa sa wika na sa pagpaplanong pangwika ay mahalaga ang elaborasyon ng mga leksikon at matanggap at magamit ito ayon sa pangangailangan ng lipunang gagamit ng wika.

Sa pagpaplanong pangwika, nabanggit ni Gonzales (2001) na kailangan ng kultibasyon, higit sa lahat, ang pagpapayaman ng mga teksto sa wika – tinatawag ito ng mga sosyolinggwista na pagpaplano ng korpus (corpus planning). Nasusulat nang malawakan ang mga teksto; kaya, kahit na sa mga wika na may mayamang tradisyong pasalita at may literaturang malikhain at imahinatibo, nangangailangan din na mairekord at maisulat ang tradisyong ito. Ang proseso mismo na nagaganap kapag ang mga produkto ng wika ay nailipat mula sa pasalita tungo sa pasulat na literatura ay isang nakawiwiling penomenon na nangangailangan ng dokumentasyon at analisis. Ganoon din ang pagkakaiba-iba sa maraming anyo ng pasalitang wika, gaya halimbawa ng ipinakikita ng mga barayti ng wikang ginagamit sa bawat yugto (pasalita at pasulat).

Ang pinararaming tekstong ito ay dapat simulang idagdag sa iba't ibang larangan ng espesyalisasyon base sa tinatanggap na paksa at ispesipikong disiplina ng kurikulum ng bansa para sa mga paaralan sa iba't ibang antas. Ito ang tiyak na pagpapayaman ng mga teksto para sa mga paksa, at nangyayari dahil sa pambansang desisyon na gamitin ang wikang pambansa bilang midyum ng pagtuturo (sa iskimang monolinggwal o bilinggwal) sa iba't ibang antas ng sistema.

Lubhang malaki ang suliranin sa larangan ng agham ukol sa paggamit ng wika. Karaniwan ay dumudulog ang mga praktisyoner gaya ng mga *physical therapist* sa mga eksperto sa pagsasalin upang maisalin lamang ang kanilang mga talatanungan kaugnay sa kanilang mga pasyente. Ang pagtukoy sa mga suliraning pangwikang ito ay mababatid sa teorya ni Haugen (1966) kaugnay sa Pagpaplanong Pangwika. Ang pormulasyon ay pangangailangan sa pagtukoy ng isang suliraning pangwika na ginagamit ng isang pangkat-wika o *speech community*. Upang mas pagyamanin naman ito, mahalaga ang papel ng kodipikasyon, ito ay sa pamamagitan ng paglikha ng mga diksyonaryo o babasahin na tutugon sa mga suliraninsg pangwika. Ikatlo, ang elaborasyon ay nagbibigay pahintulot sa materyal na mapalawig ito. Sa huli, ang implementasyon ay mahalaga tungo naman sa mas masaklaw na pagpapagamit ng materyal. Sa paglalahat, tinutungo nito na maintelektwalisa at maistandardisa ang isang wika mula sa suliraning nararanasan nito.

Hinggil sa pagpapaunlad ng wika, naniniwala si Gonzales na sa pagpaplano at paglinang ng wika, kailangang hamunin ng mga dalubhasa sa wika ang mga manunulat upang makabuo ng mahalagang korpous o *body of written literature*. Idinagdag pa ni Gonzalez (2001) na bagama't Filipino ang wikang pambansa ng Pilipinas, ito ay hindi pa gaanong nalilinang maliban sa larangan ng panitikan. Kaya sa pagpapayabong ng Filipino bilang wikang pangkarunungan sa pagpapahayag sa ibang larangan ng kaalaman ay kinakailangan ng patuloy na intelektwalisasyon.

Iminungkahi ni Dr. Bonifacio Sibayan (1991) kung paano maisasagawa ang pagsasaintelektwalisasyon ng Filipino sa makatuwiran at mabilis na paraan.

Ayon sa kanya:

Ang intelektwalisasyon ng Filipino ay dapat magsimula sa itaas sa halip na sa ibaba sa lahat ng lawak ng karunungan. May maling paniniwala ...na ang pagtuturo ng Filipino ay dapat ituro sa mga paaralan sa graduwal o bai-baitang na paraan, una sa unang baitang...Mabuti na lamang at ito ay hindi ipinagpatuloy. Ang pinakamadaling unawain halimbawa kung bakit sa itaas dapat simulan ang intelektwalisasyon ng Filipino ay sa malikhaing panitikan. Una, dapat magkaroon ng panitikan...Kapag marami na ang nasusulat na mga akda sa lahat ng mga genre o uri ng panitikan, maaaring piliin ang mga pinakamahusay sa bawat uri. Ang mga ito'y maaaring ibaba at gawing simple para magamit sa mga paaralang sekundarya at elementarya. Totoo ito sa lahat ng asignatura... kung mayroon ng mga materyales na nabanggit sa itaas ng antas, kailangang sabayan ng mula sa itaas-pababang programa ng mula sa ibaba-pataas na pagdulog. Ito'y nauukol sa paghahanda ng mga materyales na inaantas-antas nang pataas, kaugnay ng isinasagawang programa sa intelektwalisasyon...."

Isang katotohanan ang binaggit na ito ni Sibayan na ang mga nakauunawa at dapat makaunawa sa mga pangangailangan ng nasa mababang antas ng paaralan ay matatagpuan sa mataas na antas ng edukasyon (*higher education*) sapagkat dito matatagpuan ang mga dalubguro na nagpapakadalubhasa sa kani-kaniyang larangan ng karunungan sa edukasyon. Sa antas na ito nakasalalay ang sagot sa kakaibang pag-inog ng kalakaran ng edukasyon sa bansa.

B. Mga Teorya at Simulain sa Leksikograpiya

May ilang teorya na nabuo sa larangan ng leksikograpiya. Kaugnay nito inilalarawan ng lingguwistika ang isang leksikon bilang imbentaryo ng mga pares

na elemento at ang bawat pares ay tinaguriang leksikal entri. Ang unang elemento ay representasyon ng tunog o ng salita o ispelang ng salita. Ang ikalawang elemento ay representasyon ng kahulugan ng salita o panlapi. Ang ganitong paglalarawan ng leksikon ay bahagi ng *Syntactic Component* ng *Transformational Generative Grammar* (TGG, 1965) ni Noam Chomsky na nakaimpluwensya sa mga teoryang *valences*, *subcategorization*, at prototipo.

Teoryang Valences

Isa sa naging kapaki-pakinabang na resulta ng pag-unlad ng lingguwistika ay ang pagbibigay ng atensyon sa pag-aaral ng leksikon. Ang historikal na lingguwistik ay nagbibigay ng interes sa etimolohiyang historikal. Gayundin, ang estrukturalismo sa Europa tulad ng mga pag-aaral ni Lucien Teoriee ay nagbibigay daan sa paggamit ng teoryang Valences na nagging bukal ng mga kaalaman sa leksikograpiya. Isang patunay rito ay ang diksyonaryong Pranses at Aleman na gumamit, lantaran man o di lantaran ng teoryang Valences. Halimbawa nito ay ang detalyadong leksikograpikong pagsusuri sa valences na matatagpuan sa pamamaraan ni Igor Mel'chuk (1981, 1984, 1988).

Kaugnay nito, ang mga Olandes na bilinggwal na *Pal Dictionary* ay may sariling notasyong sintaktik na maituturing na kauri ng teoryang Valences. Namayani sa Europa ang paggamit ng teoryang Valences sa loob ng dalawampu hanggang tatlung taon.

Teoryang Subcategorization

Lalong nag-ibayo ang pag-unlad ng leksikograpiya pagkaraan ng *Aspects* (1965) ni Chomsky. Dito lumaganap ang teoryang subcategorization. Ayon kay

Grimshaw (1992), ang teoryang Subcategorization at teoryang Valences ay may malaking kaugnayan sapagkat ipinagsanib ng mga teoryang ito ang mga impormasyon sa mga posibilidad na kolokasyon ng isang salita kasama ng hulwarang sintaktik at ang bawat diwa ng salita sa kaso ng maramihang kahulugan. Bunga ng pinagsanib na pwersa ng mga lingguwistang Amerikano, higit na naging popular ang teoryang Subcategorization. Patunay nito ay ang pagtanyag at paglaganap ng mga hulwarang sintaktik ni Hornby (*Advance Learning, 1948*) at ng binago at pinalawak na saklaw ng hulwarang sintaktik ni Prescter.

Teoryang Prototipo

Ang teoryang Prototipo ay pinakilala sa sikolingguwistika at kognitobong agham ni Rosch (1977, 1983). Ang konsepto ng Prototipo ay itinuturing na hindi na bago sa larangan ng leksikograpiya. Tulad ng nabanggit na, ginagamit din ito ng pamaraang COBIULD. Gayunman, ang masinsinang pag-aaral ng teoryang Prototipoang nagiging kapaki-pakinabang sa mga leksikograpiya. Ang paggamit ng teoryang Prototipo ay lalong pinatanyag ng McKeown (1991).

May nakitang kahinaan si Zgusta (na kay Casanova, 1998) sa paggamit ng teoryang Prototipo sa mga salita tulad ng *a hand wound* at ang *a gun wound*. Sapagkat hindi raw nasasapol ng anumang kahulugan ekstensyunal o intensyunal ang pagkakaiba ng dalawang salita: *a hand wound* na nangangahulugang *a wound in the hand* samantalang *a gun wound* ay nangangahulugan naming *a wound cause by a gun*. Isa pang kahinaan ayon din kay Zgusta ay sa pagbibigay ng kahulugan sa mga pariralang nominal tulad ng

criminal act na may denotasyong *an act that is criminal* samantalang ang *criminal lawyer* ay may denotasyong *a person who is not necessarily a criminal*. Dahil sa mga halimbawang pariralang nominal na ito pinatutunayan lamang na ang isang wika ay may mekanismong tinatawag na leksikalisasyon na nagbibigay-daan sa pagiging istabilisado ng isang leksikal na yunit at nagsasantabi ng ilang posibleng kahulugan. Halimbawa, ang isang *criminal lawyer* ay *can specialize in criminal processes and be a criminal at the same time*.

Ang mga nabanggit na teorya sa pagbuo ng diksyonaryo ay gagamiting gabay ng kasalukuyang mananaliksik sa pagbuo ng glosaryo sa mga Agham Panrehabilitasyon.

C. Leksikograpiya at Leksikograpier

1. Simulain ni Hartmann (2002) at Jackson (2002)

Ang kasalukuyang pag-aaral ay ginagabayan ng mga konsepto sa leksikograpiya nina Hartmann (2001) at Jackson (2002). Inilarawan nila ang mga hakbang-hakbang na proseso ng pagbuo sa mga kompilasyong leksikograpikal gaya ng diksyonaryo at glosaryo. Ang kasalukuyang mananaliksik ay tinatangkang makabuo ng isang glosaryo sa mga Agham Panrehabilitasyon. Kapwa naniniwala sina Hartmann at Jackson na masalimuot ang paglikha ng anumang kompilasyong leksikograpikal. Mula sa pangangalap ng mga salitang lahok hanggang sa pagrerebisa at kritisismo ng awtput ay malinaw na ipinaliwanag nina Hartmann at Jackson ang mga kaisipan sa daigdig ng leksikograpiya – ang aplikasyon ng teoretikal ng larangan na tinatawag na leksikolohiya.

Ayon kay Hartmann may apat na bahagi ng prosesong leksikograpikal (paglikha ng mga diksyonaryo at iba pang sangguniang leksikograpikal); *fieldwork*, deskripsyon, presentasyon at rebisyon. Tumutukoy sa pangangalap at pagtatala ng mga salitang lahok sa tulong ng mga umiiral na *corpus*, *database* at mga impormante/ *consultant* ang *fieldwork*, samantalang ang deskripsyon naman ang pagkakategorya sa mga salita at pag-eedit sa teksto. Panimulang paglilimbag at pagwawasto (*proofreading*) naman ang tinutukoy ng terminong presentasyon, samantalang ang rebisyon naman ang pagsasagawa ng mga pinal na pagbabago kasama na ang *abridgement* o pagpapasimple ng teksto upang higit na maunawaan ng gagamit nito.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay ginagabayan din ng binanggit ni Hartmann na apat na pangunahing gampanin ng isang leksikograper (na kay Zgusta, 1971): ang pangangalap ng mga salita (*material*), pamimili ng mga salitang lahok (*entries*), pagbuo ng depinisyong o deskripsiyon ng mga salitang lahok at pagsasaayos ng mga ito.

Sinabi ni Hartmann na may apat na protagonista sa paglikha ng isang sangguniang leksikograpikal gaya ng diksyonaryo; ang mananaliksik, ang tagalikha ng sanggunian (*compiler*), ang guro at ang mag-aaral o ang gagamit (*user*). Karaniwang isang pangkat o kaya'y nagtutulungang magkahiwalay ang mga mananaliksik at ang mga tagalikha ng sanggunian. Sila ang nangangalap ng mga salitang lahok para sa mga sangguniang leksikograpikal batay sa pangangailangan ng mga gagamit nito. Inaasahan namang ang mga guro ang magtuturo sa mga mag-aaral kung paano gamitin nang wasto ang mga

sangguniang leksikograpikal. Gagamitin ng mga mag-aaral ang sangguniang leksikograpikal bilang pantulong sa pag-unawa nila sa iba pang mga sanggunian at mga kagamitang panturo.

Ang teorya ni Hartmann na “mega-“, “macro-“ at “micro-estruktura” ay mga pananaw ukol sa estruktura/kayarian ng mga sangguniang leksikograpikal lalo na ng mga diksyonaryo. Inilalarawan ng teoryang ito ang iba’t ibang bahagi ng isang sanggunian leksikograpikal; ang macro-estruktura naman ay walang iba kundi ang panimula at iba pang nasa bahaging harap ng diksyonaryo (*front matter*), mga salitang lahok (*middle matter*); at mga apendiks at iba pang bahagi pagkatapos ng mga salitang lahok (*back matter*); ang micro-estruktura naman ang mga deskripsyon/depinisyon ng mga salitang lahok. Ganito rin ang pananaw ni Jackson bagama’t dalawa lamang sa halip na tatlong bahagi ng kabuuang estruktura ng mga sangguniang leksikograpikal ang tinukoy niya.

Naniniwala si Hartmann na ang leksikograpiya ay isang gawaing pedagogikal o may kaugnayan sa pagtuturo o edukasyon. Tinatanaw niya ang leksikograpiya at ang sangguniang leksikograpikal bilang mga mahahalagang kagamitan sa pagtuturo. Marapat lamang na ang mga diksyonaryo, glosaryo at iba pang sangguniang leksikograpiko ay dapat na bigyang pansin para sa interes at pangangailangan ng mga gagamit nito. Sa madaling sabi, ang pananaw na ito’y tumutukoy sa pagiging *user-oriented* (nagsasaalang-alang sa pangangailangan ng gagamit ng produkto) ng leksikograpiya at anumang gawaing leksikograpikal. Ito ay nagpapatunay lamang na anumang makabuluhan at magagamit ang siyang dapat pagtuunan ng pansin ng anumang gawaing

pedagohikal. Sa pamamagitan ng pedagohikal na pagtanaw sa leksikograpiya, nagbibigay-diin ang ambag, ang konkretong silbi, ang mapanghahawakang kontribusyon ng binubuong glosaryo sa mga Agham Panrehabilitasyon sa pagtuturo ng mga guro ng kursong ito at pagkatuto ng mga mag-aaral sa Kolehiyo ng mga Agham Panrehabilitasyon.

Hinalaw ng mananaliksik ang teorya ni Jackson na *decoding* at *encoding*. Sa pananaw na ito ni Jackson ang pedagohikal na gamit ng mga sangguniang leksikograpiko sa pamamagitan ng bigkas nito sa pagtulong sa mga mag-aaral sa proseso ng *decoding* (pag-unawa sa binasang sanggunian gaya ng teksbuk o pakuha ng kaalaman mula rito) at ang *encoding* (paggamit ng natutuhan sa sanggunian, halimbawa'y sa paglikha ng sanaysay at iba pa).

Ang teoryang kolektibismo ni Jackson sa pagbuo ng anumang sangguniang leksikograpikal ay ginamit ding batayan ng kasalukuyang pananaliksik. Ayon sa pananaw na ito, ang pagbuo ng mga diksyonaryo at iba pang sangguniang leksikograpikal ay isang kolektibong proseso na hindi maaaring madaliin at mabisang maisagawa ng iisang tao lamang. Kaugnay ito ng tinutukoy ni Hartmann na apat na protagonista sa leksikograpiya. Hinango rin kay Jackson ang pagsasagawa ng balidasyon sa binuong glosaryo. Ginamit niya ang terminong “meta-leksikograpiya” para tukuyin ang isang sangay ng leksikograpiya na nakatuon sa prosesong tinatawag na “kritisismo ng diksyonaryo” (*dictionary criticism*). Saklaw ng meta-leksikograpiya ang mahalagang proseso ng rebisyon at balidasyon ng anumang sangguniang leksikograpiko, ang pagpuna sa mga kahinaan at kalakasan ng produkto tungo

sa lalong ikabubuti at ikagaganda nito. Sa mga nagdaang panahon, unti-unting sumusulong ang meta-leksikograpiya dahil sa paghahangad ng mga leksikograper at mga gumagamit ng kanilang produkto na magkaroon ng mas de-kalidad na mga sangguniang leksikograpikal. Samakatuwid, ang balidasyon ng binubuong glosaryo ay isang napakahalagang proseso. Batay sa teoryang kooperatibismo at kaisipan ukol sa meta-leksikograpiya, ang kasalukuyang pag-aaral na bubuo ng glosaryo ay bubuin sa tulong ng mga propesor sa mga Agham Panrehabilitasyon at mga eksperto sa wikang Filipino.

Inuri naman ng “Bamboo Web Online Encyclopedia” (2009) sa dalawa ang leksikograpiya: una’y ang *general lexicogeneracography* na nakatuon sa pagbabalangkas, pagbubuo, paggamit at pagsusuri sa mga diksyonaryong panlahat na nagtataglay ng impormasyon at salitang lahok mula sa iba’t ibang larangan at naglalarawan sa kung paano ginagamit ang mga salita sa isang partikular na wika sa iba’t ibang konteksto: at ang ikalawa’y ang *specialized lexicography* na nakatuon naman sa pagbabalangkas, pagbubuo, paggamit at pagsusuri sa mga diksyunaryong espesyalisado o sa tiyak na disiplina.

Ang pagbuo ng mga glosaryong Filipino sa iba’t ibang disiplina napakahalaga sa patuloy na pag-iintelektwalisa ng ating wika. Isang indikasyon ito na naaabot na ng Filipino ang mga larangan ng Siyensya at Teknolohiya.

Mula sa mga konseptong nailahad at pinag-ugnay-ugnay ng mananaliksik kaugnay ng pagbuo ng glosaryo sa mga Agham Panrehabilitasyon ay isang panimulang hakbang sa pag-iintelektwalisa ng wikang Filipino.

Para naman kay Gonzales (2001), higit pa kaysa bokabularyo ay ang estrukturang sintaktikal ng pambansang wika sa proseso ng intelektwalisasyon. Hindi maaaring sumulpot ang pagpapayaman ng register o sintaktika mula sa kawalan; ang hanguang wikang ginagamit ng katutubong intelektwalisasyon ay nakakaapekto hindi lamang sa pagpili ng termino kundi sa istilong prosang syentipiko ng mga tagasalin at taga-paraphrase. Ang proseso ng rekonseptwalisasyon ay nagaganap sa pagsasalin o kaya'y sa orihinal na komposisyon sa isang bagong register (Gonzalez, 2001) at nakakaapekto sa mga estruktura ng pagpipiliang sintaktika kabilang ang transpormasyon ng mga estruktura. Ang mga teknik na ginagamit sa hanguang wika ay maaaring mabago sa pamamagitan ng paralel o *adaptive* na estruktura at mailipat sa bagong wika hanggang sa lumitaw at magkaroon ng sariling puwang sa mga nagsasagawa at manunulat na intelektwal ng bansa ang isang istilong prosang siyentipiko. Ang mungkahing metodo ni Newmark (1988) sa pagsasalin ay isang epektibong pamamaraang nakita ng mananaliksik upang maisalin ang depinisyon ng mga teknikal na salita sa mga Agham Panrehabilitasyon mula Ingles na simulaang lengguwahe (SL) patungo sa Filipino na tunguhang lengguwahe (TL).

Sa kalaunan, isang glosaryo ng mga teknikal na salita sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon ang inaasahang malilinang matapos ang pag-aaral na ito.

D. Pagsasaling wika

Ang pagsasaling-wika ay isang mahalagang hakbang sa pagpapaunlad ng wika na isang komponent ng pagpaplanong pangwika. Ito ang tinatawag ni

Haugen na elaborasyon o intelektwalisasyon. Ang pagsasalin ng mga kagamitang panturo mula sa wikang Ingles tungo sa wikang Filipino ay mahalagang hakbang para tuluyang maabot ang intelektwalisasyon ng Filipino.

Mahigpit ang ugnayan ng teorya at praktika ng pagsasalin. Ang praktika ay ang aktuwal na pagsasagawa ng pagsasalin, ngunit bago ang praktika ay pagbuo muna ng teorya ang mahalaga. Ang teorya ang gabay ng tagasalin at magiging batayan sa mga pagpapasyang paiiralin sa proseso ng pagsasalin sa isang partikular na teksto.

Sa pag-aaral na ito ay gagamitin ang mga simulain ni Newmark sa pagsasalin at pagkikritiko ng isang salin sapagkat naniniwala ang mananaliksik na matutugunan ng simulain at mga teknik na ito ang pangangailangan upang makabuo ng isang glosaryo sa mga Agham Panrehabilitasyon.

1. Komunikatibong Salin ni Newmark (1988)

Isang pagsasaling nagtatangkang makabuo sa kanyang mambabasa ng epektong kasing lapit hangga't maaari na tulad ng orihinal. Ito ay nakatuon sa ikalawang mambabasa. Ang saling ito ay nagbibigay diin sa “pwersang dulot” o epekto sa mambabasa kaysa sa nilalaman ng mensahe. Tulad din ng semantikong pagsasalin ito ay nagbibigay ng kapantay na epekto sa mambabasa. Sinasabing ito ay mas makinis, mas payak, mas malinaw, higit na direkta, mas konbersasyunal at umaayon sa isang partikular na register ng wika. Bilang teoryang pagsasalin ito ay may primaryang intensyon na magkaroon ng epekto sa isip ng mambabasa at matataya lamang ito ng isang sarbey sa kanilang mental at pisikal na reaksiyon.

Ang komunikatibong salin ay may pag-aangkop upang madaling maunawaan ng mambabasa ang kaisipan at pangkulturang nilalaman ng orihinal. Ang tuon nito ay sa bisa sa mambabasa. Sinasabing ito ay matapat, mas malaya ang pagsasalin, ito ay magaang basahin, mas natural, mas maliwanag, direkta ngunit mas humahaba. Ito ay di gaanong mapuwersa dahil gumagamit ng mga salitang panlahatan. Ito ay sadyang nilikha para sa isang kategorya ng mambabasa; iisang tungkulin ang ginagampanan. Maaaring gumamit ng sinonimo o singkahulugan batay sa kultura at mas madaling maunawaan ng target na mambabasa. Sa kabuuan ang komunikatibong salin ay nakapokus sa mensahe o pagkaunawa sa nilalaman ng teksto.

Gagamiting gabay sa pag-aaral na ito ang mungkahi ni Newmark sa pagsasalang teknikal. Ang mga teknik na ito ay ang sumusunod:

1. **Transference** (Adaptasyon) – ang ibang katumbas nito ay *adaption transcription o loan words* (salitang-hiram) na ang ibig sabihin ay ang paglilipat o panghihiram ng mga natural na salita mula sa SL patungo sa TL nang walang pagbabago sa ispeling. Mahalaga ito lalo na sa mga salitang pekyulyar o tanging kultura lamang ng SL makikita o ginagamit.

Halimbawa: Italian: Pizza Filipino: Pizza Ingles: Cake
Filipino: Cake

2. **One to One Translation** (Sansalita-Salitang Pagsasalin) – literal na salin na may isa-isahang pagtutumbasan ng salita, parirala, sugnay

Halimbawa: The baby cried – umiyak ang sanggol

7. **Modulation** (Modulasyon) – pagsasalin na may pag-iiba ng punto de bista o pananaw sa pagbibigay-kahulugan dahilan sa iba't ibang konteksto.

Halimbawa: reinforcement – karagdagang-lakas (military)

pabuya o reward (edukasyon)

pagpapatupad (batas)

8. **Cultural Equivalent** (Kultural na Katumbas) – ito ang malapit o halos wastong salin (approximate translation), na kung saan ang isang kultural na salita sa SL ay isinasalin sa katimbang ding kultural na salita sa TL.

Halimbawa: American: coffee break Ingles: tea breaks

Filipino: merienda

9. **Functional Equivalent** (Paksyunal na Katumbas) – pagsasalin na ibinibigay ang higit na gamitin at tinanggap na katumbas o kahulugan. Tinatawag din itong pagdede-kulturisa ng wika (deculturalizing the language)

Halimbawa: refreshment – pampalamig o samalamig sa halip na

malamig na maiinom

10. **Descriptive Equivalent** (Amplipikasyon) – Tinatawag din itong *amplification* naglalarawan gaya ng paggamit ng pariralang pangngalan o pang-abay na sugnay.

Halimbawa: shampoo - panlinis ng buhok sunglass - salamin ng mata

11. ***Recognized Translation*** (Kinikilalang-Salin) – pagsasalin sa opisyal at tinatanggap ng marami na salin ng ano mang institusyunal na termino.

Halimbawa: mayor- mayor o meyor (bihira ang punong-bayan o alkalde)

Ang Pagkritika sa Salin ayon sa Modelong Newmark (1988)

Isa sa mga pinakapopular na pagkritika sa salin ang inihain ni Newmark (1988). Partikular na binibigyang pansin sa kanyang panukalang hakbang:

1. Pagsusuri sa orihinal na teksto

Maaaring isaalang-alang ang layunin ng may-akda at ang pananaw nito sa paksang tinatalakay; ang katangian ng inaasahang mambabasa; ang kategorya at anyo ng teksto; at ang kalidad ng wikang ginamit.

2. Interpretasyon ng tagasalin sa layunin ng orihinal na teksto, gagamiting metodo ng pagsalin at inaasahang mambabasa.

3. Paghahambing ng salin sa orihinal

4. Ebalwasyon ng salin batay sa tagasalin at sa kritiko

5. Pagtataya sa magiging lugar ng salin sa kultura ng tunguhang lengguwahe (TL).

Sa pagsasalin ay sadyang mahalaga na magkaroon ng ebalwasyon ng salin. Makatutulong ang mungkahi at reaksiyon ng mga tagasuri upang mas

maging maayos ang salin. Ayon kina Almario et al. (1986), ang gawaing pagsasalin ay kailangang dumaan sa tatlong yugto. Ito ay ang paghahanda, aktuwal na pagsasalin at ebalwasyon ng salin. Bilang pagsubok sa isinagawang salin ay ginamit ng mananaliksik ang pansariling subok kung saan sa umpisa pa lamang ng pagsasalin ay binabalik-balikan na niya nang paulit-ulit ang pinagkunang teksto at ang isinagawang salin upang matiyak ang kawastuhan, kalinawan, at kaangkupan nito.


Ang pagkonsulta sa eksperto ay isa ring kapaki-pakinabang na paraan ng pagsubok sa salin. Ayon kay Almario (1986) ay mainam na sa una pa lamang yugto ay kinokonsulta na ang mga eksperto tungkol sa suliranin na maaaring harapin ng tagasalin. Sinusuri ng eksperto ang salin para matiyak ang tumbasan ng impormasyon at mensahe mula sa orihinal na teksto at sa ginawang salin. Nagbibigay ang mga eksperto ng mga puna sa isinagawang salin. Ang subok pang-unawa ayon sa kanya ay isang mahusay na susi ng pagsubok sa isang salin. Sinusubok nito kung ano ang ipinararating sa mambabasang pinag-uukulan nito. Kinakailangang maibigay muli ng bumabasa ang nilalaman nito at masagot din niya ang mga tanong tungkol dito. Higit itong magiging mabisa kung ang ganitong pagsubok ay isasagawa ng ibang tao maliban sa tagasalin, nang sa gayon ay mapalabas niya ang totoong nilalaman ng salin. Dapat maging matatas sa tunguhang lenggwahe (TL) ang mga taong binibigyan ng ganitong pagsubok.

Sinabi naman ni Larson (1998) na ang isang mahusay na salin ay kailangang maging tiyak ang kahulugan at pagiging natural ng estruktura ng

tunguhang lenggwahe. Dapat ay madali itong mauunawaan ng mga target na mambabasa kahit hindi sila pamilyar sa simulaang teksto. Nasusukat ang tagumpay ng isang salin sa ganitong sitwasyon. Ang mahusay na salin ay kinakailangang 1) *accurate*: pagiging katulad hanggat maaari ng kahulugan ng simulaang teksto; 2) *natural*: paggamit ng natural na estruktura ng tunguhang lenggwahe sa paraang naaangkop sa uri ng tekstong isinasalin; 3) *komunikatibo*: maipahayag ang kahulugan sa paraang madaling nauunawaan ng target na mambabasa.

Ang pagsasalin ay binubuo ng pag-aaral sa leksikon, gramatikal na estruktura, sitwasyon ng komunikasyon at kultural na konteksto ng simulaang lenggwahe, pagsusuri upang matiyak ang kahulugan at muling pagbuo ng katulad na kahulugan sa pamamagitan ng paggamit ng leksikon at gramatikal na estruktura na naaangkop sa tunguhang lenggwahe at ang kultural na konteksto nito (Larson,1998).

Dayagram ukol sa gawaing pagsasalin (Larson, 1998)



Ang konseptong komunikatibong salin ni Newmark (1988), ang mga mungkahing teknik sa pagsasaling teknikal na inilahad niya ang magsisilbing gabay ng mag-aaral na ito. Gagamiting gabay sa ebalwasyon ng salin ang iminungkahi nina Newmark at Almario et al.(1986) sa mga depinisyon ng mga teknikal na termino sa mga Agham Panrehabilitasyon sa pagbuo ng glosaryo.

Makikita sa Fig. 1 sa pahina 25 ang konseptwal na balangkas ng pag-aaral na ito na may pamagat na “Pagbuo ng Glosaryong Filipino sa mga Agham Panrehabilitasyon.” Ang pag-aaral na ito ay ginabayan ng iba’t ibang teorya sa pagpaplanong pangwika, mga teorya sa leksikograpiya at mga teorya sa pagsasaling wika upang makabuo ng glosaryo sa wikang Filipino sa mga Agham Panrehabilitasyon.

Naging pangunahing batayang teorya ng mananaliksik ang pagpaplanong pangwika ni Haugen (1966) na kung saan ay ipinakikita ang apat na proseso na pinagdadaanan ng isang wika upang maging intelektwalisado. Ayon kay Haugen mahalaga na makapili ng wika ang pamayanan na kanilang gagamitin. Sa pag-aaral na ito ay nailahad sa simula na ang wikang napili sa Pilipinas ay Filipino na pinagtibay ng batas. Ang kodipikasyon naman ang susunod matapos ang pagpili sapagkat mahalaga na maging estandardisado ang wikang napili upang magamit sa mga akademikong diskurso. Bahagi nito ang paggawa ng diksyonaryo, glosaryo at mga batayang aklat na pambalarila. Ang pananaliksik na ito ay bahagi ng kodipikasyong tinutukoy ni Haugen sapagkat bubuo ang mananaliksik ng glosaryo sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon. Sa pagbuo ng

glosaryo ay ginamit na batayan ng mananaliksik ang mga teoryang Valences. Teoryang Subcategorization at Teoryang Prototipo. Naging batayan din ng pag-aaral ang simulain nina Hartmann (2002) at Jackson (2002) sa pagbuo ng mga kompilasyong leksikograpikal tulad ng diksyonaryo at glosaryo. Mula sa mga konseptong nasabi ay pinag-ugnay-ugnay ng mananaliksik ang mga ito upang makabuo ng glosaryo sa mga Agham Panrehabilitasyon para sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino. Ang elaborasyon ay nangangailangan ng mas maraming baryasyong gamit ng wika upang matugunan nito ang iba't ibang pangangailangan ng lipunan. Nakasalalay sa elaborasyon ng mga leksikon para madebelop ang isang wika upang mapalaganap at magamit sa mga eskolarli at intelektwal na diskurso. Ang pagsasaling wika ay mahalagang bahagi ng elaborasyon para mapayaman ang mga teksto sa wikang Filipino. Ang pagsasalin ng mga kagamitang panturo mula sa wikang Ingles tungo sa wikang Filipino ay mahalaga sa hinahangad na intelektwalisasyon ng Filipino.

Ang mga simulain ni Newmark (1988) tulad ng kanyang komunikatibong salin ay naging pangunahing batayang teorya ng mananaliksik sa gagawing pagsasalin ng mga termino sa mga Agham Panrehabilitasyon. Ginamit din ng mananaliksik ang kanyang mungkahing teknik sa pagsasalin ng mga teknikal na terminolohiya at ang kanyang pagkritika sa salin. Binigyang-pansin ng mananaliksik ang teorya ni Larson (1998) na ang isang mahusay na salin ay kailangang maging tiyak ang kahulugan at pagiging natural ang estruktura sa tunguhang leggwaha. Kapwa mahalagang salik ng intelektwalisasyon ng wikang

Filipino ang pagpapayaman ng leksikograpiya at pagsasalin ng mga kagamitan sa pagtuturo. Ang mga teorya sa leksikograpiyang Filipino at pagsasaling wika ay naging gabay ng mananaliksik sa pagbuo ng glosaryo sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon sa mga kursong Occupational Therapy, Physical Therapy, at Speech-Language Pathology. Para matiyak ang kaangkupan at kawastuhan ng ginawang pagsasalin ng mananaliksik ay nagsagawa ng pagtataya at balidasyon sa glosaryo ang mga propesor sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon at mga propesor sa wikang Filipino. Ang pagtatayang ito ng mga eksperto sa larangan at mga eksperto sa wika ay nagpapatunay ng kanilang pagtanggap sa ginawang pagsasalin sa mga terminolohiya. Ang pagtanggap ang pinakahuling proseso sa pagpaplanong pangwika ni Haugen na sinasabing kailangang magamit ang wika sa pakikipagkomunikasyon ayon sa pangangailangan ng mga tao sa lipunan at ng mga propesyonal sa kanilang larangan.

Glosaryo sa Larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon




Fig. 1 Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral

1.3. Paglalahad ng Suliranin

Ang pananaliksik na ito ay may pangkalahatang layuning makabuo ng isang glosaryo ng mga piling termino sa Larangan ng Agham Panrehabilitasyon. Ang mga tiyak na layunin ng pag-aaral na ito ang sumusunod:

1. Makakalap at maitala ang mga termino at depinisyon na ginagamit ng mga guro at mga mag-aaral sa larangan ng Agham Panrehabilitasyon
2. Maisalin ang mga termino at depinisyon para makabuo ng glosaryo sa larangan ng Agham Panrehabilitasyon
3. Makagawa ng pagtataya at pagrerebisa sa ginawang pagsasalin
4. Makabuo ng glosaryo sa mga Agham Panrehabilitasyon

1.4. Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang isang wikang pambansa para maituring na intelektwalisado ay kailangang makarating sa mataas na antas ng kaayusan at kodipikasyon. Isang kongkretong patunay kung ang wikang ito ay matatag na ay ang dami ng mga likhang leksikograpiko. Kabilang dito ay ang pagbuo ng mga glosaryo at diskyonaryo sa isang wikang pambansa at ang larangan ng leksikograpiya ay malaking hakbang sa intelektwalisasyon ng wikang pinauunlad gaya ng Filipino.

Ang pagbuo ng isang glosaryong tulad ng **Glosaryo sa Larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon** ay isang malaking hakbang sa **pag-iintelektwalisa ng wikang pambansa**. Magsisilbi itong gabay sa mga akademikong rehistro sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon. Ito ay isang malaking hakbang at kontribusyon sa mga larangang espesyalisado, teknikal, at glosaryo sa kasaysayan ng leksikograpiya at pagsasalin sa Pilipinas

dahil isa ito sa mga isinaling glosaryo sa Filipino sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon.

Isang mahalagang ambag ito sa mga mag-aaral at mga guro dahil maaari itong magamit bilang glosaryo upang lumawak ang kanilang kaalaman at mapabilis ang kanilang pag-unawa sa mga konsepto sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon.

Sa panig ng mga **guro** na nagtuturo ng mg asignatura sa Physical Therapy, Occupational Therapy at Speech-Language Pathology ay mahalaga ang pag-aaral na ito. Ang pananaliksik na ito ay maaaring maging batayan upang makalikha ng mga batayang aklat at modyul na higit na kailangan sa pagpapabuti ng pagtuturo at pag-aaral. Inaasahang higit na magiging masigla ang talakayan sa klase dahil malayang makapagpapahayag ang mga mag-aaral ng kanilang iniisip at nadaramang walang pag-aalinlangan kung wasto o mali ang kanilang wikang ginagamit.

Para sa mga **mag-aaral** ng kursong Physical Therapy, Occupational Therapy, Speech-Language Pathology, ang glosaryong ito ay makatutulong sa pagpapalawak ng talasalitaan na kakailanganin sa pakikipagtalastasan at komunikasyon sa mga pasyente lalo na sa kanilang asignaturang CBR o *Community-Based Rehabilitation* at sa kanilang *Community Development Program* na kung saan ay nagbibigay sila ng libreng serbisyo sa mga may karamdamang nangangailangan ng rehabilitasyon sa mahihirap na komunidad na katuwang ng kolehiyo. Magiging madali sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga aralin sa kanilang mga asignatura sa mga kursong Physical Therapy,

Occupational Therapy at Speech-Language Pathology gamit ang wikang Filipino. Malaking tulong ito sa kanilang pagpapraktis balang araw na maipaliwanag sa wikang Filipino ang karamdaman at paglulunas na gagawin ng therapist sa kanilang pasyente.

Sa mga **administrador**, ang pag-aaral na ito ay umaasang lalong mapasigla ang pagsubaybay at patuloy na pagsuporta sa mga programang naglalayong linangin ang Filipino hindi lamang bilang isang asignatura sa paaralan kung hindi bilang wikang nagagamit sa pagtuturo ng mga asignatura sa iba't ibang larangan tulad ng Medisina, Inhenyeriya, Hotel and Restaurant Management, Agham Panrehabilitasyon at iba pa. Maaaring magsimula ng pagbubuo o pagrerebisa ng mga polisiya, programa o pagpaplanong pangwika sa pagtuturo sa Filipino bilang wika sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa institusyong tulad ng UST.

Sa mga **mananaliksik** na ang paksa ay may kauganayan sa Agham Panrehabilitasyon, makatutulong ang pag-aaral na ito upang mahikayat na magsagawa ng pananaliksik na wikang Filipino ang gagamitin. Magagamit din ang pag-aaral na ito bilang sanggunian ng ibang nagnanais na magsagawa ng katulad na pag-aaral.

Sa mga **komunidad** na katuwang ng kolehiyo ng mga Agham Panrehabilitasyon, ang glosaryong ito ay makakatulong nang malaki upang lalong maging matibay ang ugnayan ng mga mag-aaral at mga propesor ng Occupational Therapy, Physical Therapy at Speech-Language Pathology sa mga tao sa komunidad na kanilang pinaglilingkuran sa panahon ng kanilang

Internship. Maipapaliwanang nila ang mga konsepto sa larangan ng Rehabilitasyon sa wikang higit na nauunawaan ng mga tao sa komunidad. Makatutulong ang glosaryong ito upang magkaroon ng malalim na pagkaunawa ang komunidad kung ano ang Occupational Therapy, Physical Therapy at Speech-Language Pathology at ano ang mga serbisyong maaaring ibigay ng mga nagpapraktis nito.

1.5. Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsasalin ng mga termino at kahulugan nito buhat sa mga aklat na ginagamit sa Physical Therapy, Occupational Therapy at Speech-Language Pathology. Ang mga terminong isasalin ay nilimitahan lamang sa isandaang (100) termino na hinango sa mga batayan at sangguniang aklat ng Agham Panrehabilitasyon (nasa apendiks C). Pumili ang mananaliksik ng siyam (9) na propesor, tatlo (3) sa bawat programa na nagtuturo ng mga asignatura sa Physical Therapy, Occupational Therapy at Speech-Language Pathology batay sa mga sumusunod na krayterya a) nagtapos ng B.S.Physical Therapy, B.S. Occupational Therapy at B.S. Speech-Language Pathology b) tatlong taon nang nagtuturo ng mga asignatura sa mga nasabing programa c) nakauunawa at nakagagamit ng wikang Ingles at Filipino. Pumili rin ang mag-aaral ng mga eksperto sa wikang Filipino. Ang piniling mga eksperto sa wikang Filipino ay a) nagtuturo ng Filipino sa UST ng limang (5) taon o higit pa b) nagtapos na ng Masteral o kaya'y doktoral sa Filipino. Sila ang magsasagawa ng balidasyon sa ginawang salin ng kasalukuyang pag-aaral.

Pipili lamang ng isandaang termino at depinisyon ang mananaliksik sa pamamagitan ng pagpapasagot sa iniundang talatanungan na naglalaman ng mga terminolohiya at depinisyon na kinuha sa mga glosaryo ng mga aklat na ginagamit sa mga kursong Physical Therapy, Occupational Therapy at Speech-Language Pathology. Kung lalabis sa itinakdang bilang ay isasama na rin sa mga isasalin ang mga nasabing terminolohiya at depinisyon.

1.6 Katuturan ng mga Katawagan

Ang sumusunod na mga katawagan ay makikita at ginamit sa pag-aaral na ito:

Bilinggwal - Taong nakauunawa at nakakagamit ng dalawang wika sa magkahiwalay na gamit na may pantay na kahusayan.

Diksyonaryo - Aklat na naglalaman ng kalipunan ng mga salita ng isang wika na naglalaman ng depinisyon, paraan ng pagbigkas, etimolohiya at implikasyon.

Filipino - Wikang sinasalita at nauunawaan ng higit na nakararaming mag-aaral sa Kolehiyo ng mga Agham Panrehabilitasyon. Wikang kadalasang ginagamit ng mga therapist sa mga pasyente

Glosaryo - Isang talaan ng mga katawagang may tiyak na kahulugan sa mga natatanging larangan ng karunungan o disiplina.

Intelektwalisasyon - Tumutukoy sa katangian, kakayahan o potensyalidad ng wika na magamit bilang midyum ng pagtalakay, maaaring pasalita o pasulat man sa makaakademikong paraan ng anumang larangang akademiko o disiplina.

Istandardisasyon - Ito ay pagpili ng lipunan sa isang partikular na porma ng wika na katanggap-tanggap at pinagtibay. Nagaganap ito sa pagbaybay,

pagbigkas, pagbibigay kahulugan, pagbuo ng salita at paggawa ng pangungusap.

Leksikograpiya - Sangay ng pag-aaral ng wika na nakatuon sa pag-aaral at pagtitipon ng mga salita para makabuo ng diksyonaryo.

Modernisasyon - Proseso kung saan ang wika ay nakakaangkop na gamitin bilang midyum ng komunikasyon para sa iba't ibang paksa ng talakayan sa loob ng silid-aralan.

Occupational Therapy - Isang propesyong nauugnay sa kalusugang nagsasangkot sa isang tao sa okupasyon na magkaloob ng gawain at pakikilahok sa makabuluhang gawaing kultural at matugunan ang kapansanang pisikal at mental.

Pagsasalin - Paghahanap ng katumbas na mga salita upang maisalin ang kaisipan mula sa wikang oirhinal tungo sa taget na wika. Isa itong mahalagang hakbang sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino.

Physical Therapy - Isang sangay ng rehabilitasyong pangkalusugan na gumagamit ng mga tiyak na disenyo ng ehersisyo at kagamitan para matulungan ang pasyente na mapanumbalik at mapabuti ang pisikal na kakayahan.

Register - Isang subset ng wika na ginagamit sa isang partikular na layunin at larangan tulad ng mga Agham Panrehabilitasyon.

Rehabilitation Science - Ito ay isang interdisiplinaryong larangan ng pag-aaral na nakatuon sa pagiging panksyunal ng tao at pagpapabuti ng interaksyon ng isang tao sa kapaligiran.

Speech-Language Pathology - Sangay na pinapraktis ng mga Speech-Language Pathologist na ang tuon ay ebalwasyon at tritment ng mga kapansanan na may kaugnayan sa pagsasalita, wika, kognitibong komunikasyon, tinig, paglulon at katatasan sa pagbigkas.

KABANATA II

REBYU NG LITERATURA AT KAUGNAY NA PAG-AARAL

Sa bahaging ito ng pag-aaral ay ilalahad ang iba't ibang kaugnay na literatura at pag-aaral sa larangan ng leksikograpiya at pagsasalin. Hinango mula sa iba't ibang sangguniang gaya ng aklat, dyornal, mga elektronikong babasahin at iba pa ang mga impormasyong nilalaman ng mga kaugnay na literatura. Naging gabay rin ng pag-aaral na ito ang mga tanging proyekto, tesis at disertasyon bilang mga kaugnay na pag-aaral.

2. 1 Mga Kaugnay na Literatura

Ang mga kaugnay na literatura ay mahalaga sa mga siyentipikong pag-aaral sapagkat dito nalalaman ng mga mananaliksik ang kasalukuyang kalagayan at pangangailangan pang pananaliksik sa paksang napili. Ang mga kaugnay na literatura ay nakatulong nang malaki sa kasalukuyang mananaliksik. Higit pang napalawak nito ang kaisipan ng mananaliksik tungkol sa paksa.

2.1.1 Leksikograpiya at Leksikolohiya

Ayon kay Hartmann (2001) ang leksikograpiya ay isang lumalawak na larangan, kasama nito ang praktikal na sangay o pagtitipon ng mga salita at teoretikal na sangay o pananaliksik na nauukol sa mga salita. Ayon kay Svensen sa kanyang librong *Practical Lexicography* (1993), ang leksikograpiya ay isang sangay ng aplayd na lingguwistika na binubuo ng pagmamasid, pangangalap, pamimili at paglalarawan ng mga yunit ng mga salita at pagsasama-sama ng

mga salita ng isang wika o higit pa. Halos magkatulad ang ibinigay na kahulugan ni Svensen at kahulugan ng leksikograpiya na nasa *Longman Dictionary of Language Teaching and Applied Linguistics* (LDLTT, 1992) na kay (Hartmann, 2001), ito ay isang larangan ng praktika “kung saan may kaugnayan sa aplayd na lingguwistika na maaaring magamit sa leksikolohiya. Halos magkakatulad din ang kahulugan ng leksikograpiya sa ibang diksyunaryo katulad ng *New Oxford English Dictionary* (1998), *New Shorter Oxford English Dictionary* (1993) na pawang tumutukoy sa proseso at praktika ng pagtitipon ng mga salita.

Samantalang binigyang pagpapakahulugan ni Hartmann (2001) ang leksikolohiya bilang isang pag-aaral ng mga aytem sa bokabularyo o leksikon ng isang wika; kasama ang kahulugan at ang kanilang pagkakaugnay-ugnay, pagbabagu-bago ng anyo ng mga salita at pagkakaiba-iba ng kahulugan nito sa iba’t ibang panahon. Ayon naman sa website na www.ciil-ebooks.net, ang leksikolohiya ay ang pag-aaral ng mga salita sa buong aspeto nito: anyo ng simantika, gayundin ang ponolohikal, morpolohikal at kontekstuwal na kaugnayan nito sa mga salita. Ito rin ay nakatuon sa pag-aaral ng pinagmulan ng leksikon, pag-unlad ng mga salita at kung paano ito ginamit sa kasalukuyan. Ito rin ay pag-aaral ng interkoneksiyon ng pagkakaiba o pagkakatulad na umiiral sa mga leksikal na yunit.

Samakatuwid ang leksikograpiya ay nakatuon sa proseso, teorya, at praktika ng pagsulat ng mga salita sa kongkretong anyo katulad ng pagbuo ng isang diksyonaryo samantalang ang leksikolohiya ay nakatuon naman sa maka-

Agham na pag-aaral ng mga bokabularyo ng isang wika sa kabuuang sistema nito.

2.1.2 Leksikograpiya sa Pilipinas

Sa *language links* ni Jessie Grace Rubrico ay inilahad niya ang ambag ng mga leksikograper sa lingguwistika, sinabi niya na sa larangan ng leksikograpiya ay maraming Pilipinong iskolar ang namumukod. Isa na rito si Jose Villa Panganiban na sumulat ng mga diksyonaryong sumusunod: English-Tagalog vocabulary (1946), Talahulugang Tagalog-Ingles (1952-64), Tesauro diksyonaryo Ingles-Pilipino (1965-66), Talahulugang Pilipino-Ingles (1966), Concise English-Tagalog dictionary (1969), Diksyunaryong Pilipino-Ingles (1970), Diksyunaryo-tesauro Pilipino-Ingles (1972), Comparative semantics of synonyms and homonyms in Philippine languages (1972). Si Julio Silverio ay gumawa ng mga diksyonaryo sa Ingles-Pilipino-Ilocano, Ingles-Pilipino-Pangasinan, Pampango-Pilipino-Ingles noong 1976; Pilipino-Pilipino, Bicolano-Pilipino-Ingles, Ingles-Pilipino-Bicolano noong 1980. Si Mario Tunglo ay gumawa ng trilinggwal na diksyonaryo sa Ingles-Pilipino at Ilocano, Bicolano, Cebuano, Ilongo, Maranao, Pampango, Pangasinan, Waray at ng bilinggwal Ingles-Pilipino, Pilipino-Ingles mula 1986 hanggang 1988.

Ang iba pang mga diksyonaryo na nagawa ng mga Pilipinong iskolar sa panahong ito ay ang mga sumusunod: Tagalog/Pilipino -Tagalog-Ingles o Ingles-Tagalog - Anacleto, Buhain, Daluz, Jacobo, Ignacio, Laya at Laya, de Leon, Mallari at Tablan, Aldave-Yap, Manalili, Macapinlac at de Dios; English-Tagalog-Spanish, de Guzman atbp, Ignacio; Kastila-Tagalog, Paglinawan; Nippongo-

Pilipino, Verzosa; English-Tagalog-Ilokano -Calderon, Calip, Calip at Resurrection, Silverio, Dagdagan, Cacdac at Cacdac; Ingles-Español-Ilocano-Pangasinan, Garcia; English-Tagalog-Ilokano-Visayan, Dizon; Español-Ilocano - Pacifico; Cebuano -Bas, Bunye at Yap, Cabonce,Cuenco, Custodio, Makabenta; English-Visayan-Spanish, Gullas; English-Visayan-Tagalog, Hermosisima at Lopez, Rudifera, Guerrero, Jamolangue; Bikol -Belen, Imperial; Ingles-Bikol-Castila, Dato; Pampango-Castellano-Ingles -Dimalanta atbp; English-Tagalog-Pampango, Manalili at Tamayo; Hiligaynon-English -Maroma, Motus; English-Tboli-Pilipino-Hiligaynon, Gendulan; Waray-waray-Pilipino, Andrada; Subanu-Visayan-Spanish-English, Lagorra; Sindangan Subanon-Cebuano-Pilipino-English, Guilingan atbp; Matigsalug Manobo, Manuel; Bilaan, Macabenta; Gaddang-Calimag; Tausug, Usman; Chabacano-English-Spanish, Camins at Riego de Dios.

Sinabi ni Acas (2006) na pagkaraang piliin ang Tagalog noong 1939 bilang nukleo na wikang pambansa ay pinagtuunan na ng pansin ang pagpapayaman at pagpapaunlad ng Filipino. Sa panahong pinamumunuan ni Julian C. Balmaceda ang Surian ng Wikang Pambansa ay simimulan na ang paghahanda ng pinalawak na Diksyonaryong Tagalog at pinalimbag noong 1989 na may pamagat na “Diksyonaryong Filipino” kalakip ang mga isinamang salita na wikang rehiyonal.

Kaugnay ng pagpapalawak ng diksyonaryo, si Cirio H. Panganiban ay nagsimulang maghanda ng mga bokabularyong espesyalisado tulad ng mga katawagang pambatas, at iba pa buhat sa mga salita/panumbas ng iba pang

pangunahing wika ng bansa maging sa Kastila at Ingles. Si Cecilio Lopez ay gumawa ng mga pag-aaral sa lingguwistikong pagsusuri at paghahambing sa Tagalog at sa iba pang wikang katutubo gayundin ang diksyonaryo-tesauro sa Filipino-Ingles at Ingles-Filipino.

Mula sa pribadong sektor, isang mahalagang kontribusyon sa lesikograpiya ang “Vicassan’s Pilipino- English Dictionary ni Vito Santos. Taglay ng edisyon 1976 ang kabuuang 68,000 pangunahing entri ng mga salita. Hinango ang mga entri sa maraming diksyonaryong Tagalog at Pilipino, sa mga magasing bernakular at iba pang peryodikal, gayundin sa mga impormante.

Gumawa si Jose Reyes SyTangco, M.D. ng isang diksyonaryong may pamagat na Progresibong Bokabularyong Pang-Agham (Ing-(g)-les – Pilipino na inilimbag ng Pamantasan ng Santo Tomas noong 1977. Ang diksyonaryong ito ni Dr. SyTangco ay naglalarawan ng isang napakalaking pagsisikap tungo sa pagpapaunlad ng isang wikang pambansa, sapagkat sinikap niyang gumawa ng isang diksyonaryo na nakatuon sa mga katawagan sa Agham at Medesina. Ginamit niya ang pinakamahalagang mga wikain sa ating bansa at ang Wikang Sanskrito.

Noong 1975, ang *Institute of National Language*, ang tanggapan na ngayon ay ang komisyon ng Wikang Filipino ay nalimbag ng isang aklat na inaasahang tutugon sa hamon ng *Bilingual Education Policy*. Ang naturang aklat ay niribisa na at muling nilimbag nonng 1977. Ang laman ng aklat ay mga katawagan sa mga sumusunod na asignatura: *Athletics, Character Education, Economics, Geography, Health Education, Home Economics, Physical Education, Social*

Science, Social Studies, Work Education, at mga katawagan sa pamamaraan ng pagtuturo.

Ang pangunahing layunin ng aklat na ito ay ang pagkakaroon ng talasalitaan sa bawat asignatura. Samakatuwid, ito ang sagot sa mga pangangailanang ng mga guro, mga mananaliksik, at mga mag-aaral ng wika.

Isang malawakang pagsubok ang inilunsad ng Lupon sa Agham ng UNESCO sa Pilipinas sa paglinang ng mga katawagang pang-Agham. Batay sa ulat ni Gonzalo del Rosario, ang aklat na pinamagatang *Maugnaying Talasalitaang Pang-agham: Ingles-Pilipino*, ay inihanda ng animnapung (60) mga dalub-agham (*scientist*), mga dalubguro at mga inhinyero buhat sa pamantasan, tanggapan ng pamahalaan at mga samahang pampropesyonal at pang-Agham.

Ang aklat ay nakatuon sa mga pangunahing katawagang teknikal sa Agham, *Chemistry, Biology*, at *Social Science*. Sa pagkalinang ng mga katawagan, ginamit ng lupon ang sumusunod na mga pagsasalin ayon sa ginawa nilang pagpili: 1) *current Tagalog words*, e.g. *Kambing for Capricornus*; 2) *Old Tagalog words*, e.g. *tinggaputi for tin*; 3) *words from the other principal dialects in the Philippines*, e.g. *duta Visayan for earth or a planet*; 4) *Spanish or English words*, e.g. *sentigrado for centigrade, asid for acid*; 5) *words from the other world languages which are very rarely used if ever*.

2.1.3 Iba't Ibang Uri ng Sangguniang Leksikograpikal

Kapag leksikograpiya ang pinag-uusapan, marami ang mag-aakala na tanging diskyonaryo lamang ang maaaring matawag na sangguniang

leksikograpikal. Kung kaya nilinaw ni Hartmann (2001) na may tatlong pangunahing sangguniang leksikograpikal: ang diskunaryo, tesauro at ang ensayklopedya. Ayon sa *Dictionary of Lexicography*, ang diskunaryo ang pinakakaraniwang sangguniang leksikograpikal na binubuo ng makro at mikrostruktura. Sa simpleng pagpapahayag, ang makrostruktura ay tumutukoy sa panimula at iba pang preliminaryong bahagi ng diskunaryo (*front matter*), mga salitang lahok o entri (*middle matter*) at mga apendiks at iba pang bahagi pagkatapos ng mga salitang lahok (*back matter*), samantala ang mikrostruktura naman ay tumutukoy sa deskripsyon/depinisyon ng mga salitang lahok. Ayon naman kay Zgusta (1971) may iba't ibang uri at kategorya ang mga diskunaryo gaya ng *encyclopedic dictionaries*, *linguistic dictionaries*, *diachronic dictionaries*, *synchronic dictionaries*, *restricted dictionaries*, *general dictionaries* at *monolingual and bilingual dictionaries*. Nagbigay rin siya ng kategorya hinggil sa kung paano ikaklasipika ang mga diskunaryo. May tinatawag na *Big*, *Medium* at *Small Dictionaries*. Ang *Big Dictionaries* ay nagtataglay ng apat na raang libong salita o higit pa. Ang *Medium Dictionaries* naman ay hindi nararapat bumaba sa apatnapung libong bilang ng mga salita. Ang huli ay nararapat na hindi bababa sa apat na libo. Sa kabilang dako, kung ang koleksyon ng mga entri ay mas mababa sa apat na libo, maaari itong tawaging glosaryo o isang ispesyal na diskunaryo. Kung pangkalahatang gamit at depinisyon ng mga salita mula sa isang korpus ng wika ang pokus ng diskunaryo ang ensayklopedya naman ay nakatuon sa pagbibigay ng mga impormasyong paktuwal mula sa iba't ibang larangan. Ang glosaryo ay talaan naman ng mga termino na may kahulugan at

iniayos sa paalpabetong pagkakasunud-sunod. Ito ay tumutukoy bilang bokabularyo ng tiyak na “domeyn ng karunungan”. Natatagpuan ito sa hulihan ng isang aklat. Maaaring matagpuan sa glosaryo ang mga depinisyon ng mga bagong ipinakilalang termino sa loob ng aklat o kahulugan ng anumang ispesyalisado at tiyak na termino na mahalaga sa nilalaman ng aklat. Ang mga glosaryo ay maaaring may kasamang mga larawan habang binibigyang kahulugan ang mga teknikal na termino sa tiyak na larangan. Ang mga glosaryo sa pangkalahatan ay monolingwal ngunit may pagkakataon na ito’y maaaring bilingwal o puwedeng multilingwal. Ang isang bilinggwal na glosaryo ay may lista ng mga salita sa isang partikular na lenggwahe na ipinaliliwanag sa ibang lenggwahe sa tulong ng kasingkahulugang salita sa nasabing lenggwahe. Ito ay isang kapaki-pakinabang na gamit sa pag-aaral para maging pamilyar sa mga pangunahing termino at konsepto sa isang partikular na larangan tulad ng Agham, Kompyuter, Literatura, Ekonomiks at iba pa. Ayon naman sa Microsoft Encarta Reference Library (2005), isang digital at interkatibong diksyonaryo na ang glosaryo ay isang koleksiyon ng mga terminong ispesipiko sa isang larangan kasama ang kahulugan nito, madalas ay isinasama sa apendiks ng isang aklat. Nagmula ito sa wikang Latin na glossa at Griyegong glossa (dila at wika).

2.2 Mga Simulain, Teknik at Kritisismo sa Pagsasalin

Ang pagsasalin ay mahalagang hakbang sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino. Napakaimportante ng pagsasalin para mailipat ang nakaimbak na karunungan nasa mga librong nasusulat sa Ingles at iba pang wikang

bernakular at dayuhan. Tunay na nakapanghihinayang kung hindi makaabot sa higit na nakararaming mambabasa at mag-aaral.

Naniniwala si Catford (1965), na ang pagsasalin ay pagpapalit ng tekstuwal na materyal ng pinagmulang wika sa katumbas na tekstuwal na materyal sa target ng wika. Sinasabing isang muling paglalahad ang pagsasalin sa target na wika ng tekstong naglalaman sa mensaheng tulad ng sa pinagmulang wika gamit ang mga tuntuning panggramatika at mga piling salita ng target na wika. Dahil para kay Newmark (1988), isang gawaing pagtatangka ang pagsasalin na kasasangkutan ng pagpapalit sa isang nakasulat na mensahe sa isang wika ng tulad na mensahe sa ibang wika. Gayon man, importanteng mailipat ang mensahe nang kaunti lamang ang pagkakalihis mula sa isinasaling wika patungo sa tumatanggap na wika ng pinakamalapit na katumbas nito (Nida at Taber, 1982).

Si Larson (1984), ay nagsabing sadyang masalimuot ang pagsasaling wika dulot ng kaibahan ng estruktura ng wikang kasangkot sa pagsasalin. Isa ito sa prominenteng dahilang pinagmumulan ng sigalot kung paano magkakaroon ng isang ganap/sapat na salin. Ayon pa sa kanya, ang tagasalin ay kailangang maging dalubhasa sa dalawang wikang kaugnay sa pagsasalin. Sa ganitong paraan ay madali niyang mababatid ang mensaheng napapaloob sa simulaang lenggwahe pagkaraang basahin nang husto ang tekstong isasalin. Sapagkat batid niya ang tumpak na kahulugan ng bawat salita, pangungusap at talata ng tekstong isasalin kung may sapat na kaalaman ang tagasalin sa wikang ginamit sa teksto. Bukod dito, kailangan ding maging pamilyar sa tekstong kanyang

isasalin. Hanggang maaari nasa linya ng paksang isinasalin ang tagasalin dahil patalinghagang sinasabing higit daw sa mabuting ipaubaya na sa makata ang pagsasalin ng tula tulad din ng pagsasabing isang siyentista lamang ang dapat magsalin ng mga aklat nina Newton at Darwin.

Sinang-ayunan ni Atienza(2004), ang pahayag ni Larson na isang masalimuot na proseso ang pagsasalin sapagkat hindi lamang ang kinis ng pagkakapahayag sa pamamagitan ng salita ang binibigyang-pansin, kundi ang iba't ibang aspekto ng kultura na may malaking gampanin sa pagpapaloob sa karanasan at pananaw pandaigdig ng TL.

Naniniwala si Goethe(na kay Nida 1964), na sa pagsasaalang-alang sa kultural na salik, lumilitaw ang suliranin sa pagsasalin, sa usapin kung magiging tapat sa SL o aangkop sa TL ang ginagawang paglilipat. Ito ay umaayon sa kanyang pananaw hinggil sa dalawang prinsipyo sa pagsasalin. Ang unang prinsipyo ay nakatuon sa pagdadala ng tagasalin sa kanyang mga kababayan ng tunay at malinaw na larawan ng isang banyagang realidad sa pamamagitan ng pagiging tapat sa SL. Pinanatili ang mga konsepto at bahagi ng kultura ng SL sa ginagawang salin. Ang ikalawa ay ang pagtingin sa isang banyagang akda bilang sariling materyal ng tagasalin na kapapalooban ng pananaw-pandaigdig ng kanyang sarili at ng mga kababayan at nagsisilbing tila orihinal na akda. Dito ay malayang nagpapalitan ang ilang mga konseptong kultural sa SL.

Inilatag sa pagsususri ni Nida (1964), sa kanyang *formal at dynamic equivalence* ang katulad na pananaw ni Goethe. Sa *formal equivalence*, tapat na isinasalin ang anyo at nilalaman nang sa gayon ay maunawaan ng target na

mambabasa ang kamalayan, damdamin at diwa sa konteksto na SL. Sa *dynamic equivalence* naman ang tagasalin ay naglilipat sa paraang pagbibigay-tuon sa konteksto ng kanyang sariling kultura. Sinabi rin niyang may tatlong (3) salik ng pagsasalin. Ito'y ang mga sumusunod: layunin sa pagsasalin, kalikasan ng tekstong isasalin at uri ng babasa o gagamit.

Iminungkahi ni Newmark (1988) ang dalawang taliwas na metodo ng pagsasalin, ang *transference at componential analysis*. Ang *transference analysis* ay nakatuon sa pagpapanatili ng mga konseptong kultural ng SL. Ang *componential analysis* ay higit na nakapokus sa mensaheng inihahatid ng SL at isinasantabi ang karanasang kultural na nakapaloob dito. Sinabi rin niyang matapat ang salin kung maingat ang ginawang pagsasalin. Ang metodong matapat na kahulugang kontekstwal ng orihinal, sa kabila ng mga hadlang na estrukturang gramatikal ng wikang pinagsasalinan.

Sa aklat na ***Approaches to Translation*** ni Newmark (1988) ay ipinaliwanag niya ang mga hakbang sa pagsasalin. Ang bawat paraan ng pagsasalin ay may tiyak na gamit o kaangkupan. Pinangkat ni Newmark sa dalawa ang walong metodo. Ang unang pangkat ay nagbibigay-diin sa simulaang lenggwahe(SL). Ang ikalawang pangkat ay nakatuon sa tunguhang lenggwahe (TL). Ang mga metodo ng pagsasalin na pinagmulang wika ang binibigyang diin: salita sa salitang pagsasalin, literal na salin, matapat na salin at semantikang salin. Ang mga metodo ng pagsasalin na pinagsasalinang wika ang binibigyang-diin: adaptasyon malayang salin, idiyomatikong salin at komunikatibong salin.

Ang kahusayan ng isang salin ay masusukat hindi lamang sa kung sino ang nagsalin, kung hindi, kung paano ito isinalin. Mahalagang masuri ang pamamaraan o teoryang nakapaloob sa pagsasalin ng isang akda at malaman ang aktwal na aplikasyon ng mga ito upang higit na maging obhektibo at matibay ang mga simulain sa panunuring pampagsasalin o *translation criticisms* (Legaspi, 1995).

Ayon naman kay Santiago (1979), “Ang alinmang salin ay huwad lamang ng orihinal at sapagkat huwad ay di maaaring hindi ito maiba kahit papaano sa orihinal.” Samakatuwid, kinakailangan ang ebalwasyon upang malaman ang iba’t ibang maaaring kalabasan at kahinaan ng isang salin.

Ang pagsusuri o ebalwasyon ng salin ay isang mahalagang tagapag-ugnay ng mga teorya sa pagsasalin at pagsasapraktika ng mga teoryang ito (Newmark, 1988). Masusubok ang katotohanan at pagiging epektibo ng iba’t ibang teoretikal na simulain sa pagsasabi kapag ito ay ginamit at binigyang-pagsusuri ang paggamit sa mga ito.

Ang eksperto naman sa larangan ng medisina ay may sariling paniniwala ukol sa kung sino ang isang mahusay na tagasalin. Batay sa aklat ni O’Neill (1998) sa kanyang *“Who Makes a Better Medical Translator: The Medically Knowledgeable Linguist or the Linguistically Knowledgeable Medical Professional? A Physician’s Perspective”*. Sinabi niya na dahil kakaunti ang mga doktor na nagsasalin ng paparaming tekstong medikal na kailangang maisalin sa iba’t ibang wika, mas maaasahan ang mga tagasalin ng mga tekstong medikal. Ginamit niya ang terminong “medical professional” sa halip na “physician” o

doktor upang tukuyin hindi lamang ang mga manggagamot o doktor upang tukuyin hindi lamang ang mga doktor kundi pati na rin mga nars, dentist, paramedic at iba pa. Pare-pareho silang kumukuha ng mga pangunahing kurso sa biology, chemistry, biochemistry, organic chemistry, anatomy, physiology, pharmacology at iba pa kaya pamilyar sila sa lenggwaheng ginagamit sa medisina. Idinagdag niya na mahalagang nauunawaan ng tagasalin ang “wika ng medisina” dahil ito ay “punung-puno ng *jargon* at di karaniwang pamamarirala na di karaniwang naririnig o nababasa sa pang-araw-araw na buhay,”. Ngunit upang matiyak kailangang sumangguni ng mga doktor, nars, kumadrona at iba pang nasa propesyong medikal upang malaman kung ano ang salitang ginagamit nila kapag nakikipag-ugnayan sa mga pasyente.

Bukod sa mga *jargon* at *idiosyncratic phrases*, sinabi ni O’Neill na sa propesyong medikal, may mga salitang may taglay na karunungan na tanging mga nasa propesyong medikal ang agad makauunawa at posibleng hindi agad maintindihan ng isang hindi doktor o nasa ganoong propesyon. Itinanong niya sa isang tagasalin at awtor ng mga aklat sa proseso ng pagsasalin, na nakapagsalin na ng ilang tekstong medikal. Nang tanungin kung paano siya nakapagbuo ng sariling “medical register”, sinabi nito na: “*Faking it, mostly*”. -dahil ang isang tagasalin ay nagpapanggap lamang na siya ang *neurologist*, *gastroenterologist* o inhinyero na sumulat ng orihinal na teksto. Ang totoo kahit na ito ay isang biro, ito ay may katotohanan, dahil talagang inilalagay ng tagasalin ang sarili sa lugar ng isang doktor, inhinyero o siyentista kapag nagsasagawa siya ng pagsasaling teknikal at siyentipiko. Ngunit ang pagpapanggap na ito, kung matatawag ngang

pagpapanggap, ay nagiging matagumpay lamang sapagkat ibinatay sa nauna nang malaliman at malawakang saliksik na isinagawa ng tagasalin.

Naniniwala si O'Neill na magiging matagumpay ang pagsasalin kung susunod sa mga pamamaraang tulad ng: pananaliksik sa mga aklat at sa Internet, paggamit ng mga diksyonaryo, *feedback* mula sa kliyente o sa nagpapagawa ng salin. Mahalaga rin ang karanasan, na magsisilbing gabay sa mga susunod na pagsasalin.

Samakatuwid, naniniwala si O'Neill na kapwa makapagsasagawa ng mahusay na salin ng mga tekstong medikal ang mga propesyonal na may kaalamang panlingguwistika (*linguistically knowledgeable professionals*) gayon din ang mga lingguwista na may kaalamang pangmedikal (*medically knowledgeable linguists*). Ngunit pansinin na kapwa nakakabit ang salitang "*knowledgeable*" sa dalawang termino. Nangangahulugan ito ng malalim na kaalaman, kapwa ng tagasaling doktor at ng tagasaling hindi doktor, sa paksa ng tekstong medikal at sa wikang ginagamit sa pagsasalin. Sa ideyal na sitwasyon, maaaring magkaroon ng kolaborasyon ang eksperto sa paksang teknikal at ang eksperto sa wika upang makabuo ng mahusay na salin ng tekstong siyentipiko.

Bunsod naman ng pagkakaibang kultural at sosyal ng tao, sumibol ang barayti ng wikang sinasalita na nagpalala sa suliranin ng istandardisasyon at intelektwalisasyon ng wikang Filipino.

Ang pangangalap at pagsasalin ng mga salitang teknikal ay lubhang kailangan sa istandardisasyon, modernisasyon at intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa modernong panahon. Kung gayon magagamit lamang nang

malawakan ang isang wikang pambansang tulad ng Filipino kung ito'y nagagamit sa mataas na antas ng pag-iisip. Ang paghahanda ng *wordlist* at glosaryo ang mahalagang hakbang sa pagpapayaman ng register ng ating wika, kaalinsabay ng pagsulat ng mga literatura.

Samantala, glosaryo ang tawag sa talaan ng batayang teknikal, pangwika at mahihirap na katawagan sa isang paksa o asignatura na may kasamang mga katuturan o paliwanag (Diksyunaryo ng Wikang Filipino, 1998).

Narito ang ilan sa mga proyekto sa wordlist at glosari.

1. Mga Katawagang Panghanapbuhay (Surian ng Wikang Pambansa, 1979)

- Naglalaman ang aklat ng listahan ng mga salita sa Ingles na tinumbasan sa Filipino ukol sa mga pamagat na:

1. Katawagang Pang-agrikultura at Kaugnay na mga Larangan
2. Katawagan sa Edukasyong Bokasyunal at Industriyal o Edukasyong Pangkasanayan/ Pangkalahatan at Teknikal,
3. Sa Pangisingda
4. Pantanggapan gaya ng Bukkiping, Takigrapiya at Pagmamanikilya
5. Sa Edukasyong Industriyang Pantahanan

Narito ang ilang halimbawa ng entri mula sa pamagat:

ACCOUNTABILITY	pananagutan/ sagutin
MATURITY	takdang panahon ng pagbabayad
MONEY ORDER	mani order/ money order
FINE	multa

2. Glosari ng mga Salitang Ginagamit sa Introductory Sociology
(Dasmarinas/ Departamento ng Agham Pangkaasalan)

ACCULTURATION

- Akulturasyon – Paghiram ng mga bagong gawa o padron bunga ng pakikipag-ugnayan sa ibang kultura

ALIENATION

- Alyenasyon – Terminolohiya ayon kay Karl Marx na tumutukoy sa bisa ng kapitalismo sa relasyong pantao, binubuo ng kawalan ng kapangyarihan ng kahirapan at pagkahiwalay

3. Glosari/ Wordlist sa Matematiks (Departamento ng Matematiks, DLSU)

ABSOLUTE VALUE	absolute na valyu/ absolute value
ALGEBRA	algebra
ALGEBRAIC EXPRESSION	estrukturang algebraic
BINOMIAL	baynomiyal

Binanggit ni Trance (MALAY 1997) na ayon kay Otones, may dalawang uri ng komunikasyon sa larangan ng Agham, Teknolohiya at Matematiks.

Ang *scientific exchange* o ang pakikipagtalastasan ng isang siyentipiko sa kapwa dalubhasa sa larangan at ang *popularization* o talastasan ng mga dalubhasa sa ordinaryong mamamayan. Ang ganitong pananaw ay maaaring ikonsidera sa larangan ng humanidades at agham panlipunan.

Lahat ng pagbuo ng diksyonaryo ay nagsisimula sa paglilista ng mga katawagan at salita sa mga tiyak na paksa ng pag-aaral. Kaya nga ang silbi ng

paggawa ng wordlist o glosari ay mahalaga sa mas malakihang proyekto sa pagdedebelop ng bokabularyo sa Filipino para sa disiplina at domeyn.

Alalahanin nating may mga mahahalagang konsepto at konsiderasyon sa debelopment ng wika na may tiyak na pagtukoy sa Filipino. Ang gawain sa pagdedebelop sa wika ay dapat na magsaalang-alang sa mga proseso ng pagpapalit ng wika (*language replacement*) at paglilipat-wika (*language shift*).

2.3 Mga Kaugnay na Pag-aaral

Marami na ang mga pananaliksik na isinagawa hinggil sa pagsasalin at pagbuo ng mga glosaryong bilinggwal. Hindi lamang mga tekstong Ingles ang isinalin sa Filipino, may mga nagsalin na rin mula sa ibang katutubong wika ng Pilipinas tungong Filipino. Malaki ang pagkakatulad ng karamihan sa mga pag-aaral sa pagsasalin at paggagawa ng glosaryo na ginamit ang mga teknik sa pagsasalin ni Newmark. May mga pagsasaling nanghiram sa Ingles, ang ibang naman ay pinanatili ang ispeling at ang iba ay sumunod sa ortograpiyang Filipino.

Ang Glosaryo ng mga Katawagang Teknikal sa Isports ay isang pag-aaral na isinagawa ni Cantillo (2013) na naglalayong makabuo ng isang glosaryo sa larangan ng isports. Ang pag-aaral na ito ay nagnanais ding makapag-ambag sa intelektwalisasyon ng Filipino. Gumamit siya ng mga pamantayan sa pagpili ng respondente tulad ng pagiging isang coach, manlalaro at dapat ay may sapat na kaalaman at karanasan sa larangan ng isports.

Sa pag-aaral na ito ay napatunayang: (1) ang mga termino sa mga katawagan o ekspresyon na pang-isports ay isinalin o tinumbasan ayon sa

leksikon ng Filipino; (2) hindi madali ang magsalin ng mga terminong pang-isports. Katulad ng mga katawagan na nakahanay sa kilos o galaw, hindi ito madaling isalin lalo na kung walang sapat na kaalaman ang tagasalin kung paano isinasagawa ang mga kilos na ito. Lumabas na ang karamihan sa mga termino ng kilos o galaw ay hindi maaaring isalin nang paliteral (salita sa salita) kundi dapat isalin ng diwa sa diwa; (3) sa pagsasalin ng mga terminong pangkagamitan ay madalas na pinapanatili ang mga katawagan o hinihiram ng buo sa Ingles sapagkat wala itong katumbas sa Filipino at ito na rin ang mga salitang ginagamit; (4) hindi sapat na maisalin lamang ang mga terminong ginagamit sa larangan ng isports. Kinakailangan ng sapat na kaalaman sa simulaang wika patungo sa tunguhang wika.

Ang pag-aaral na ito ni Cantillo ay malaki ang pagkakaugnay sa pag-aaral na isasagawa ng mananaliksik sapagkat kapwa sila magsasalin ng mga teknikal na terminolohiya mula sa Ingles patungo sa Filipino gamit ang simulain at tuntunin sa pagsasalin ni Newmark (1988). Magkatulad ang mga ng pamantayang gagamitin sa pagpili respondente ngunit nabibilang sa magkaibang larangan; ang sa kanya ay sa larangan ng isports at ang mananaliksik na ito ay sa larangan ng Agham Panrehabilitasyon. Naiiba naman ang pag-aaral na ito dahil may kalahok na eksperto sa wikang pagsasalinan; ang sa kanya ay mga eksperto lamang sa larangan ng isports.

Layunin ng pananaliksik ni San Juan (2010) ang makabuo ng isang glosaryo ng mga piling termino sa panitikan. Gumamit siya ng deskriptibong pamamaraan. Hindi tinangka ni San Juan na humanap ng katumbas sa Filipino

ng kanyang mga salitang lahok sa prinsipyong kung wala naman salin o gamiting panumbas ang salita ay mas mabuti nang panatilihin ang orihinal nitong salita. Lumabas sa kanyang pag-aaral na malaking mayorya ng kanyang respondente (75%) ang nagsabing napakahusay ng glosaryo sa aspekto ng pagbibigay ng katumbas nang wasto sa Filipino ng mga salitang lahok sa Ingles. Mayorya rin ng mga mag-aaral (62.5%) ang nagpahayag na napakahusay ng glosaryo sa aspekto ng malinaw na pagkakalahad ng bawat depinisyon/kahulugan ng salitang lahok. Malaki-laking porsyento na ang antas ng pagtanggap na ito sa inihandang glosaryo lalo pa kung isasalang-alang ang katotohanan na karamihan sa mga mag-aaral na respondente ay mas bihasa sa Ingles at hindi gaanong gumagamit ng Filipino sa labas ng paaralan. Samantala, kalahati ng bilang ng mga estudyante (50%) ang nagsabing napakahusay ng glosaryo sa aspekto ng pagkakaroon ng iisang himig at estilo na taglay ng kabuuan nito. Halos tatlong - kapat (68.75%) naman ang nagsabing napakahusay ng glosaryo sa aspekto ng tulong na naibigay ng mga karagdagang paliwanag at halimbawa sa pagbibigay-linaw sa salitang lahok. Pinatunayan lamang na wasto ang pasya na maglagay ng ilustrasyon bilang halimbawa. 83% naman ang nagsabing napakahusay ng glosaryo. Sa proseso ng rebisyon, tinangka ng manunulat na isa-Filipino ang ilan sa mga salitang lahok sa Ingles na sa burador ay hindi natumbasan sa Filipino. Pagkatapos na maisagawa ang lahat ng hakbang ay nabuo ang kauna-unahang panimulang glosaryo ng panitikan sa Filipino na binubuo ng 263 salitang lahok na karamihan ay may katumbas sa wikang Ingles.

Halos ganito rin ang ginawang proyekto nina Rogelio F. Falcutilla at Rosalia A. Pacaanans (2006) na may pamagat na Glosaryo ng mga Terminong Pang-edukasyon sa mga Disiplinang Guidance and Counseling at Human Growth Learning and Development.

Ang pananaliksik na isinagawa nina Falcutilla at Pacaanans ay naglalayong makapagsalin at makabuo ng glosaryo ng mga terminong pang-edukasyon sa mga Disiplinang Guidance and Counseling at Human Growth Learning and Development sa Filipino.

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng talatanungan na pinasagutan sa pitong (7) guro at isandaan at dalawampu't pitong (127) mag-aaral mula sa antas tersarya ng Pamantasang Normal ng Pilipinas, Lungsod ng Maynila. Pawang nasa kolehiyo ang kinuhang tagasagot sa paniniwalang higit nilang masasagutan ito batay sa pamilyaridad nila sa mga nasabing termino.

Ang mga naitalang terminong pang-edukasyon ay binigyan ng katumbas ng salin sa Ingles. Ginamit ang sumusunod na koda sa pagsasalin:

- E1 – Himig Ingles, walang pagbabago sa baybay
- E2 – Himig Ingles, baybay ayon sa 1987 alpabeto
- E3 – Himig Ingles, baybay ayon sa 2001 revisyon
- S1 – Himig Kastila, walang pagbabago sa baybay
- S2 – Himig Kastila, baybay ayon sa abakada
- S3 – Pagbibigay ng katumbas na salin

Kinuha nila ang bahagdan ng sagot sa bawat bilang. Gumamit ng paghahanay upang ipakita ang higit na nais na pagpapayaman sa mga katawagan ng mga kalahok.

Napatunayan ng pag-aaral na ito na sa pitong koda ng pagsasalin, ang kodang S3 – pagtutumbas ng salita ang higit na tinanggap ng mga kalahok na mag-aaral at guro sa disiplinang Guidance and Counseling, samantala higit na pinili ng mga mag-aaral ang S3 – pagtutumbas ng salita at E2 – himig Ingles, baybay ayon sa 1987 alpabeto ang higit na tinanggap ng mga guro sa disiplinang Human Growth Learning and Development.

Hindi rin nagpatalo ang impluwensya ng wikang Ingles sa mga kalahok sa pag-aaral. Nagtamo ang kodang E1 – himig Ingles, walang pagbabago sa baybay, ng mataas na bahagdan at bilang.

Ang pag-aaral na ito ay nauugnay sa isasagawang pag-aaral sapagkat kapwa naglalayong makabuo ng glosaryo ngunit sa magkaibang larangan. May pagkakatulad din sa pamamaraang gagamitin tulad ng paggamit ng talatanungan, pagpapasagot sa mga guro at mag-aaral na nasa antas tersarya. Naniniwala rin ang mananaliksik na ito na masasagot nang may katiyakan ang talatanungan batay sa pamilyaridad nila sa mga nasabing termino.

Sa pag-aaral ni Nicdao (2008) na nauukol sa Glosaryo ng mga Terminolohiyang Panteknikal Para sa mga Estudyante ng Technological University of the Philippines ay tulad ng mananaliksik na may layuning makabuo ng glosaryo ng mga terminolohiyang panteknikal na karaniwang ginagamit ng mga guro at estudyante para sa kursong Electrical Engineering Technology at

Electronics and Communications Engineering Technology sa TUP, naging batayan niya ang labing-walong (18) teknik sa pagsasalin ni Newmark at labing-isa ang iminungkahi niyang gamitin sa teknikal na panghihiram kabilang ang adaptasyon (transference) kung saan tuwirang hinihiram ang mga salita ng isang wika sa orihinal na anyo nito. Ginamit din sa kanyang pag-aaral ang teknik ng panghihiram ni Santiago (1979) tulad ng panghihiram ng mga salita sa Ingles nang walang pagbabago sa tunog at baybay. Katumbas ng naturalisasyon ni Newmark ay transliterasyon ni Santiago na ang morpolohiya ay inaayon sa ortograpiya ng target na wika. Sa kanyang pag-aaral ay napatunayan na:

1. Sadyang malaki ang papel na ginagampanan ng Ingles bilang internasyunal na wika partikular sa siyentipiko at teknikal na terminolohiya. May mga salitang tuwirang hinihiram sa Ingles dahil mahirap kung isasalin sa Filipino.
2. May partikular na register na ginagamit sa disiplinaryang elektrikal na naiba sa karaniwang gamit ng salita.
3. Lumabas na sa pagsasalin ng mga tambalang salita at dapat bigyang diin ng kontekstwal na kahulugan na nangangahulugan ng diwa, hindi sa salita sa salita:

Halimbawa: open circuit – putol na linya at hindi bukas na sirkito

closed circuit – buo ang linya at hindi saradong sirkito

Ginamit din ang Teoryang Valences, Teoryang Subcategorization at Teoryang Protipo na naimpluwensyahan ng Syntactic Component ng Transformational Generative Grammar (TGG, 1965) ni Noam Chomsky.

Sa pag-aaral naman ni Ampil (2005) sa kanyang Preferens sa Pagtutumbas ng Mga Salita Sa Agham Panlipunan na isang “descriptive research” na ang layunin ay alamin ang laganap na kaisipan at saloobin tungkol sa panghihiram ng mga katagang nasusulat sa wikang Ingles bilang pagpapayaman at pagpapalaganap sa wikang Filipino. Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng sarbey sa pamamagitan ng talatanungan. Inalam ng talatanungan ang preperensya ng mga guro’t mag-aaral ng UST sa panghihiram ng mga terminolohiya sa Agham Panlipunan. Isinagawa niya ang mga sumusunod na pamamaraan; Una niyang sinuri ang mga aklat na ginagamit sa pagtuturo ng Agham Panlipunan at nagsagawa rin ng aktwal na obserbasyon sa klase; Matapos basahin at suriin ang mga aklat ay itinabi ang mga salitang hiram na ginagamit sa pagtuturo at pagtatalakay. Sinunod niya ang pagsasagawa ng balidasyon sa mga salitang naitala sa pamamagitan ng sarbey sa mga guro at mag-aaral. Bumuo siya ng pamantayan sa pagpili ng mga salitang isasalin: (a) iisang salita lamang hindi parirala; (b) gamitin sa pagtalakay ng disiplinang kinabibilangan at sa komunikasyong pasalita at pasulat. Pagkatapos ay isinalin ang mga salita sa iba’t ibang preferens. Gumamit siya ng diksyunaryong Ingles-Tagalog-Kastila ni Dahl at hiningi ang tulong ng ilang propesor na nagtuturo ng Spanish para sa katumpakan ng salin. Itinala niya ang pinakamalapit na salin ng mga salita sa Agham-Panlipunan. *Purposive sampling* ang ginamit niya sa pagpili ng gagamiting kalahok sa gagawing sarbey. Bumuo siya ng isang talatanungan na gagamitin sa sarbey

at nagsagawa ng balidasyon ng talatanungan sa mga eksperto partikular sa mga gurong nagtuturo ng Filipino para sa katumpakan at kabisaan ng pag-aaral bago pa isagawa sa target na kalahok. Ginamit niya ang pamaraang istadistiko na pagkuha ng bahagdan ng sagot sa bawat bilang. Sinuma ang kabuuang bahagdan para sa bawat pamamaraang pinili at paghahanay sa mga ito sa talahanayan. Gumamit ng graph upang ipakita ang ginawang pamimili ng mga kalahok sa bawat katawagan at makita ang pagkakaiba ng mga piniling pamamaraan. Paghahanay ang ginamit upang ipakita ang higit na nais na pagpapayaman sa mga katawagan ng mga kalahok.

Pinatunayan sa pag-aaral na ito na may malaking impluwensya ang oryentasyon ng mga kalahok sa pagpili ng pamamaraan sa panghihiram ng mga salita sa Agham-Panlipunan. Natuklasan din na hindi mahirap hanapan ng katumbas ang mga salitang teknikal sa nasabing aralin. Lumalabas din na wala sa intelektwalisasyon ng wika ang problema sa usapang pangwika kundi sa pag-iisip at pagtanggap ng mga gumagamit. Ayon sa pag-aaral na ito, mas madaling manghiram ang Filipino sa Kastila sapagkat parehong konsistent ang sistema ng pagbabaybay sa dalawang wikang ito.

Sa pag-aaral na ito ni Ampil sinabi niyang malaking impluwensya ang oryentasyon ng mga kalahok sa pagpili ng pamamaraan sa panghihiram, hindi mahirap hanapan ng katumbas ang mga salitang teknikal sa Agham-Panlipunan, na wala sa intelektwalisasyon ng wika ang problema sa usapang pangwika kundi sa pag-iisip at pagtanggap ng mga gumagamit. Ang mga ideyang ito ay nagsilbing hamon sa mag-aaral na ito na gumawa ng pagsalin sa mga teknikal

na salita sa Agham-Panrehabilitasyon at sikaping matanggap at magamit ang Filipino ng mga guro at mga mag-aaral sa Kolehiyo ng mga Agham Panrehabilitasyon.

Sa pag-aaral ni Camorro (2003), na may pamagat na Glosaryo ng mga Katawagan at mga Babasahing Filipino-Manobo sa Pagsasaka na naglalayong gumawa ng glosaryo sa pagsasaka. Ito'y isang deskriptibong pag-aaral at kumuha siya ng mga terminong isinalin sa mga aklat, pamphlets at brochures na pampagsasaka. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga dalubhasa sa pagsasaka, mga tagasalin at mga tagarepaso.

Napatunayan sa kanyang pag-aaral ang sumusunod: 1). Upang higit na matiyak ang katumpakan ng mga katawagang kinalap ay kailangang maging matiyaga ang isang mananaliksik sa paglikom ng mga datos mula sa mga impormante at taong may kinalaman sa paksa ng pananaliksik, 2). Ang mga glosaryong bilingguwal para sa mga disiplinang teknikal ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng paggamit bilang batayan sa mga sistematikong metodolohiya na ginagamit sa mga nagdaang pag-aaral, 3). Ang isang glosaryong bilingguwal ay dapat ihanda ng mga lingguwista at mga taong bihasa sa pagsasalita ng dalawang wikang ginagamit sa pag-aaral, at 4). Mahalagang kagamitan sa pagtuturo ang inhandang glosaryo para sa mga mag-aaral na Manobo sa Agusan del Sur sa dahilang mapapadali ang pag-unawa nila ng mga katawagan sa Filipino.

Kapwa naglalayong makabuo ng glosaryo ang pag-aaral ni Camorro at ang kasalukuyang pananaliksik subalit magkaiba ng larangang tinalakay, ang

kasalukuyang mananaliksik ay nakatuon sa Agham Panrehabilitasyon, ang kay Camorro ay nauukol sa pagsasaka. Kapwa pumili ng mga respondenteng eksperto sa larangang pinag-aaralan ang dalawang pag-aaral na ito subalit nagkakaiba ang dalawang pag-aaral sa mga kasangkot na wika. Ang kasalukuyang pag-aaral ay nagsalin ng mga termino mula sa Ingles patungo sa Filipino samantalang ang kay Camorro ay mga wikang Filipino at Manobo ang kasangkot sa pagsasalin.

Isang pag-aaral ang isinagawa nina Otero at ng kanyang kasama (2002) na makabuo ng glosaryo sa Edukasyon. Ang interes ng pag-aaral na ito ay isang paraan tungo sa pagpapaunlad ng mga salita (*lexical expansion*) sa pamamagitan ng proseso ng kodipikasyon ng mga terminong gamit sa pagtuturo sa Kolehiyo ng Edukasyon. Inaasahan din na sa pamamagitan nito ay makabubuo ng isang rehistrong akademiko na Filipino na kinapapalooban ng mga salita o ekspresyong teknikal mula sa labing-apat (14) na disiplina: 1.) Art Education, 2.) Curriculum and Instruction, 3.) Educational Counseling (Guidance) , 4.) Philosophy of Education, 5.) Educational Psychology, 6.) Educational Research, 7.) Educational Technology, 8.) Health Education, 9.) Language, 10.) Reading, 11.) Science Education, 12.) Social Studies, 13.) Special Education, 14.) Teaching in the Early Grades na magagamit sa pagtuturo sa *undergraduate level* at sa iba pang mga pormal na talakayan. Ang prosesong ito ay hakbang tungo sa intelektuwalisasyon ng wika. Inaasahang malalaman din ang antas ng pagtanggap (*acceptability*) ng glosaryo ng iba't ibang *teacher training institution* sa Metro Manila tulad DLSU, FEU, NTC, PLM, PNU, at UST

Ang pag-aaral na ito ay ginabayan ng sumusuunod na konsepto; pagbabago ng wika ni Ferguson (1968), pagpapalano ng wika ni Haugen (1966) at pagsasaling wika (Nida,1964, Larson,1984 at Santiago, 2003). Sa pagbuo ng nglosaryo ay dalawang bahagi ang sinunod: ang unang bahagi ay ang pagbuo ng nglosaryo at ang ikalawang bahagi ay ang pagtataya ng nglosaryo upang malaman ang pagtanggap ng salin. Lumabas sa pag-aaral na positibo ang pagtanggap sa pagkakasalin sa Filipino ng mga termino mula sa Ingles.

Malaki ang pagkakatulad ng pag-aaral na ito nina Otero at kasama sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ginamit ding batayan ng pag-aaral na ito ang konsepto ng pagpaplanong pangwika ni Haugen. Ginamit din ng mananaliksik ang instrument ng pagsukat sa pagtanggap ng mga ebalweytor. Ang kasalukuyang pag-aaral ay gumamit ng mga tagabalideyt na mga propesor sa UST samantalang ang pag-aaral nila ay gumamit ng mga respondenteng mga mag-aaral buhat sa iba't ibang *teaching institution* sa Metro Manila.

Sa disertasyon naman ni Casanova (1998) na may pamagat ng “Pagbuo ng Monolinggwal na Diksyunaryo sa Drama at Teatro” ay isang mahalagang hakbang sa pagpapaunlad ng leksikograpiyang Filipino. Sinikap ng pag-aaral na ito na magamit ang mga katutubo at etnikong salitang Filipino sa larangan ng drama at teatro. Ginamit sa pag-aaral na ito ang palarawang pananaliksik na siya ring gagamitin ng mag-aaral na ito ang pamaraang ginamit ng mananaliksik ay makatutulong nang malaki sa mag-aaral na ito dahil kapwa nauukol sa pagbuo ng talaan ng mga salita sa isang tiyak na larangan ang aming pag-aaral. Ang

ginawa ni Casanova ay monolinggwal na diksyunaryo at ang mag-aaral na ito ay naglalayong makabuo ng glosaryo sa larangan ng Agham Panrehabilitasyon.

Isang komunikatibong salin ang tinangka ni Ramirez (1994) sa isang tekstong “Home Nursing” na nasa Ingles. Ibinatay niya ang kanyang ginawang pagsasalin sa mga teorya nina Newmark at Santiago. Ginamit niya ang mga ilang teknik ni Newmark tulad ng (a) transposisyon (hal. supine posisyon – posisyong tihaya; rectal thermometer – termometrong pampuwit); (b) amplipikasyon (hal. radial pulse – pulso sa may kamay; temporal o carotid artery – ugat na arteryang sa sentido o sa may lalamunan); (c) pagpapaikli, pagdaragdag, panksyunal na katumbas at substitusyon. Ginamit ding gabay ng mananaliksik ang mga simulain nina Santiago na tatlong teknik sa panghihiram ng mga terminong banyaga: (1) panghihiram sa Ingles na pinananatili ang orihinal na ispelang; (2) pagbaybay ayon sa ortograpiyang Filipino ng mga terminong hiram; at (3) paghiram sa Ingles na dumaan muna sa Espanyol at binaybay nang pa-Filipino.

Isinagawa ni Ramirez ang kanyang pag-aaral sa kapakinabangan ng mga nars, caregivers at propesyong nag-aalaga sa may karamdaman. Ang pag-aaral na ito ay umaasang makatutulong sa mga guro at mga mag-aaral na maunawaan nila at magamit ang ilang mahahalagang konsepto sa pakikipagkomunikasyon sa loob ng silid at sa komunidad na magpapraktis sila ng kanilang propesyon bilang mga therapist na siyang tuon ng pag-aaral na ito.

Isang mahalagang kontribusyon sa larangan ng pagsasalin sa Filipino ang disertasyon ni Santiago (1979) tungkol sa elaborasyon ng leksikong teknikal ng Pilipino. Tinangkang alamin ng kanyang pag-aaral ang reaksiyon ng mga impormante hinggil sa mga katawagang Ingles sa pamamagitan ng isang sarbey. Ang mga paraan ng pagpili na tinukoy sa kanyang pananaliksik ay: 1. Panghihiram ng a) wikang Ingles; b) wikang Ingles na binaybay sa Filipino; c) wikang Kastila; at d) wikang Kastila na binaybay sa Filipino. 2. Pagsasalin ng mga katawagang teknikal buhay sa wikang Ingles sa a) kasalukuyang Tagalog (*current Tagalog*); b) sinaunang Tagalog (*archaic Tagalog*); c) mga wikang gamit sa iba't ibang lalawigan (*vernacular*); at d) pagbuo ng salita (*coining*).

Isandaang (100) salitang teknikal mula sa medisina, biyolohiya, kemestri, pisika at matematika ang ginamit niya sa sarbey. Pumili siya ng tatlong daang (300) mag-aaral sa ikaapat na taon ng antas tersarya, mga praktisyuner at mga propesor sa disipinang nabanggit ang kanyang naging tagasagot. Sila ay pawang mga taga-Metro Manila.

Lumabas sa pag-aaral na ang unang preperensiya ng mga tagasagot ay ang kasalukuyang Tagalog at gagamitin lamang ang iba pang preperensiya kung wala nang makuhang katumbas sa kasalukuyang katutubong Tagalog. Ayon sa pag-aaral, hindi maiiwasan ang panghihiram sa ibang wika ngunit ang unang-unang dapat na preperensiya sa panghihiram ay ang binagong baybay ayon sa Abakada bago ang panghihiram sa Ingles nang walang pagbabago.

Nakatuon si Santiago sa mga salitang teknikal mula sa medisina, biyolohiya, pisika at matematika, samantala, ang pag-aaral na ito ay nakatuon

naman sa tatlong larangan sa mga Agham Panrehabilitasyon at ito ay pagbuo ng glosaryo sa mga larangan ng Physical Therapy, Occupational Therapy at Speech-Language Pathology. Gagamitin sa pag-aaral na ito ang isandaang depinisyon ng termino buhat sa mga nasabing larangan. Isasalin sa Filipino at bibigyang kritisismo at pagtataya ng mga ekspertong physical therapist, occupational therapist at speech-language pathologist at tatlong propesor na eksperto sa wikang Filipino.

Ang “Translation Preferences of Educators” ay isang pananaliksik na ginawa nina Otones, Santiago at Baylon noong 1972. Ayon kina Otones, ang suliranin ng isang tagapagsalin sa Filipino ng mga katawagang teknikal na pang- agham buhat sa Ingles ay ang kawalan ng katawagang istandardisado. Kadalasan, walang salitang Filipino ang tuwirang naipapahayag ang katawagan sa Ingles.

Ang panghihiram ng mga banyagang katawagan ay isang tugon sa kawalan ng taal na Filipinong salita. Subalit, anong panghihiram ang gagawin? Limang pagpipilian ang ibinigay nina Otones: (1) salitang Kastila; (2) salitang Ingles; (3) salitang Kastila na binaybay ayon sa Abakada; (4) salitang Ingles na binaybay sa Abakada; (5) Filipinong katawagan na sinauna na maaaring (a) katumbas na salita buhat sa isa sa mga salitang panlalawigan maliban sa Tagalog; (b) sinaunang Tagalog; (k) pagbubuo (coining) ng salita na may hawig sa ginawa sa maugnayin.

Dalawang instrumentong pansarbey ang ginamit nina Otones:

1. Talatanungan na may dalawampung pangungusap sa Ingles, kung saan ang bawat isa ay may katawagang pang-agham. Ang bawat pangungusap ay sinusundan ng salin sa Filipino, ngunit patlang ang katapat ng katawagang pang-agham sa ilalim ng pangungusap na Filipinong pipiliin ng sumasagot sa limang katawagang ang nais niyang isalin o panghihiram.
2. Mga talatang nasusulat sa Ingles na may katawagang pang-agham. Ang mga talata ay isinalin sa limang bersyon ng Filipino na katatagpuan ng mga pagsasalin o panghihiram sa ikalawang talata sa itaas.

Kabilang sa mga sumagot sa pananaliksik nina Otones ay: (1) mga mag-aaral sa ikaapat ng taon sa BSE at BEED; (2) mga dalubguro sa Filipino, Agham at Edukasyon; (3) mga guro sa pampubliko at pribadong paaralan na Tagalog/ di-Tagalog buhat sa lalawigan/ buhat sa lungsod; at (4) mga tagapamahala sa paaralan na Tagalog/ di-Tagalog buhat sa lalawigan/ buhat sa lungsod.

Batay sa kinalabasan ng sarbey, napag-alaman nina Otones ang mga sumusunod: (1) ang mga napiling salin o panghihiram sa katawagan ay gumamit ng mga titik ayon sa Abakada; (2) sa panghihiram higit na napili ang Kastila na may pagbabago sa baybay; (3) marami ring pumili sa mga salitang pangkasalukuyan Tagalog; (4) sa pagbubuo ng tatlong salitang Filipino, napansin ang mga ugat na haba, sukat at sulok sa parihaba, parisukat at tatsulok.

Batay pa rin sa kinalabasan ng sarbey, ang sumusunod na mga gabay sa pagsasalin ay iminungkahi nina Otones:

1. Ituloy ang gamit ng 20 titik sa Abakada para sa mga salitang karaniwang ginagamit;
2. Gamitin lamang ang mga titik Ingles at Kastila na hindi kasama sa Abakada kung ang salita ay “proper nouns” at teknikal at kung ang bilang 1 ay hindi angkop;
3. Hangga’t maaari, gamitin lamang ang mga salitang Filipino na gamit sa kasalukuyan;
4. Humiram sa Kastila sa halip na sa Ingles maliban lamang kung ang salitang Ingles sa pagbabaybay ay karaniwang gamit na sa Filipino;
5. Ang pagbubuo ng salita (coining) ay huwag gawin kung hindi lubhang kailangan at kapag ang mga bilang 1-4 sa itaas ay hindi angkop, kapag ginamit ang pagbubuo ng salita, (a) isa sa mga “constituents” ng nabuong salita ay isang ugat salita na madalas nang gamitin sa Filipino; o ang ibang “constituents” maging ito’y mga “affixes” o mga bahagi ng salita ay nagsasaad ng pakahulugan ng binubuong salita; at
6. Ang panghihiram ng mga hindi pangkaraniwang salita sa mga likas o hindi likas na wika ay gawin lamang kung ang bilang 1-4 sa itaas ay hindi angkop

Bagaman ang tuon ng pananaliksik nina Otañes ay pagsasalin sa Filipino ng mga katawagang teknikal na pang-agham buhat sa Ingles ang pag-aaral na ito naman ay nakatuon sa pagsasalin ng depinisyon ng terminolohiya at naglalayong makabuo ng isang glosaryo.

Sinaliksik naman ni Cervantes (1971) ang mga saloobin sa mga pamamaraan ng mga katawagang pang-agham, ang mga talasukatang ginamit ay Talasukatan ng Kauriang Semantic (Semantic Differential Scale) at ang Talasukatan ng Saloobin (Attitude Scale) na may kaugnayan sa apat na pamamaraan ng pagsasalin ng mga katawagang pang-agham. Ang mga pamamaraan ay (1) maugnayin; (2) impluwensyang Kastila; (3) himig Ingles ngunit baybay Filipino; at (4) himig Ingles, walang pagbabago ang baybay.

Pumili si Cervantes ng tig-apatnapung mag-aaral, guro, at mga propesyunal na pawang taga-Masbate. May makabuluhang pagkakaiba (significant difference) ang sagot ng mga kasali sa apat na pamamaraan ng pagsasalin. Pinili ng mga guro at propesyunal ang impluwensyang Kastila, samantalang ang mga mag-aaral ay kumiling sa himig-Ingles na walang pagbabago sa baybay. Hindi naman lubhang nagkaiba ang kanilang mga saloobin sa ibang pang pamamaraan tulad ng himig-Ingles, baybay-Pilipino ang pangalawang pinili ng lahat na sumagot sa sarbey.

Bagaman, may kaugnayan sa agham ang pag-aaral ni Cervantes bagay na nakatulad sa pag-aaral ay nagkakaiba naman ito sa pamamaraang ginamit at gayundin sa napiling respondente. Ang mga tagasagot niya ay mga taga-Masbate at ang pag-aaral na ito naman ay mga guro sa UST.

Ang pag-aaral na ginawa nina Cantillo, San Juan, Falcutila at Pacaanas, Nicdao, Camorro at Otero at mga kasama ay naglayong makabuo ng glosaryo sa iba't ibang larangan tulad ng sa Isports, Panitikan, Guidance and Counseling, Panteknikal para sa mga mag-aaral ng Technological University of the

Philippines, Pagsasaka at Edukasyon na tulad ng pakasalukuyang pag-aaral nais ding makabuo ng glosaryo. Ang pamaraan ng paglikom ng mga lahok na terminolohiya sa pag-aaral ay magkakatulad sapagkat kinuha ang mga ito sa mga nakalimbag na aklat,dyornal, pamphlet at iba pang uri ng babasahin na ginagamit sa bawat larangang pinag-aaralan. Ang pag- aaral na ito ay gumamit din ng mga respondenteng mga eksperto sa larangan at mga mag-aaral subalit ang pag-aaral na ito ay hindi gumamit ng mga mag-aaral bilang respondente.Halos nagkakatulad din ang instrumentong ginamit ng pag-aaral na ito at ng mga nasabing pag-aaral dahil lahat ay gumamit ng talatanungan. Nagkakaiba rin ang mga lokasyon kung saan isinagawa ang pag-aaral.

Ang mga pananaliksik namang ginawa nina Ampil, Santiago,Cervantes at Otones, Santiago at Baylon ay nakakatulad ng kasalukuyang pag-aaral dahil kapwa ito pagsasalin ngunit ang sa kanila ay nakatuon sa preperensiyang salin mula sa Ingles tungo sa Filipinong mga terminolohiya sa iba't ibang larangan at hindi pagbuo ng glosaryo.

Naging inspirasyon ng kasalukuyang pananaliksik ang mga inilahad na pag-aaral tungkol sa pagbuo ng mga glosaryo at diksyonaryo sa wikang Filipino mula sa rekomendasyon nito.Ang pag-aaral na ito ay isa sa mga kauna-unahang glosaryo na eksklusibo lamang sa larangan ng Agham Panrehabilitasyon.

Sa kabuuan, ang lahat ng mga pananaliksik na ito ay nagkakaisa sa layuning intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pagpapayaman sa leksikograpiya ng wikang pambansa.

KABANATA III

DISENYO AT PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Ang mga akademikong pag-aaral ay kinakailangan ang ibayong pagsisikap at pagtitiyaga upang makagawa ng isang siyentipikong pananaliksik. Ang pananaliksik na ito ay pinagsikapang mabuo sa pamamagitan ng maingat na pagsunod sa mga hakbang at proseso sa akademikong pananaliksik.

3.1. Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwalitatibo, kwantitatibo at debelopmental na pamamaraan ng pananaliksik. Ang palarawang pamaraang ay uri ng kwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik na mabisa sa paglalarawan ng kalagayan ng sitwasyon at katangian ng bagay. Karaniwan itong ginagamit ukol sa pananaliksik sa panitikan, lingguwistika at agham panlipunan. Ito ang napiling gamitin ng kasalukuyang mananaliksik sapagkat ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayong magsalin sa Filipino ng glosaryo sa larangan ng Physical Therapy, Occupational Therapy at Speech-Language Pathology at mataya kung tinatanggap ang ginawang salin.

Kwalitatibo ang isang pananaliksik kapag ibinabatay nito ang interpretasyon, hindi sa estadistika, kundi sa teksto. Ayon kina Denzin at Lincoln (1994), pinag-aaralan ng kwalitatibo na pananaliksik ang mga bagay sa kanilang likas na kapaligiran. Tinatangka nitong bigyang-kahulugan o hanapan ng saysay ang isang penomenon ayon sa kabuluhan nito sa tao. Dagdag pa ni Van Maanen (1979), ang kwalitatibo na pananaliksik ay isang terminong sumasaklaw sa lahat

ng paraan sa pagbibigay-interpretasyon na ang layunin ay maglarawan, maghinuha, magsalin, o magbigay-saysay hindi sa bilang kundi sa kahulugan ng mga likas na penomenong nagaganap sa lipunan. Sinusubukan ng kwalitatibo na pananaliksik na unawain ang kabuluhang nilikha ng tao sa daigdig na kanyang ginagalawan at sa mga karanasang kanyang pinagdaraan (Merriam, 2009).

Gumamit din ang mananaliksik sa pag-aaral na ito ng kwantitatibong pamamaraan ng pananaliksik upang maipaliwanag ang mga numerikal o mga kwantitatibong datos. Ayon kay Muijs (2011), kwantitatibo ang isang pananaliksik na nagpapaliwanag ng penomenon sa pamamagitan ng pagkokolekta ng mga numerikal na datos na inaanalisa gamit ang matematikal na mga metodo, partikular ang estadistika.

Ang pag-aaral na ito ay isa ring debelopmental na pag-aaral sapagkat ang kasalukuyang mag-aaral ay bubuo o mag-dedebelop ng isang Filipinong glosaryo sa mga Agham Panrehabilitasyon.

3.2. Seting ng Pag-aaral

Ang seting ng pag-aaral ay ang Unibersidad ng Santo Tomas (UST). Ang UST ay itinatag noong Abril 28, 1611 sa pangalang Colegio de Nuestra Señora del Rosario. Sa simula, ito'y paaralan para sa kalalakihang naghahangad na maging pari. Makalipas ang ilang taon, pinangalanan itong Colegio de Sto. Tomas bilang pagpapahalaga sa isang Dominikanong *theologian* na si Santo Tomas de Aquino. Nobyembre 20, 1645, mula sa pagiging kolehiyo itinaas ito na maging unibersidad, kasabay ng pagbubukas ng ilan pang mga kurso.

Dahil sa pagpapataliks sa Pilipinas ng Society of Jesus noong 1768, ang UST ang kaisa-isang institusyon na nagbibigay ng mataas na pagkatuto sa bansa. Binigyan din ng katungkulan ng reyna na Espanya ng kapangyarihan na pangasiwaan ang lahat ng paaralan sa bansa. Ang lahat ng diploma na ipinagkaloob ng ibang paaralan ay kailangang dumaan sa superbisyon ng mga Dominikanong guro sa UST.

Noong Setyembre 17, 1902 ipinagkaloob sa UST ang titulong “Royal University” at noong 1947, ito ay kinilalang “The Catholic University of the Philippines”. Dahil sa patuloy na lumalaking populasyon nito, lumipat ang unibersidad sa Sampaloc mula sa dati nitong lokasyon sa Intramuros. Lalong tumatag ang tradisyonal na oryentasyon ng unibersidad nang ginawaran ito ng titulong “Pontifical University” ni Pope Leo XIII. Ang pagpapatayo ni Pope Pius X ng Central seminary ay nagdagdag ng pag-angat ng internasyunal na estado ng unibersidad. Ang sistema ng pagtuturo ay konserbatibo, tradisyunal at limitado. Bilang pinakamatandang unibersidad sa Asya, nananatili pa rin ang wikang Kastila bilang asignatura (6 na yunit) sa mga kurso sa Fakultad ng Sining at Panitik at sa mga kurso sa Kolehiyo ng Agham. Ang wikang Ingles naman ang midyum ng pagtalakay sa lahat ng asignatura bukod pa sa labindalawag (12) yunit sa Ingles na taliwas sa itinakda sa Patakarang Bilinggwal ng Kagawaran ng Edukasyon noong 1987.

Ang Institute ng Physical Therapy ay binuksan noong Hunyo, 1974 para matugunan ang pangangailangang mapangalagaan ang may apat na milyong may kapansanang Pilipino at mayroon lamang 50 kwalipikadong physical

therapist sa bansa. Sa pagbubukas nito, noong una ito ay nasa ilalim ng Facultad ng Paggamot at Pagtitistis na noon ay may apat (4) na taong kurikulum lamang. Sa taong 1988 ay ipinatupad ang binagong limang (5) taong kurikulum. Taong 1993, ang paaralan ay pinagkalooban ng buong awtonomiya. Ang digring B.S. in Occupational Therapy ay binuksan noong 1996. Hindi nagtagal ang dating Institute of Physical Therapy ay pinalitan ng pangalang College of Physical Therapy at noong 2001 ay naging Kolehiyo ng mga Agham Panrehabilitasyon. Nagbukas din ng bagong programa na B.S. in Sports Science at ng M.S. Physical Therapy sa pakikipagtulungan ng Paaralang Gradwado ng unibersidad. Isang bagong programa noong Hunyo, 2009 ang binuksan na kolehiyo, ang B.S. Speech-Language Pathology. Ang mga kursong ito ay patunay lamang na ang kolehiyo ay holistik sa probisyon nitong kalidad ng edukasyon sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon.

Ang Kolehiyo ng mga Agham Panrehabilitasyon ay isa sa mga kolehiyo ng unibersidad na kilala sa Pilipinas at sa ibang bansa sa kahusayan sa larangan ng rehabilitasyon.

3.3. Mga Respondente

Bahagi ng pananaliksik na ito ang siyam (9) na propesor na nagtuturo ng mga asignatura sa mga kursong, Physical Therapy, Occupational Therapy at Speech-Language Pathology. Pumili ng tigtatatlong propesor sa bawat kurso na mag-eebalweyt ng ginawang salin. Pinili ang mga nasabing propesor batay sa sumusunod na krayterya a) nagtapos ng B.S. Physical Therapy, B.S. Occupational Therapy at B.S. Speech-Language Pathology b) nagtuturo sa UST

ng mga nasabing kurso ng tatlong (3) taon o higit pa at c) nakagagamit at nakauunawa ng wikang Ingles at Filipino d) nagpapraktis sa kasalukuyan o nakapagpraktis bilang Occupational Therapist, Physical Therapist at Speech-Language Pathologist. Ang mananaliksik ay pumili naman ng tatlong guro sa Filipino bilang ebalweytor ng salin batay sa sumusunod na pamantayan: 1. nagtapos ng kursong Filipino, 2. may limang taon ng nagtuturo sa Unibersidad ng Santo Tomas, at 3. mayroon ng masteral o doktoral digri. Humingi ng pahintulot ang mag-aaral na ito sa dekana ng Kolehiyo ng Agham Panrehabilitasyon na makapagsagawa ng pananaliksik sa mga guro ng kolehiyo. Humiling ng oras ang mananaliksik sa mga guro upang matiyak ang katumpakan ng isinasagawang pag-aaral at maging madali ang paglikom ng mga datos.

3.4 Instrumentong Ginamit sa Pag-aaral

Bumuo ng talatanungan sa iba't ibang kurso sa larangan ng Agham Panrehabilitasyon para sa mga magsasagawa ng ebalwasyon. Hinalaw at nirebisa ng mananaliksik ang talatanungang ginagamit nina Marietta Reyes – Otero at mga kasama (2002) na isang proyekto ng Sentro ng Wikang Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas. Sinuri ang mga termino ayon sa akseptabilidad o patanggap ng salin sa pamamagitan ng apat (4) na punto ng eskalang *Likert*. Makikita ang sipi ng mga talatanungan sa Apendiks G.

3.5 Proseso sa Pagbuo ng Glosaryo

3.5.1 Pagpili ng mga Lahok na Terminolohiya

Isinagawa ng mananaliksik ang pagsangguni sa mga piling gurong nagtuturo ng mga asignatura sa mga kursong Physical Therapy, Occupational

Therapy at Speech-Language Pathology upang hingin ang talaan ng mga aklat na kanilang ginagamit. Pagkatapos mabasa at masuri ang mga aklat, isa-isang inilista ng mananaliksik ang mga terminolohiya at depinisyon nito na ginagamit sa pagtuturo ng mga kursong Physical Therapy, Occupational Therapy at Speech-Language and Pathology. Kinuha ang mga salitang teknikal mula sa mga sumusunod na aklat na ginagamit sa mga nasabing kurso (Apendiks C).

Nakapagtala ang mananaliksik ng isandaan at pitumpu at anim (176) na terminolohiya at depinisyon sa kursong Physical Therapy, isandaan at dalawampu at tatlo (123) sa Occupational Therapy at isandaan at pitumpu at dalawa (172) sa kursong Speech-Language Pathology. Mula sa mga natipong terminolohiya buhat sa tatlong (3) programa sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon, gumawa ng talatanungan ang mananaliksik na gagamitin sa sarbey para sa mga propesor sa mga Agham Panrehabilitasyon. Pipili lamang ang mga propesor ng isandaang terminolohiya at depinisyon na nais nilang isalin ng mananaliksik batay sa binuong krayterya ng mananaliksik.

3.5.2 Balidasyon ng mga Terminolohiya

Nagsagawa ng sarbey sa tatlong propesor na nagtuturo sa mga kursong Physical Therapy, tatlong propesor sa Occupational Therapy at tatlong propesor sa Speech-Language Pathology kung aling mga terminolohiya ang dapat isalin sa Filipino batay sa mga sumusunod na pamantayan: (1) dalas ng paggamit at pagiging eksklusibo sa larangan, (2) mahalaga ito upang lalong madaling maunawaan ang mga konsepto at (3) hindi lubhang teknikal ang mga salitang

ginamit sa depinisyon. Pinapili ng isandaan (100) sa bawat larangan batay sa nasabing pamantayan.

3.5.3 Pagsasalin ng mga Terminolohiyang Napili

Pagkatapos makapili ng korpus ay isasalin na ang mga ito gamit ang Diksiyunaryong Ingles-Tagalog. Sisikapin ng mag-aaral na ito na kunin ang siyang pinakamalapit na katumbas ayon na rin sa pangangailangan o gamit nito sa Agham Panrehabilitasyon. Gagamiting gabay sa pagsasalin ng mananaliksik ang simulain ni Newmark na komunikatibong salin at ang kanyang mga teknik sa pagsasaling teknikal.

3.5.4 Internal o Pansariling Balidasyon

Matapos maisalin ng mananaliksik ang mga terminolohiya at mga depinisyon nito ay muling babalikan at susuriin ng mananaliksik ang ginawang salin. Nais tiyakin ng mananaliksik kung naging sapat ang salin sa bawat termino. Gumawa siya ng sariling pagwawasto o pansariling balidasyon sa pamamagitan ng sariling editing, binago ang mga dapat baguhin at pinalitan ang mga salitang itinumbas na hindi angkop dahil hindi ito tumutugon sa kahulugang tinutukoy ng orihinal na teksto.

3.6 Pagtataya/Balidasyon ng Glosaryo

Nagsagawa ng ebalwasyon ang mag-aaral upang mataya ang kasapatan ng paglilipat ng mensahe sa bagong midyum o tunguhang lenggwahe (TL) at mataya rin ang mga kalakasan at kahinaan ng mga bahaging isinalin.

Isinasagawa ang ebalwasyon ng mga eksperto sa larangan at mga eksperto sa wikang Filipino para makatiyak ang nagsalin kung ang ginawa niya

ay wasto, malinaw at maiintindihan ng target na mambabasa ng teksto. Hakbang ito para magkaroon ng dagliang *feedback* ang nagsalin sa kanyang ginawang salin.

Ang talatanungan ay binubuo ng tatlong bahagi: (1) mga mahahalagang impormasyon tungkol sa mga propesor na ebalweytor tulad ng pangalan, natapos na kurso, taon ng pagtuturo at kung nagpapraktis ng propesyon (2) liham na humiling ng kooperasyon para sa pagsusuri sa ginawang salin ng mananaliksik. Ipinaliliwanag sa bahaging ito ang layunin ng sarbey at proseso ng pagtataya at (3) ang talatanungan ay naglalaman ng mga terminolohiya at mga depinisyon isinalin ng mananaliksik. Ginamit ng mananaliksik ang *Likert* o *Summative Scale*. Ito ay isang uri ng *psychometric scale* na karaniwang ginagamit kung tumutugon sa isang aytem na *Likert* sa talatanungan. Ang tagatugon ay nagsasabi ng kanilang antas ng pagsang-ayon sa pahayag. Ito ay isang *bipolar scaling method*, sinusukat kung positibo o negatibo ang tugon sa pahayag. May pagkakataong ginagamit ang *four point scale* o apat na pamiliang tugon kung ang mga bilang ay pares (*even*) at walang panggitnang neutral o hindi tiyak sa pagpipilian (Trochim, 2008). Sa ganitong sitwasyon ginamit ng mananaliksik ang *Acceptability Scale* na may apat na pagpipilian upang matiyak ang pagtanggap ng pagkakasalin. Ang ebalweytor ay maglalagay lamang ng tsek (✓) sa mga opsyong pinagpipilian. Ang mga opsyong pagpipilian ay:

- 4 Lubos na Tinatanggap (Natural at karaniwan ang pagsasalin
kaya't lubos na tinatanggap)

- 3 Tinatanggap (Hindi gaanong natural ang pagsasalin. Hindi umaayon sa estruktura at normal na gamit sa Filipino. Maaaring gamiting madalas.)
- 2 Hindi Gaanong Tinatanggap (Hindi umaayon sa natural na estruktura ng wika ang pagsasalin at asiwa ang dating sa normal na gamit, subalit maaaring gamitin paminsan-minsan o kung walang ibang pagpipilian.)
- 1 Hindi Katanggap-Tanggap (Asiwang-asiwa/ Napakahindi natural ang pagkakasalin kaya't hindi ito matanggap.)

Pagsama-samahin ang mga iskor na inilagay ng mga propesor sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon at mga propesor sa wikang Filipino sa *Acceptability Scale* (tingnan ang kabuuang tally ng ginawang pamimili ng mga propesor sa Agham Panrehabilitasyon sa Apendiks H) at pagkuha ng *median response* sa siyam (9) na propesor. Susuriin ang *median response* sa bawat termino. Ang mga salitang may *median response* na 2 at 1 ay nangangahulugang Hindi Gaanong Tinatanggap at Hindi Katanggap-tanggap ang pagkakasalin. Ang mga salita naman na may *median response* na 4 at 3 ay hindi na gagalawin. Nangangahulugang ito ay Lubos na Tinatanggap at Tinatanggap na.

3.7 Estadistikal na Tritment

Gumamit ang mananaliksik ng mga pamaraang estadistikal. Ang lahat ng datos ay ipinasok, naproseso at sinuri gamit ang MS Excel at Stata 11.

3.7.1 Pamaraang Deskriptibo

Ito ay isang uri ng metodong estadistikal na ginagamitan ng *frequency*, *proportion*, at *median response*.

Frequency- bilang ng tagasagot at bilang ng tugon

Proportion- nagpapakita ng bahagi ng isang kabuuan

$$\text{Pormularyo: } \frac{\text{bilang ng tugon}}{\text{bilang ng kalahok}} \times 100 \text{ o } \frac{n}{N} \times 100$$

Median Response- Ginagamit upang makuha ang pinakagitnang tugon ng mga kalahok sa pag-aaral. Ito ay may pormulang

1. *middle most response if the number of responses are odd.*

2. *position of response = $\frac{\text{total number of responses}+1}{2}$ if the responses are even*

3.7.2 Chi-square test for independence

Ang pagkakapareho ng mga sagot ng mga propesor sa wikang Filipino at ng mga propesor sa mga Agham Panrehabilitasyon ay sinuri gamit ang “chi-square test for independence” na may pormulang:

$$X^2 = \sum [(O_{r,c} - E_{r,c})^2 / E_{r,c}]$$

Kung saan ang $O_{r,c}$ ay ang naobserbahang bilang ng sagot at ang $E_{r,c}$ ay ang inaasahang bilang ng sagot. Itinuring na may pagkakaiba ang sagot ng mga propesor sa wikang Filipino at ng mga propesor sa mga Agham Panrehabilitasyon kung ang p-value na nakalkula ay ≤ 0.05 .

3.8 Rebisyon

Pagkatapos malikom ang mga talatanungan, isasaalang-alang ng mananaliksik ang mga preperensya sa terminolohiya at baybay gayundin ang mga pagbabawas, pagdaragdag o pagpapalit ng mga depinisyon batay sa mga ibibigay na mungkahi ng mga ebalweytor.

3.9. Pagbuo ng Pinal na Draft ng Glosaryo

Ang pinal na *draft* ng glosaryo ay nabuo sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga eksperto sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon upang hingin ang talaan ng mga aklat na ginagamit nila sa pagtuturo ng kanilang mga asignatura sa Physical Therapy, Occupational Therapy at Speech – Language ang Pathology. Matapos basahin at suriin ang mga glosaryo ng mga nasabing aklat ay gumawa ng talaan ng mga termino at depinisyon nito ang mananaliksik. Nang matapos ang ginawang talaan ay pumili ng tatlong (3) propesor sa bawat programang panrehabilitasyon batay sa ginawang pamantayan ang mananaliksik para gumawa ng pamimili sa mga terminong naitala. Ito ay nilimitahan lamang sa isandaang (100) termino sa bawat programa kaya gumawa ng pamantayan ang mananaliksik sa gagawing pamimili sa mga termino. Matapos i-tally ang bawat bilang ng talatanungang sinagutan ng mga propesor ay nabuo na ang tig-iisandaang (100) termino na isinalin ng mananaliksik. Ang pinal na listahan ng mga termino at depinisyon ay isinalin ng mananaliksik gamit ang simulain at teknik sa pagsasaling teknikal ni Newmark. Gumawa ng internal o pansariling pagtataya, balidasyon at rebisyon bago

nagsagawa ng pagtataya at balidasyon ng mga eksperto sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon at sa wikang Filipino.

KABANATA IV

PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN

SA MGA DATOS

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong makabuo ng isang glosaryo sa mga Agham Panrehabilitasyon. Ang pananaliksik ay isinasagawa sa pamamagitan ng mga hakbang na nabanggit sa Kabanata III at binigyang interpretasyon ang mga datos na nalikom buhat sa ginawang sarbey sa mga eksperto sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon at sa mga eksperto sa wikang Filipino.

4.1 Proseso ng Pagpili ng Lahok na Termino

Sa proseso ng pagpili ng mga lahok na terminolohiya sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon ay sumangguni ang mananaliksik sa mga piling guro na nagtuturo ng mga asignatura sa kursong Occupational Therapy, Physical Therapy at Speech Language Pathology. Matapos ang kanilang ginawang pamimili ay makikitang ang mga lahok na termino ay nauukol sa karamdaman, tritment o mga therapy na ginagawa sa pasyente at mga mahahalagang konsepto sa kanilang larangan.

4.2 Proseso ng Pagsasalin

Isinalin ng mananaliksik ang mga terminolohiya at depinisyon batay sa gabay ang simulain ni Newmark na komunikatibong salin at ang kanyang teknik sa pagsasaling teknikal. Gumamit ang mananaliksik ng mga Diksyunaryong Ingles-Tagalog bilang sanggunian sa ginawang pagsasalin.

Ilang halimbawa sa mga teknik sa pagsasaling teknikal ni Newmark na ginamit ng mananaliksik sa pagsasalin ng mga terminolohiya sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon.

1. Transference (Adaptasyon) - Marami sa mga terminolohiya sa mga Agham Panrehabilitasyon ay walang pagbabago sa ispeling sapagkat ang mga salitang ito ay pekyulyar o ginagamit lamang sa larangang ito.

Halimbawa

A. Occupational Therapy

Ingles	Filipino
1. Gross Coordination	Gross Coordination
2. Motor Skills	Motor Skills
3. Work Hardening	Work Hardening

B. Physical Therapy

Ingles	Filipino
1. Angina Pectoris	Angina Pectoris
2. Cardiac Output	Cardiac Output
3. Cryotherapy	Cryotherapy

C. Speech Language Therapy

Ingles	Filipino
1. Affricate	Affricate
2. Canonical babbling	Canonical babbling
3. Wernicke's aphasia	Wernicke's aphasia

2. One to One Translation (Sansalita-salitang Pagsasalin) - Literal na salin na may isa-isahang tumbasan ang salita, parirala, sugnay sa sugnay o

pangungusap sa pangungusap ay ginagamit ng mananaliksik sa pag-aaral na ito.
Ginamit ito sa mga depinisyon ng mga sumusunod na terminolohiya.

Halimbawa

A. Occupational Therapy

Ingles: Disability - impairments, limitations, of activity

Filipino: Kapansanan - mga kapinsalaan, limitasyon sa gawain at
tungkulin, at mga restriksyon sa
gawain.

B. Physical Therapy

Ingles: Abduction - movement of a bone or limb away from the
middle of the body

Filipino: Abdaksyon - kilos ng buto o braso palayo mula sa gitna
ng katawan.

C. Speech Language Pathology

Ingles: Bolus - the rounded mass of food prepared by the mouth
for swallowing (after chewing)

Filipino: Bolus - ang pabilog na masa ng pagkain na inihahanda
ng bibig para sa paglunok (matapos ang
pagnguya)

3. Through Translation (Saling-hiram) - Ang saling-hiram na ginagamit sa
pagsasalin ng mga karaniwang *collocation* halimbawa dalawa o higit pang salita

na natural na nagsasama. Sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon ay madalas na kakikitaan ng ganitong mga terminolohiya.

Halimbawa

A. Occupational Therapy

Executive function - Tungkuling tagapagpaganap

Clinical Reasoning - Pangangatwirang klinikal

B. Physical Therapy

Muscle spasm - pamumulikat ng kalamnan

Parallel bars - magkaagapay na baras

C. Speech Language Pathology

Auditory Stimulation- pagbibigay sigla sa pandinig

Avoidance Behaviors- pag-iwas na mga pag-uugali

4. Naturalisation (Naturalisasyon) - Ang naturalisasyon ay madalas ring ginagamit sa pagsasalin ng mananaliksik dahil maraming termonolohiya ang iniadap sa normal na pagbigkas o iniaayon sa ortograpiya ng wikang Filipino.

Halimbawa

A. Occupational Therapy

Ergonomics- ergonomiks

B. Physical Therapy

Abduction- abdaksyon

C. Speech Language Pathology

Syntax- sintaks

Coarticulation- koartikulasyon

5. Lexical Synonym (leksikal sinonim) - Ang leksikal na sinonim ay ginagamit upang maisalin sa pinakamalapit na katumbas o kasingkahulugan sa wikang Filipino sa mga terminolohiya at depinisyon sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon.

Halimbawa

A. Occupational Therapy

Establish, restore (remediation, restoration) - Pagtatatag,
pagpapanumbalik
(paglulunas;
pagpapanumbalik)

Generalization- Paglalahat

B. Physical Therapy

Direct access - Tuwirang paglapit

External rotation - Palabas na pag-ikot

C. Speech Language Pathology

Cleft palate - bingot na ngalangala

Cleft lip - bingot na labi

6. Transposition (transposisyon) - Ang transposisyon ay nagamit din sa pagsasalin sa mga depinisyon ng mga terminolohiya dahil may mga pagkakataong nagkakaroon ng pagbabago sa gramatika ng pinagmulang wika kapag isinasalin na sa wikang Filipino.

Halimbawa

A. Occupational Therapy

Adaptation - Occupational therapy practitioners enable participation by modifying a task, the method of accomplishing the task, and the environment to promote engagement in occupation.

Adaptasyon - Ang mga praktisyuner na Occupational therapy ay nakapagbibigay ng pagkakataon sa pakikilahok sa pamamagitan ng pagbabago ng pamamaraan para tapusin ang gawain at ang kapaligiran para itaguyod ang gawain.

B. Physical Therapy

Ventral - the belly side

Ventral - ang gawing bahagi ng tiyan

C. Speech Language Pathology

Hearing impairment - Below normal hearing ability

Kapansanan sa pandinig - Mababa sa normal na kakayahang makarinig

7. Modulation (Modulasyon) - Ang teknik na ito ng pagsasalin ay napakahalaga sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon sapagkat maraming terminolohiya na may kakaibang kahulugan dahilan sa kakaibang konteksto nito sa ibang larangan.

Halimbawa

A. Occupational Therapy

Occupation - Makabuluhang ginagawa ng tao

History - Occupation - Pananakop

Labor - Occupation - Trabaho

8. Cultural Equivalent (Kultural na Katumbasan) - ito ay isang pagsasaling malapit o halos wastong salin na kung saan ang isang kultural na salita sa simulaang lenggwahe ay isinalin sa katimbang ding kultural na salita na ginagamit sa ilang mga terminolohiya sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon

Halimbawa

A. Occupational Therapy

Dressing- Pagbibihis

B. Physical Therapy

Walker- Andador

C. Speech Language Pathology

Cleft lip - Bingot sa labi

Cleft palate - Bingot sa ngalangala

9. Functional Equivalent (Panksyunal na Katumbas) - ang panksyunal na katumbas ay pagsasaling ibinibigay ang higit na gamitin at tinatanggap na katumbas o kahulugan na ginagamit sa ilang mga terminolohiya sa pag-aaral na ito.

Halimbawa

A. Occupational Therapy

Activities of daily living - mga gawain sa pangangalaga sa sarili

B. Physical Therapy

Auxillary crutches - saklay sa kili-kili

Endurance - tibay o tatag ng katawan

C. Speech Language Pathology

Intelligibility - kalinawan sa pagsasalita

10. Descriptive Equivalent (Amplipikasyon) - Ang amplipikasyon ay pagsasaling ginagamit ang paglalarawang gaya ng paggamit ng pariralang pangngalan o pang-abay na sugnay na makikitang ginamit din sa pagsasaling ginagawa sa mga terminolohiya sa mga Agham Panrehabilitasyon.

Halimbawa

A. Occupational Therapy

Prevention - Paraan ng pag-iingat

B. Physical Therapy

Dysfunction - Di normal na pagtatrabaho ng anumang bahagi ng katawan

Dyspnea - kinakapos ng hininga

C. Speech Language Pathology

Congenital hearing loss - kawalan ng pandinig mula pagkabata

Lisp - pautal na pagbigkas

11. Recognized Translation (Kinikilalang Salin) - Ito ay saling tinatanggap ng marami na ano mang institusyunal na termino.

Halimbawa

A. Occupational Therapy

Home establishment and management - Pagtatatag ng tahanan at pamamahala

Independence - Kalayaan

B. Physical Therapy

Handicap- kapansanan

Inspiration- paghinga

C. Speech Language Pathology

Fluency- katatasan

Morpheme- morpema

Sa ginawang pagsasalin ng mananaliksik ay masasabing nagamit ang mga teknik sa pagsasaling teknikal ni Newmarkl sa mga terminolohiya at depinisyon sa larangan ng mga Agham Panrehabilitasyon.

4.3 Internal/ Pansariling Balidasyon

Nagsagawa ng sariling balidasyon ang mananaliksik sa ginawang salin sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagbabasa at pagwawasto ng mga nakitang hindi angkop sa ginawang salin alinsunod sa mungkahing pagsubok sa salin nina Almario et al. (2003).

4.4 Pagtataya/ Balidasyon ng Glosaryo

Bahagi ng pagtataya/balidasyon ay gumawa ang mananaliksik ng talatanungan sa kursong Occupational Therapy, Physical Therapy, at Speech-Language Pathology (Apendiks G). Ginawa ang sarbey upang matiyak ng mananaliksik kung malinaw at naiintindihan ng mga target na mambabasa ang ginawang salin.

Matapos malikom ang mga talatanungan, isinaalang-alang ng mananaliksik ang mga preperensyang terminolohiya at baybay na iminungkahi ng mga nagsagawa ng balidasyon. Nagsagawa rin ng pagbabawas, pagdaragdag, at pagpapalit ng mga depinisyon batay sa mga ibinigay na mungkahi ng mga ebalweytor. Ginawan ng rebisyon ng mananaliksik ang mga terminolohiya at depinisyon sa kursong Occupational Therapy, Physical Therapy at Speech-Language Pathology (Apendiks I).

4.5 Pagbibigay- Interpretasyon sa mga Datos

4.5.1 Pagbibigay- Interpretasyon sa mga Datos sa OT




Figura 1: Paglalarawan ng ebalwasyong ginawa ng mga propesor sa kursong Occupational Therapy

Sa pigura 1 ay makikitang apatnapu at tatlong bahagdan (43%) o apatnapu at tatlo (43) mula sa kabuuang isandaang (100) terminolohiya at depinisyon ang lubos na tinatanggap ng mga propesor sa kursong Occupational Therapy. Ang mga terminolohiyang ito ay ang sumusunod: (Ang depinisyon ng mga terminolohiya ay makikita sa Apendiks G.)

1. **ebalwasyon**
2. **ergonomiks**
3. **gawain**
4. **interbensyon**
5. **kapansanan**

6. **kinalabasan**
7. **klinikal na pangangatwiran**
8. **kliyente**
9. **kognisyon**
10. **konteksto**
11. **kontekstwal na mga katangian**
12. **laro**
13. **mga interes sa mapapasukan at mga hangarin**
14. **mga pangangailangan sa gawain**
15. **mga paraan ng interbensyon**
16. **mga tungkulin**
17. **muling ebalwasyon**
18. **nakatutulong na mga gawain sa araw-araw na pamumuhay**
19. **okupasyunal na propayl**
20. **pagagrado**
21. **pagbibihis**
22. **paggalugad sa pamamahinga**
23. **paghahanap at pagkamit ng trabaho**
24. **paghahanda sa pagtulog**
25. **pagkokondisyon**
26. **paglahok sa pamamahinga**
27. **paglalahat**
28. **pagmamaneho at kadaliang paggalaw sa komunidad**

29. **pagsusuri sa gawain**
30. **pagsusuri sa okyupasyunal na paggawa**
31. **pagtantiya**
32. **pagtatatag ng tahanan at pamamahala**
33. **pagtatatag, pagpapanumbalik (paglulunas, pagpapanauli)**
34. **pakikilahok**
35. **pakikilahok sa laro**
36. **pakikilahok sa pormal na edukasyon**
37. **pamamahala sa kalusugan at pagpapanatili**
38. **pangangalagang nakatuon sa kliyente (pagpapraktis na nakatuon sa kliyente)**
39. **proseso**
40. **proseso ng konsultasyon**
41. **tungkuling tagapagpaganap**
42. **tunguhin**
43. **wellness**

Proseso (Process) (OT)- Paraan na ang propesyonal na occupational therapy ay pinapairal ang kanilang kadalubhasaan para magbigay ng mga serbisyo sa mga kliyente. Ang proseso ng occupational therapy ay kabilang ang ebalwasyon, interbensyon at ang mga inaasam na mga kalalabasan; nangyayari sa loob ng saklaw na larangan ng occupational therapy; at kasangkot ang kolaborasyon ng mga occupational therapist, katuwang na occupational therapy at ng kliyente.

Proseso ng konsultasyon (Consultation Process) (OT)- Uri ng interbensyon na ang praktisyuner ay gumagamit ng kanilang kaalaman at kahusayan sa pakikipagtulungan ng kliyente, bahagi ang pagtukoy sa suliranin, paglikha ng mga posibleng solusyon, pagsubok sa mga solusyon, at pagpapalit ng mga ito kung kinakailangan para mas maging epektibo; ang konsultant ay walang direktang pananagutan sa magiging kalalabasan ng interbensyon.

Prosesong occupational Therapy (Occupational therapy process) (OT) - Pamamaraan problema at solusyon ay ginagamit ng mga praktisyuner na occupational therapy para matulungan ang mga kliyente na mapabuti ang kanilang okupasyonal na paggawa; binubuo ng pagpili ng teorya, ebalwasyon, depinisyon ng problema, pagpapalano ng interbensiyon, pagsasakatuparan ng interbensyon at muling ebalwasyon.

Re- ebalwasyon (Reevaluation) (OT)- Muling pagtataya sa pagganap ng kliyente at mga layunin para alamin ang uri at dami ng pagbabago na nagawa.

Rehabilitasyon (Rehabilitation) (OT)- Mga serbisyong panrehabilitasyong ibinigay sa mga taong nakakaranas ng mga kakulangan sa mahahalagang parte ng pisikal at iba pang uri ng gawain o mga limitasyon sa pakikilahok sa mga gawain sa pang-araw-araw na buhay. Ang mga interbensyon ay idinisenyo upang makatulong ang mga bagay na nagawa o naisakatuparan at pagpapanatili ng pinakamahusay na pisikal, padama, pangkaisipan, sikolohikal, at mga antas ng pagtupad. Ang serbisyong panrehabilitasyon ay nagbibigay ng kagamitan at mga teknik na kinakailangan para makamit ang inaasam na mga antas ng kalayaan at pansariling determinasyon.

Subhetibo, Obhetibo, Asesment, Plano (SOAP) (SOAP (Subjective, Objective, Assessment, Plan)) (OT)- Isang uri ng tala ng pag-unlad na nasususkat sa batayang pormat upang madaling makita ang mga tiyak na impormasyon

Trabaho (Work) (OT)- Paggawa o pagsisikap; para nakagawa, makabuo, makayari, o hubugin ang mga bagay para isaayos, planuhin o suriin ang mga serbisyo o mga proseso ng pamumuhay o pamamahala; mga okupasyong buong-pusong ginagampanan, mayroon man o walang pinansyal na kapalit.

Tungkulin bilang tagapagpaganap (*Executive Function*) (OT) – Kakayahang mag-organisa, lumutas ng problema, at magsakatuparan ng malayang gawi.

Tunguhin (*Goal*) (OT) – Nasusukat at makabuluhan, batay sa okupasyon, pangmatagalan o pangmaikling panahong layunin na may tuwirang kaugnayan sa kakayahan ng kliyente at pangangailangan sa pagtupad ng mga nais na okupasyon.

Wellness (*Wellness*) (OT)- Pagkakaunawa sa at responsibilidad para sa kabutihang sikolohikal at pisikal ang mga ito ay nagbibigay ng pangkalahatang kasiyahan sa sitwasyon ng buhay ng isang tao.

Work Hardening (*Work Hardening*) (OT)- Lubhang binalangkas, malayunin, programa sa indibidwal na paggamot o paglunas na nakadiseno para lubusang magamit ang kakayahan ng indibidwal na muling makapagtrabaho.

Glosaryo sa Physical Therapy

Abdaksyon (*Abduction*) (PT)-pagkilos ng buto o braso palayo mula sa gitna ng katawan

Adaksiyon (*Adduction*) (PT)—Paggalaw ng buto o braso patungo sa gitna ng katawan.

Aktibong distansyang abot ng paggalaw (*Active range of motion*) (PT) - kakayahan ng pasyente na boluntaryong igalaw ang braso sa kabuuan ng paggalaw.

Aktibong umaasisti sa distansyang abot ng paggalaw (*Active assistive range of motion*) (PT) - paggalaw ng kasukasuan na ang pasyente ay maaaring tulungang manwal o mekanikal sa kabuuan ng paggalaw.

Andador (PT) – Isang pansuportang aparato na karaniwang may apat na pinaglalapatan na inilalagay sa sahig at may balangkas na sumusuporta sa bigat ng pasyente at nagbibigay katatagan sa panahon ng paglalakad.

Angina Pectoris (*Angina Pectoris*) (PT)- Pakiramdam na may pananakit sa dibdib. Isang kondisyon na ang kalamnan ng puso ay nagkukulang sa tinatanggap na dugo

Atake o cerebrovascular accident (PT) – Neyurolohikong problema na nagmumula sa paghinto at kakulangan ng suplay ng dugo sa utak.

Cardiac Output (*Cardiac Output*) (PT) - Ang dami ng dugo na ibinobomba sa bawat pagtibok ng puso.

Coma (*Coma*) (PT) -isangkalagayan na nakapikit ang mata (kahit may masakit), pagkabigong sumunod sa mga utos, at kawalang-kakayahan na makasambit ng mauunawaang mga salita.

Cryotherapy (*Cryotherapy*) (PT) - Paggamit ng *cold agents* upang mapabagalang daloy ng dugo at metabolismo, na nagreresulta sa pagbagal ng pamamaga at pagkirot.

Dayagnosis (*Diagnosis*) (PT) - Panghuling interpretasyon ng mga natuklasan o nakalap na impormasyong ibinatay sa mga eksaminasyon.

Di paggana (*Dysfunction*) (PT) - Anumang kawalang kakayahan sa paggawa.

Dislokasyon (*Dislocation*) (PT) - Pagkawala sa dating lokasyon ng buto o ng gulugod ng katawan mula sa normal na posisyon.

Distansyang abot ng pagkilos (PT) – pagkilos sa kasukasuan

Distansyang abot ng pagkilos na ehersisyo (PT)– Ehersisyo para sa madaliang pagpapagalaw ng kasu-kasuan. Ito ay may dalawang kategorya, aktibo at pasibo. Ang aktibong ROM na ehersisyo ay kasangkot ang boluntaryong pagkilos ng paa, kamay, braso sa pamamagitan ng kabuuang pagkilos ng paa; pasibong ROM ehersisyo ay nasasangkot ang pagpapagalaw ng therapist sa paa, kamay, braso na walang tulong pasyente.

Dyspnea (Dyspnea) (PT)–Kinakapos ng hininga.

Ekstensyon (Extension) (PT) - Kilos na nagdaragdag o itinutuwid ang angulo sa pagitan ng dalawang magkatabing mga bahagi ng katawan o mga buto.

Ergonomiks (Ergonomics) (PT) - Ang pagsasaalang-alang kung paano ang lugar na pinagtrabahuhan ay nakaaangkop sa tao at kanyang gawain.

Eyrobik na ehersisyo (Aerobic exercise) (PT) - Anumang matatagalang ehersisyo na kung saan ang kinakailangang lakas ay natutustusan ng oksiheno na nasa sistema.

Goniometer (Goniometer)(PT) - Instrumentong ginagamit para sukatin at maidokumento ang *range of motion*.

Goniometry (Goniometry) (PT)-Mga pamamaraan sa pagsukat at pagdokumento ng *range of motion*.

Hemiparesis (Hemiparesis) (PT) - Parsyal o di kompletong pagkaparalisa na nakakaapekto sa kalahati ng katawan.

Hemiplegia (Hemiplegia) (PT) -Pagkaparalisa ng kalahati ng katawan.

Hydrotherapy (Hydrotherapy) (PT) - Paggamit ng terapeutikong mga epekto ng tubig sa pamamagitan ng paglubog ng bahagi ng katawan o ng buong katawan sa tangki ng tubig.

Ibabaw ng tiyan (PT) – Ang gawing bahagi ng tiyan.

Interbensyon (Intervention) (PT) -Pamamaraang ginagawa sa pasyente/kliyente para makamit ang ninanais na mga kalalabasan.

Istimulasyong Elektrikal (Electrical stimulation) (PT) - Paggamit ng koryente sa tiyak na lokasyon upang pasiglahin ang mga nerbiyo, mga kalamnan, at iba pang malalambot na himaymay para mabawasan ang pangingirot at pamamaga, upang madagdagan ang lakas at antas ng pagkilos, at upang mapabilis ang paggaling ng sugat.

Kapansanan (*Handicap*) (PT) - Ang panlipunang disadbentahe ng isang indibidwal na nagreresulta kung ang kapinsalaan o pagkabalda ay nagiging hadlang sa indibidwal sa pagsasakatuparan ng kanyang normal na tungkulin.

Kasanayan (PT) – Labis na magkaugnay na paggalaw na nagpapahintulot para sa imbestigasyon at interaksyon sa pisikal at panlipunang kapaligiran.

Kawalang kakayahan (*Disability*) (PT)—Ang kawalang kakayahang gawin ang gawain sa paraan o antas na itinuturing na normal para sa indibidwal; ang resulta ng kapinsalaan.

Koordinasyon (*Coordination*) (PT) - Paggamit ng nararapat na kalamnan sa tamang oras na may tamang tindi. Ang koordinasyon ay ang batayan ng maaayos at episyenteng pagkilos, na madalas ay awtomatikong nangyayari.

Lakas (*Strength*) (PT) – Ang kakayahang kalamnan na magprodyus ng tensiyong kinakailangan para maisagawa ang kilos, pagkontrol ng pagkilos o pagpapanatili ng postura.

Lakas ng kalamnan (*Muscle Strength*) (PT) - Pinakamataas na antas ng pagbabanat ng indibidwal na nagagawa sa isang pag-uulit.

Likuran (*Dorsal*) (PT) - Iniuugnay sa likod o sa dakong likuran ng isang istruktura. Ang ilang mga nasa likurang bahagi ng katawan ay likod, puwit, alakalakan, o likod ng binti at ang mga gilid na sugpungan ng daliri ng kamay.

Limitasyon sa Pagtupad (*Functional Liimitation*) (PT) - Pagbaba ng kakayahan ng isang tao na isakatuparan ang gawain, na walang pagsasaalang-alang sa konteksto o kapaligiran.

Magkakaagapay na mga baras (*Parallel bars*) (PT) - Naiaayos at hindi naiaayos na mga baras na metal na pahalang at magkaagapay sa isa't isa at nakakabit sa patayong-tindig upang magbigay ng matatag at hindi gumagalaw na suporta sa taong nangangailangan ng pansuportang aparato.

Manipulasyon (*Manipulation*) (PT) - Tumutukoy sa paggamit ng nakagagaling na puwersa na may hangaring ibalik ang normal na integridad ng himaymay at normal na paggalaw at ang pagtatanggal ng biyomekanikal na pinangagalingan ng kirot.

Manwal na pagsusuri ng kalamnan (*Manual muscle testing*) (PT) - Pagsusuring pinahihintulutan ang therapist na magtakda ng tiyak na grado sa kalamnan, batay sa kung ang pasyente ay may kakayahang iangat ang paa, kamay, o braso, gaano ang manwal na pagkontra ang kayang tagalan, at kung may ganap na saklaw o abot ng paggalaw sa kasukasan.

Masahe (Massage) (PT) - Sistematikong paggamit ng iba't ibang manwal na paghagod na idinisenyo para makapagdulot ng ilang mga epektong pisyolohiko, mekanikal at sikolohikal.

Mga gawain sa araw-araw na pamumuhay (Activities of daily living (ADLs)) (PT) - Mga gawain na ang indibidwal ay lumalahok araw-araw upang matugunan ang kanilang pangunahing mga pangangailangan. Mga halimbawa nito ay paliligo, pagsusuot ng damit, paggamit ng palikuran at pagkain.

Mga Hangarin (Goals) (PT)-Nasusukat, naisasakatuparang layunin na nauugnay sa natukoy na mga suliranin batay sa ebalwasyon ng isang pasyente.

Mga natatanging pagsusuri (PT)– Mga pagsusuring idinisenyo para sa eksaminasyon ng mga partikular na kasukasuan para maipakita ang pagkakaroon o kawalan ng partikular na problema

Mga pangkilikiling saklay (Axillary crutches) (PT) - Kahoy o metal na mga saklay, naiaayos o hindi naiaayos na sukat o angkop sa ilalim ng mga braso at sa kilikili at may hawakan na maaaring hawakan nang mahigpit.

Mobilisasyon (Mobilization) (PT)-Pasibong pagbabanat na mga kilos na ginagawa ng therapist sa bilis na may sapat na bagal na kayang ihinto ng pasyente ang paggalaw.

Mobilisasyon ng kasukasuan (Joint Mobilization) (PT) - Teknik na ginagamit kapag ang isang pesyente na may di normal na pagtratrabaho ng ano mang bahagi ng katawan ay bunga ng paninigas ng kasukasuan o hindi maigalaw; tumutukoy sa tiyak na pasibong paggalaw ng kasukasuan, maaaring paugyugoy (mabilis, paulit-ulit na mga galaw) o hanggang matatagalan.

Modaliti (Modality) (PT) - Pisikal na “agent” na gumagamit ng puwersang pisikal upang maisakatuparan ang hangaring paglulunas. Ano mang penomenong pisikal (hal. pwera, init, lamig, elektrisidad, tunog, ilaw) ay maaaring gamitin.

Motor development (Motor development) (PT) - Proseso ng pagbabago na nauugnay sa edad ng motor na pag-uugali.

Motor Kontrol (Motor control) (PT) - Kakayahang manipulahin ang pagkilos at hindi pagkilos ng mga bahaging musculoskeletal ng katawan.

Motor learning (Motor learning) (PT) - Isang set ng internal na mga proseso na iniuugnay sa praktis o karanasang nagbibigay ng mga permanenteng pagbabago sa kakayahan para sa dalubhasang gawi.

Pamumulikat ng kalamnan (*Muscle spasm*) (PT) - Ang matagal na kontraksyon ng kalamnan bilang tugon sa pagbabago sa lokal na sirkulasyon at metabolismo na nangyayari kapag ang kalamnan ay nagkokontraksyon.

Orthosis (*Orthosis*) (PT) - Isang panlabas na kagamitang ginagamitan na isinusuo para magtakda, mag-asisti ng kilos o kaya naman ay para ilipat ang bigat/karga mula sa isang lugar tungo sa iba.

Osteoarthriti (*Osteoarthritis*) (PT) - Kondisyong naglalarawan ng paglala ng butong- mura na resulta ng maraming taong paggamit. Mga kamay, gulugod, mga tuhod, at mga baywang ang mga madalas na naapektuhan.

Osteoporosis (*Osteoporosis*) (PT) - Pagbaba ng mga mineral sa mga buto dulot ng pagbaba sa produksyon ng mga bagong selula ng buto at pagtaas ng resorpsiyon ng buto.

Padapa(PT) – Pahigang ang mukha ay nakasubsob sa unahang labas ang katawan; paghiga sa tiyan at dibdib o nakadapa

Pagbabaluktot (*Flexion*) (PT) - Paggalaw na binabawasan ang anggulo sa pagitan ng dalawang magkalapit na mga bahagi ng katawan o mga buto.

Pagdepende (*Dependence*) (PT) - Isang kalagayang nangangailangan ng ilang antas ng tulong mula sa ibang tao.

Paghinga (PT) – proseso ng pagpapalitan ng oksiheno at karbon dayoksayd sa hanging inihihinga ng tao at ang mga selula ng katawan.

Pagkabalang sa pagbuti mula sa karamdaman (*Developmental delay*) (PT) - Kabiguan na maabot ang inaasahang mga huwarang kilos o mga pag-uugali na nauugnay sa paglaki ng mga batang may katulad na kronolohiyang edad.

Pagkabanat (PT)– Pagkapunit ng mga himaymay ng kalamnan dahil sa biglaang kontraksyon ng kalamnan o labis-labis napag-uunat ng kalamnan.

Pagkakahanay (*Alignment*) (PT) - Posisyon ng isang bahagi na nauugnay sa iba; ang pagkakahanay ay tumutukoy kapwa sa mga posisyong paanggulo at palinya.

Pagkamakatwiran(PT) – Ang digri na ang isang instrument o kagamitan ay sumusukat sa kung ano ang nakadisenyong sukatin; ang digri na ang instrumentong nagtataya o kagamitan ay nakakayang hulaan ang ugali balang araw.

Pagkamatatag (PT)– Ang kakayahang mapanatili ang matatag na posisyong may tinataglay na bigat, *antigravity* na postura.

Pagkapinsala (Impairment) (PT) - Ano mang pagkawala o abnormalidad sa anatomiko, pisyolohiko, o sikolohikong istruktura o tungkulin, isang direkta at likas na resulta ng patolohiya o insulto.

Pagkilos (Mobility) (PT) - Panimulang pagkilos sa isang huwarang tungkuling antas ng pagkilos na magagamit paramaganap ang pagkilos at may sapat na motor yunit na gawain na magpapakita ng kontraksyon ng kalamnan.

Pagsalat (Palpation) (PT)-Isang metodo ng pagdama sa pasyente sa panahon ng pisikal na pagsusuri sa pamamagitan ng pagsalat at pagdama sa pamamagitan ng mga daliri o mga kamay.

Pagsukat sa kinalabasan (Outcome measure) (PT) - Istandardisadong instrumento na ginagamit para sukatin ang aktuwal o inaakalang mga limitasyon at mga restriksiyon ng pakikilahok at ang kalidad ng buhay o kalagayang pangkalusugan ng indibiduwal.

Pagsusuri (Examination) (PT) -Proseso ng paglikom ng impormasyon tungkol sa nakaraan at kasalukuyang kalagayan ng pasyente /kliyente.

Pagtataya (Assessment) (PT) - pagsusukat na ginagawa ng *physical therapist* upang makagawa ng klinikal na pagpapasya.

Pagtihiya (PT) – Ang posisyon ng braso na inilalagay ang palad pataas, palabas na pag-ikot ng bisig o braso.

Pagtitipid ng Enerhiya (Energy conservation) (PT) - Ang paggamit ng mga estratehiya na magbabawas sa pangkalahatang kinakailangang enerhiya sa gawain at pangkalahatang antas ng pagkapagod.

Pag-uunat (PT) – Anumang therapyutik na hakbang na idinisenyo para pahabain ang *shortened soft tissue structures* at mapataas ang distanyang abot ng pagkilos.

Pahinga (Inspiration) (PT) - Ang aktibong bahagi ng paghinga kung ang paghinga ng isang tao ay papasok. Ito ay tinatawag ding inhilasyon.

Pakiramdam (PT)– Kakayahan sa pagtanggap ng sensori input mula sa loob at labas ng katawan at ihatid ito sa pamamagitan ng *peripheral nerves* at *tracts* sa *spinal cord* hanggang sa utak kung saan ito tinatanggap at binibigyang kahulugan.

Palabas na pag-ikot (*External rotation*) (PT) - Papalabas na pag-ikot sa paligid ng aksis.

Pamamaga ng litid (PT) –Pamamaga ng litid, isang istrukturang matatagpuan sa dulo ng mga kalamnan at nagkakabit ng kalamnan sa buto.

Pantulong na kagamitan (*Assistive device*) (PT) - Kagamitang nagbibigay sa mga indibidwal ng tulong upang maisagawa ang mga gawain o kaya sa panahon ng madaling pagkilos o paggalaw. Kabilang sa mga halimbawa ay mga tungkod, mga andador, at mga iniangkop na keyboards

Papaloob na pag-ikot (*Internal rotation*) (PT) - Papaloob ng pagtalikod o pag-ikot sa paligid ng aksis.

Paraplegia (*Paraplegia*) (PT) - Pinsala sa *spinal cord* at ang resulta ay pagkawala ng pandama at kakayahang gumalaw at *motorfunction* na naapektuhan ang ibabang bahagi ng katawan at mga binti.

Parestheisas (*Parestheisas*) (PT) - Mga di-pangkaraniwang pakiramdam tulad ng pamamanhid, pangingirot ng kalamnan na hindi maipaliwanag ang dahilan.

Pasibong kakayayahang abot ng paggalaw (*Passive range motion (PROM)*) (PT)-Dami ng galaw ng kasukasan na natamo ng therapist sa pagpapagalaw sa bahagi ng walang tulong mula sa pasyente.

Pasyente (*Patient*) (PT) - Indibidwal na may karamdaman na nangangailanagn ng mga interbensyon para mapaganang mabuti.

Patihaya (PT) – Pahiga kung saan ang mukha ay nakataas o paghigana sa likod.

Physical therapist (*Physical therapist*)(PT)-Propesyunal na nagsasagawa ng pagsusuri, paglulunas at/ o kaya ay maiwasan ang pisikal na karamdaman, di normal na paggana, ang sakit bunga ng sugat,karamdaman at iba pang mga kalagayang nauugnay sa kalusugan.

Physical Therapy (*Physical therapy*) (PT) - Pagtatantiya, pagsusuri, paglulunas at paraan ng pag-iingat sa karamdaman ng mga di normal na paggana, ang sakit bunga ng sugat,ang karamdaman at iba pang mga kalagayang nauugnay sa kalusugan.

Pilay/ pagkapilay (PT)– Labis na pag-unat ng litid sa kasukauan na may kasamang pagkapunit ng mga himaymay na nagdudulot ng kirot at di matatag na kasukasan o sugpungan.

Pisyolohiya (*Physiology*) (PT) - Ang pag-aaral ng mga gawain ng mga bahagi ng katawan.

Plantar Flexion (*Plantar Flexion*) (PT) - Pagtatapak ng paa pababa sa sugpungan ng bukung-bukong.

Pleksibilidad (*Flexibility*) (PT) -Kakayahang igo ang bahagi ng kamay, paa, braso sa pamamagitan ng saklaw o abot ng paggalaw.

Prebensyon (*Prevention*) (PT) - Mga serbisyong idinisenyo upang maiwasan ang pagdanas ng sakit at di normal na pagtrabaho ng ano mang bahagi ng katawan o malimitahan o mabawasan ang mga tinataglay na.

Prognosis (*Prognosis*) (PT) - Prediksyon sa antas ng paggaling at panahong kinakailangan upang maabot ang gayong antas.

Pronasyon (*Pronation*) (PT) - Ang posisyon ng braso na nilalagay ang palad pataob; pagpapaikot ng braso papaloob.

Sariling pag-uunat (*Self-stretching*) (PT) – Mga teknik kung saan ang pasyente ay tinuturuan nang pasibong pag-uunat ng kasu-kasuan o ng malalambot na himaymay sa pamamagitan ng paggamit ng ibang bahagi ng katawan at paglalagay ng pwersa sa pag-uunat.

Scoliosis (*Scoliosis*) (PT) – Patagilid na pagkurba o di normal na pagbaluktot ng gulugod, maaaring idyopatiko (hindi alam ang pinagmulan), neuromuscular o congenital (katutubo sapul pagkabata).

Spasticity (*Spasticity*) (PT) – Patuloy na pagkontra sa pag-uunat ng kalamnan dahil sa di karaniwang pagtaas ng tensyon.

Subhektibong eksaminasyon (*Subjective examination*) (PT)– Interbyu sa pasyente tungkol sa saklaw at kalikasan ng pinsala; kwalitatib na pagsukat batay sa pananaw ng pasyente sa problema.

Synergy (*Synergy*) (PT) – Karaniwang pag-uugnay sa gamiting magkaugnay na mga kalamnan na nagpoprodyus ng magkakaugnay na kilos.

Tagubiling Ehersisyo (*Exercise prescription*) (PT) - Isang programa ng ehersisyo na isinasaalang-alang ang pangangailangan ng bawat isa na kakailanganin ng frekwensi, intensidad, tinakdang oras, panahon at tipo ng (FITT).

Thermal agent (*Thermal agent*) (PT) – Agent na ginagamit upang baguhin ang

temperatura ng nakapaligid na himaymay na magdudulot ng pagbabago sa dami ng daloy ng dugo sa bahaging may pinsala.

Tibay o tatag ng katawan (*Endurance*) (PT) –konsumo ng enerhiyang kinakailangan upang tapusin ang isang gawain.

Trigger points (*Trigger points*) (PT) – Nasasalat na bigkis o kulani na nasa kalamnan o *connective tissue* na tumutukoy sa pangingirot at iba pang hindi karaniwang pangyayari na tumatanggap ng lokal na pagtugon ng biglaang pagkirot kung dinidiinan, at pangkalahatan ay lubhang napakasensitibo.

Tuwirang Akses (*Direct Access*) (PT) –Ang pagkakaroon ng abeylabol physical therapist sa sinumang naghahanap ng serbisyo ng physical therapy na walang istipulasyon ng pagsangguni sa ibang nagbibigay ng pangangalaga sa kalusugan.

Vital signs (*Vital signs*) (PT) – Ang mga palatandaan ng buhay; ang mga ito ay pulso, temperatura ng katawan, paghinga at presyon ng dugo.

Glosaryo

Sa

Spheech- Language Pathology

Affricate (Affricate) (SLP) - Isang tunog katinig na nalilikha sa pamamagitan ng paghinto ng daloy ng hangin at pagkatapos ang pagpapakawala ng hangin sa makitid na bukas, para makalikha ng pagkiskisang ingay. Sa Ingles, ang tunog ng ch tulad ng sa *church* at ang tunog ng gd sa *fudge* ay mga *affricates*.

Anarthia (Anarthia) (SLP) - Isang malubhang kapansanan ng motor control sa pagsasalita na nagreresulta sa kompletong kawalan ng kahusayan sa pagsasalita.

Ankyloglossia (Ankyloglossia) (SLP) - limitadong galaw ng dila dulot ng abnormal na kaiklian ng *lingual frenum*; karaniwang tumutukoy sa pagkaumid.

Aphasia (Aphasia) (SLP) - Natamong kapansanan sa lenggwahe dulot ng pagkasira ng *language-dominant hemisphere*, karaniwan ang kaliwa.

Apraxia (Apraxia) (SLP) - Isang kapansanan sa artikulasyong dahil sa kawalang kakayahang iprograma ang posisyon ng *speech musculature* at ang pagsusunus-sunod ng mga galaw ng kalamnan para sa produksyon ng pananalita. Tinatawag din itong *dyspraxia*.

Arkong dental (Dental arch) (SLP) - kurbang istruktura na nahuhubog ng mga ngipin sa kanilang normal na posisyon.

Artikulasyon (Articulation) (SLP) - kung paano ang mga ponema ay nalilikha sa pagsasalita.

Audiologist (Audiologist) (SLP) - Isang propesyunal sa mga kapansanan na nagpapakadalubhasa sa pagsusuri at paglulunas sa mga suliranin sa pandinig at iba pang kondisyon na may kaugnayan sa tainga.

Auditory-verbal therapy (Auditory-verbal therapy) (SLP) - Isang pamamaraan ng pagtuturo sa mga batang may kapansanan sa pandinig na makaintindi at makapagsalita sa tulong ng *hearing aid* o ng isang *cochlear implant*.

Augmentative and alternative communication (Augmentative and alternative communication) (AAC) (SLP) - ano mang pamamaraan na dinisayo upang suportahan, mapabuti o madagdagan ang komunikasyon ng indibidwal na hiram magsalita.

Babbling (Babbling) (SLP) - berbal na gawi ng mga sanggol kung sila ay kalahating taon na.

Bilinggwal (Bilingual) (SLP) - kakayahang magamit ang dalawang lenggwahe na may pantay na kagalingan.

Bingot sa labi (*Cleft lip*) (SLP) - Ang paghihiwalay ng itaas na labi at sa ilang mga kaso ang tuktok na guwang. Ang paghihiwalay ay maaaring mangyari sa isa o sa kapwang gilid. Ang kondisyong ito ay katutubo na sa tao bago pa isilang, nagreresulta mula sa pagkukulang ng istrukturang humuhubog sa labi na maglapat sa panahon ng pagpapalaki sa sinapupunan.

Bingot sa ngalangala (*Cleft palate*) (SLP) - Ang paghihiwalay ng malambot at matigas na ngalangala. Ang kondisyon at katutubo sa tao bago pa isilang na nagreresulta mula sa kakulangan ng istrukturang humuhubog sa ngalangala na malapat at mapagsanib nang maayos sa panahon ng pagpapalaki sa sinapupunan.

Bolus (*Bolus*) (SLP) - ang pabilog na masa ng pagkain na inihanda ng bibig para sa paglunok (matapos ang pagnguya).

Canonical babbling (*Canonical babbling*) (SLP) - Katinig-patinig o katinitg-patinig-katinig-patinig na kombinasyong nalilikha ng mga sanggol.

Central auditory processing disorder (*Central auditory processing disorder*) (SLP) - Kahirapan sa pag-unawa sa pananalita bilang resulta ng pagbabagong istruktural sa *central auditory nervous system*. Binigkas sa gitna ng ingay at iba pang sitwasyong may kahirapang makinig.

Childhood apraxia of speech (*Childhood apraxia of speech*) (SLP) - Isang suliranin sa pag-unlad sa pagsasalita na kung saan ang *motor programming* para sa pagsasalita ay nagkadiperensya, ngunit walang kahinaan sa kalamnan.

Conduction aphasia (*Conduction aphasia*) (SLP) - Isang *fluent aphasia* na inilalarawan ng mabuting pagdinig na may-pag-unawa at kahinaan sa berbal na pag-uulit.

Deglutisyon (*Deglutition*) (SLP)-ang akto ng paglulon.

Dentisyon (*Dentition*) (SLP) - natural na ngipin, ipinapalagay na kolektibo, sa arkong dental.

Developmental apraxia of speech (*Developmental apraxia of speech*) (SLP) - Isang suliranin sa *motor speech* na makikita sa mga bata na inilalarawan ng kahirapan sa pagpapalano at pagsasagawa ng pagsusunod-sunod na *motor movements* na kinakailangan sa pagsasalita.

Diadochokinesis (*Diadochokinesis*) (SLP) - sa pagsasalita, ang kakayahang magsagawa ng mabilis na paulit-ulit na galaw ng mga artikulador.

Diadochokinetic rate (*Diadochokinetic rate*) (SLP) - ang bilis na magagawa ang pagtutulad (o paulit-ulit) na mga kilos, tulad sa pagsasabi ng mga sumusunod na pantig: puh-tuh-kuh.

Di-berbal na komunikasyon (*Nonverbal communication*) (SLP) - Ang paggamit ng mga galaw sa komunikasyon tulad ng pag-abot, pagturo, pagpapakita at pagbibigay.

Diplophonia (*Diplophonia*) (SLP) - Isang kondisyong magkasabay na nalilikha ng boses ang dalawang tunog na magkaiba ang tono.

Disfluent (*Disfluent*) (SLP) - Hindi maaayos na pananalita o nagambala ng anumang pangyayari tulad ng mga pag-aalinlangan, mga pag-uulit-ulit, mga pagpapahaba at mga katulad nito.

Distorsyon (*Distortion*) (SLP) - Isang kamalian sa produksyon ng tunog sa pagsasalita na ang tagapagsalita ay nagsisikap sa nararapat na ponema ngunit nabibigo sa paglikha nito na may lubusang akostikong katiyakan.

Dysarthria (*Dysarthria*) (SLP) - termino para sa koleksyon ng mga karamdaman sa *motor speech* sanhi ng kapansanan na nagmumula sa gitna o *peripheral nervous system*, paghinga, artikulasyon, ponasyon, resonasyon, at ang diin at intonasyon sa pagbigkas ay maaaring maapektuhan.

Dysphagia (*Dysphagia*) (SLP) – Suliranin o diperensya sa paglulon

Dysphonia (*Dysphonia*) (SLP) - Suliranin sa tinig, tulad ng pamamalat, *breathiness*, o magaralgal.

Ebalwasyon (*Evaluation*) (SLP) – Pagtataya at pagsusuri sa suliranin sa komunikasyon sa pamamagitan ng istandardisado at di-istandardisadong pagsusulit.

Echolalia (*Echolalia*) (SLP) - tendensiya ng isang indibidwal na ulitin na walang modipikasyon o pagbabago kung ano ang sinabi sa kanya; karaniwang nangyayari sa pagitan ng 18 at 24 na buwan ng edad. **Pagkaabala-** pag-uulit ng orihinal na sinasabi sa ilang mga sandali.

Fluent aphasia (*Fluent aphasia*) (SLP) – Isang uri ng *aphasia* na resulta ng ekspresibong lenggwahe, nananatiling maayos at tuluy-tuloy sa kabila ng kawalang kabuluhan.

Fricative (*Fricative*) (SLP) - Isang tunog katinig na nalilikha sa pagpilit sa hangin sa pamamagitan ng makipot na bukas. Ang mga tunog *f*, *v*, *th*, *s*, *z*, *sh*, at *h* ay mga *fricative*.

Halimbawang lenggwahe (*Language sample*) (SLP) - Sistematikong koleksyon at pagsusuri sa mga sinasabi ng indibidwal na ginagamit bilang bahagi ng regular na pananalita at ebalwasyon sa lenggwahe.

Hypernasality (*Hypernasality*) (SLP) - Ang pagkakaroon ng labis o hindi nararapat na resonansya sa ilong kasabay ng pagsasalita.

Idiosyncratic (*Idiosyncratic*) (SLP) - Ginagamit sa paglalarawan ng istruktural o pag-uugaling kakaiba sa isang indibidwal.

Impormal na ebalwasyon (*Informal evaluation*) (SLP) - Hindi istandardisadong pagsusulit sa isang kliyente tulad ng konbersasyonal na pananalita sa halip na bigyan ng istandardisadong pagsusulit.

Istimulasyon sa pandinig (*Auditory Stimulation*) (SLP) - Isang teknik na ginagamit sa paglulunas sa suliranin sa pagsasalita na kung saan ang *speech therapist* ay nagbibigay ng sinasalitang modelo sa target na tunog.

Istimulasyong panlenggwahe (*Language stimulation/modelling*) (SLP) – Istimulasyon sa lenggwahe/ paghuhuwarang nagaganap kapag ang magulang o klinisyan ay ipinakikita ang tamang paggamit ng lenggwahe sa natural na sitwasyon. Mga uri ng ng istimulasyong panlenggwahe ay pakikipag-usap sa sarili, magkaagapay na pakikipag-usap, panggagaya at pagpapalawak.

Jargon (*Jargon*) (SLP) – Berbal na pag-uugali ng mga bata, mula sa 9 na buwan at tumitigil sa 18 buwan na nagtataglay ng iba't ibang pantig na binabago ang pagpapahayag sa paraang sa tantiya ay may makabuluhang kaugnayan sa pananalita.

Kabuuang komunikasyon (*Total Communication*) (SLP) - Isang sistema ng komunikasyon para sa mga indibidwal na bingi na pinagsasama ang sinasalita at manwal na mga aspektong pangwika.

Kalidad ng tinig (*Voice Quality*) (SLP) - Isa sa mga pangunahing katangiang mapapansin sa boses ng tao ay ang kalidad ng boses na maaaring ilarawan ng mga panghalip na maayos, magaspang, magaralgal, malat at iba pa.

Kalinawan (*Intelligibility*) (SLP) - Antas ng kalinawan sa sinabi ng isang tao na mauunawaan ng karaniwang tagapakinig.

Kapansanan sa pandinig (*Hearing impairment*) (SLP) - Mababa sa normal na kakayahang makarinig.

Karamdaman sa paggamit ng tinig (*Functional voice disorders*) (SLP) - Isang suliranin na walang nababatid na istruktural, pisyolohikal o *neurologic* na

sanhi. Isang pangkat ng suliranin sa boses na walang batayang medikal na sanhi at maaaring sa maagang yugto, nagpapakita ng maliit o walang pagbabago sa himaymay ng lalamunan.

Katatasan (*Fluency*) (SLP) - kakinisan sa alinmang mga tunog, mga pantig, mga salita at mga parirala na pinagsama-sama sa panahon ng pasalitang lenggwahe; walang pag-aalinlangan o pag-uulit sa pagsasalita.

Kawalang Katatasan (*Dysfluency*) (SLP) - anumang uri ng pananalita na kung alin ay kapansin-pansin ang mga paulit-ulit, mga pagpapahaba at mga pag-aalinlangan; ang pagkagambala sa daloy ng tunog sa pagsasalita. Karaniwang kilala bilang pagkautal.

Kinaugaliang antas ng tinis o tono (*Habitual pitch level*) (SLP) - Isang kontrobersyal na konsepto na tumutukoy sa katamtamang tinis o tono ng tinig ng isang tao na karaniwang ginagamit.

Koartikulasyon (*Coarticulation*) (SLP) - Ang magkasabay na produksyon ng dalawa o higit pang katinig o patinig sa normal na pagsasalita sa produksyon ng mga salita, tulad ng salitang tram- ang unang tatlong mga tunog (/ t/ /r/ / æ /) maaaring magkasanib sa produksyon.

Komunikasyon (*Communication*) (SLP) - Transmisyon ng impormasyon mula sa tagapaghatid tungo sa tagatanggap na hindi na kinakailangang gumamit ng pananalita o lenggwahe. Maaaring kasama rito ang mga galaw, mga ekspresyon ng mukha, o paglikha ng mga salita.

Labiodental (*Labiodental*) (SLP) – Iniiugnay sa mga labi at mga ngipin.

Linggwahe (*Language*) (SLP) – Anumang tinatanggap, binabalangkas, sistemang simboliko para sa interpersonal na komunikasyon na binubuo ng mga tunog na iniayos sa maayos na pagkakasunud-sunod para makabuo ng mga salita na may tuntunin sa pagsasama-sama ng mga salitang ito sa maayos na pagkakasunud-sunod o sa mga hanay na nagpapahayag ng iniisip, interaksyon, karanasan at mga nadarama; binubuo ng ponolohikal, morpolohikal, sintaktikal, semantika at mga pragmatikong component. **Naantala** – kabiguang maunawaan at/o lumikha ng lenggwahesa inaasahang edad. **Ekspresibo** – kakayahang makipag-ugnayan sa pamamagitan ng salitang ipinapahayag o nakaimprenta. **Prelinguistic** – mga pag-uugaling ipinalalagay na nauuna sa pagkakamit ng tunay na lenggwahe. Hal. Pag-iyak, babbling, pag-aalingawngaw. **Reseptibo** – mga salitang nauunawaan ng isang tao.

Lisp (*Lisp*) (SLP) – Isang kamalian sa artikulasyon kasangkot ang mga tunog na “sibilant” (s, z, ch at dg). Ang *lisp* ay pagbigkas na karaniwang sa harap, na ang dila ay labis na nasa harap o nasa gilid na ang hangin ay lumalabas sa mga gilid ng dila.

Maligoy at mahabang pagsasalita (*Circumlocutions*) (SLP) - Pagsasalita na may labis na bilang ng mga salita, o pagsasalitang umiikot sa paksa kaysa pagiging direkta dahil sa kakulangang makakuha ng ninanais mga salita, tulad din ng anomiya.

Maling artikulasyon (*Misarticulation*) (SLP) – Kamalian ng artikulasyon sa pagsasalita dahil sa pag-aalis, pagdadagdag, pagpapalit o pagkapilipit.

Malocclusion (*Malocclusion*) (SLP) – Isang kondisyon na ang itaas at ibabang ngipin ay hindi tama ang pagkakahanay

Matatas (*Fluent*) (SLP) - Pagsasalita na makinis ang daloy at kawalan ng interapsyon; komunikatibong aspekto na mahalagang konsiderasyon sa magkakaibang mga pasyente bahagi ang tinig, wika ng matanda, *motor speech* at mga ebalwasyon ng pagkautal.

Mga Artikulados (*Articulators*) (SLP) - mga bahagi ng mekanismo sa pagsasalita na lumilikha ng makabuluhang tunog (hal. mga labi, panga, velum, dila, at lalaugan).

Mga pagkauntol sa tono (*Pitch breaks*) (SLP) - Biglaan, madalas panandaliang pagbabago sa tinis ng tinig kapag nagsasalita; ang mga panandaliang paghinto ay maaaring ang mataas o mababang tono.

Microglossia (*Microglossia*) (SLP) – Isang kondisyon na ang dila ay abnormal na maliit.

Morpema (*Morpheme*) (SLP) - Pinakamaliit na makabuluhang yunit ng lenggwahe.

Morpolohiya (*Morphology*) (SLP) - Pag-aaral kung paanong ang morpema ay pinagsasama-sama para makabuo ng mga salita, ipnakikita kung paanong ang mga salita ay nabubuo at nagiging tulay sa pagitan ng morpolohiya at sintaks.

Natural na paggaling (*Spontaneous recovery*) (SLP) - Pagbuti sa tungkulin o gawain matapos ang pinsala sa utak na bunga ng likas na paggaling at *neural plasticity*; ang oras at panahon kung ang paglulunas ay maaaring magkaroon ng pinakamahusay na pagbuti.

Nonfluent aphasia (*Nonfluent aphasia*) (SLP) - Resulta ng ekspresibong lenggwahe na walang kaayusan at pagiging tuluy-tuloy, kadalasang uri ng kawalang katatasan ang pag-aalinlangan, maikling pagsasalita, kulang sa maliliit na bahagi ng pananalita, at kapansanang alalahanin ang mga salita.

Pagdedekoda (*Decoding*) (SLP) - Pagkuha ng kahulugan mula sa may kodang mensahe. Isang kailangang-kailangang kasanayan sa reseptibong lenggwahe.

Pagkabingi mula pagkabata (*Congenital hearing loss*) (SLP) - kawalan ng pandinig na tinataglay na mula sa pagkapanganak.

Pagkagat (*Bite*) (SLP) - ang pwersahang pagsasara ng ibabang ngipin laban sa itaas na ngipin; para makuha o masunggaban ng ngipin. Nasa gulang na (**mature**) ang ngipin ay madaling maisasara sa pagkain, kinakagat ito nang dahan-dahan. **Pabagu-bago-** isang ritmik na pagkagat at huwarang pagpapakawalana kikitang bilang isang serye ng mga pagbukas at pagsara ng panga na nagaganap kapag ang mga gilagid at mga ngipin ay pinasigla. **Present** (kasalukuyan) na mula pagsilang at nagpapatuloy hanggang 3 hanggang 5 buwang gulang sa isang tipikal na sanggol. **Pampalakas-** isang mapwersa ng pagkagat na may kinalaman sa lahat ng aspekto ng pagkain.

Pagkakaiba-iba ng pagsusuri (*Differential diagnosis*) (SLP) - pag-uuri ng isang tipo ng suliranin buhat sa iba, tulad ng pagtiyak sa gitna ng iba pang anyo ng *aphasia*, *motor speech disorders*, *fluency disorders*, at ng mga tulad nito.

Pagkakaltas (*Omission*) (SLP) - Kamalian sa paglikha ng tunog sa pagsasalita na may inaalis na tunog.

Paglilipat koda (*Code switching*) (SLP) - Paglipat ng tagapagsalita sa isa o higit pang mga diyalekto o mga lenggwahe para makasunod sa tuntuning panlipunan o sitwasyonal na mga pangangailangan.

Pagproseso sa pandinig (*Auditory Processing*) (SLP) - ang kakayahan na lubusang gamitin at intindihin kung ano ang narinig.

Pailong na pagpapalabas (*Nasal emission*) (SLP) - Pagdaloy ng hangin sa ilong, kadalasang naririnig at palatandaan ng isang hindi ganap na pagsasara sa pagitan ng ilong at oral na kabit, tipikal sa pagsasalita ng mga may bingot sa ngalangala.

Pananalita (*Speech*) (SLP) - Ang sinasalitang produksyon ng lenggwahe na ginagamit ang *human vocal tract*.

Pandinig (*Audition*) (SLP) - ang pandama o akto ng pagdinig.

Paraphasia (*Paraphasia*) (SLP) - Mali ngunit tunay na mga salitang ginagamit sa pagsasalita na kadalasang nagtataglay ng ilang pagkakahawig (ponetiko o semantik) sa mga salitang nilalayon.

Pautal-utal (*Stuttering*) (SLP) - Ang di sinasadyang pag-uulit, pagkagambala,

at pagpapahaba ng tunog at mga pantig sa pagsasalita, na nahihirapan ang isang indibidwal na tapusin.

Ponasyon (*Phonation*) (SLP) - Paglikha ng boses sa lalamunan.

Ponema (*Phoneme*) (SLP) - Ang pinakamaliit na yunit ng tunog na may kakayahang makapagpaiba sa kahulugan. Isang pamilya ng mga tunog na kinokonsidera na magkatulad para sa layuning mabago ang kahulugan ng isang salita.

Ponolohiya (*Phonology*) (SLP) - Ang pag-aaral ng mga tuntunin na sumasakop sa gamit at organisasyon ng tunog sa pagsasalita sa isang lenggwahe.

Pragmatiks (*Pragmatics*) (SLP) - Ang gamit ng wika sa kontekstong komunikatibo na isinasaalang-alang tulad ng mga makapagpapabago sa layon ng komunikasyon, pananaw ng tagapakinig at ang kalagayang panlipunan.

Psychogenic voice disorders (*Psychogenic voice disorders*) (SLP) – Mga suliranin sa boses na ang kanilang pinagmulan ay isyung sikolohikal sa paggamit ng tinig.

Rehabilitasyong awral (*Aural rehabilitation*) (SLP) - Pagsasanay sa indibidwal na may suliranin sa pandinig para mapabuti ang kanyang mga kasanayan sa komunikasyon.

Reseptibong lenggwahe (*Receptive Language*) (SLP) - Ang kakayahang makaunawa ng sinasalita at isinusulat na mga mensahe.

Semantiks (*Semantics*) (SLP) - Ang mga tuntuning panlinggwistika na sumasaklaw sa kahulugan ng salita at ang pagpili ng bokabularyo para sa pagsasalita.

Sensorineural hearing loss (*Sensorineural hearing loss*) (SLP) – Ang pagkawala ng pandinig bunga ng suliranin sa loob ng tainga o ang *nerve pathways* papunta sa utak.

Sibilant sound (*Sibilant sound*) (SLP) - Isang tunog-katinig na nalilikha na may tunog pasutsot tulad ng s, sh, at zh.

Sintaks (*Syntax*) (SLP) - Ang tuntuning panglinggwistika na tumutukoy sa pagkakasunud-sunod ng salita o gramatika sa mga pangungusap.

Specifically language impaired (*Specifically language impaired*) (SLP) - Terminong tumutukoy sa mga batang may kapansanan sa lenggwahe ngunit

nasa tamang edad sa pagkilala, *motor ability*, at panlipunan-emosyunal na kakayahan.

Stimulability testing (*Stimulability testing*) (SLP) - Sa pagsusuri ng artikulasyon, ang determinasyon kung gaano kahusay ang kliyente na makalilikha ang target na tunog kapag ang tunog ay paulit-ulit na ipinaririnig (*visually and auditorially*).

Submucous cleft palate (*Submucous cleft palate*) (SLP) - Isang kondisyon na ang *mucosal surface* ng malambot na ngalangala ay walang pinsala subalit mayroong paghihiwalay sa ilalim ng mga kalamnan.

Suliranin sa artikulasyon (*Articulation disorder*) (SLP) - hindi tamang produksyon ng mga tunog sa dulot ng maling paglalagay sa lugar, tyempo (timing), direksyon, presyon (pressure), bilis o integrasyon ng galaw ng mga labi, dila, ngalangala at iba pang istruktura.

Suliranin sa katatasan (*Fluency disorder*) (SLP) - Patolohiya ng pagsasalita na inilalarawan ng madalas o kapansin-pansing kawalan ng kahusayan sa paggamit ng magkakaugnay na pananalita; maraming uri ng karamdaman sa katatasan ang umiiral tulad ng debelopmental na pagkautal, *neurogenic* na pagkautal at *cluttering*.

Suliranin sa lenggwahe (*Language disorder*) (SLP) – Anumang kahirapan sa paglikha o pagtanggap ng mga yunit panlingwistika na maaaring sumaklaw mula sa buong kawalan ng pananalita hanggang sa maliit na pagkakaiba sa sintaks, hal. Kakulangan sa bokabularyo, nakatakdang pormulasyong berbal, pag-aalis ng mga pantukoy, mga pang-ugnay, panahunan at mga pananda ng pagpaparami.

Suliranin sa pagpoproseso sa Pandinig (*Auditory processing disorder*) (SLP) - kapansanan sa kakayahang harapin, diskriminahan o tukuyin o unawain ang impormasyong naririnig kahit na ang pandinig at katalinuhan ay nasa normal na limitasyon.

Suliranin sa pagtatagiting (*Disorder of resonance*) (SLP) - Isang uri ng suliranin sa tinig na ipinalalagay na bunga ng mga isyu ng transmisyong tunog mula sa artikulador at *vocal tract* kaysa sa mga isyu sa lebel ng *glottis*.

Suliranin sa pag-unlad ng lenggwahe (*Developmental language disorder*) (SLP) - Isang kondisyong nasasangkot ang pagiging mahina sa kasanayan sa lenggwahe na nakikita sa panahon ng kabataan.

Suliraning ponolohikal (*Phonological disorder*) (SLP) - Isang suliraning nauugnay sa mga aspektong *cognitive-linguistic* sa produksyon ng tunog sa pagsasalita.

Sunud-sunod na aproksimasyon (*Successive approximation*) (SLP) - Isang teknik na ginagamit sa paglulunas ng kamalian sa pagsasatinig na kung saan ang isang kliyente ay tinuturuang lumipat mula sa isang tunog na maaaring malikha nang tama sa tinatarget na tunog na may mga hakbang.

Telegrapikong pagsasalita (*Telegraphic speech*) (SLP) - Sinasalitang komunikasyon na binubuo sa pangunguna ng mga salitang pangnilalaman at nawawala ang mga *function words* tulad ng mga panghalip, pantulong na pandiwa at mga pantukoy.

Threshold (*Threshold*) (SLP) - Na nauugnay sa pagdinig, ang lakas na kung saan ang isang tunog ay napapansin sa pinakamababang intensidad na kailangan para sa isang tao na marinig ang tunog na 50 porsiyento ng oras.

Tinig (*Voice*) (SLP) - Ang tunog na nalilikha sa pamamagitan ng pagpapakatal ng *vocal folds* sa lalamunan.

Ugaling pag-iwas (*Avoidance Behaviours*) (SLP) – Mga panlilinlang o mga saklay na ginagamit ng mga taong pautal-utal, isang pagtatangkang panlilinlang sa di katatasan, isang halimbawa, pagpapalit ng ilang mga salita para sa mga salita na nagsisimula sa mahihirap na mga tunog.

Wernicke's aphasia (*Wernicke's aphasia*) (SLP) - Isang fluent aphasia na may katangiang tulad ng kahirapan sa pag-unawa sa naririnig at mga kamalian sa pagpili ng mga salita o mga tunog na bumubuo sa mga salita, na kung saan ang binibigkas na pananalita ay walang kabuluhan.

CURRICULUM VITAE

PANGALAN : Ma. Lanie Valdecantos – Vergara

TIRAHAN : San Lorenzo Subdivision, Baranggay Gabon, Abucay, Bataan

PETSA NG KAPANGANAKAN : Nobyembre 28, 1962

LUGAR NG KAPANGANAKAN : San Rafael, Bulacan

MGA MAGULANG : Emilio S. Valdecantos⁺
Estelita Y. Flores⁺

KATAYUANG-SIBIL : May asawa

PANGALAN NG ASAWA : Ernesto S. Vergara

EDUKASYON

Elementarya : Maronquillo Elementary School
Baranggay Maronquillo, San Rafael,
Bulacan

Sekundarya : St. Paul School
San Rafael, Bulacan

Tersarya : Bachelor of Science in Education
Major in Filipino (*Magna Cum Laude*)
Philippine Normal College
Taft Avenue, Manila

ELIGIBILITI : Professional Board Examination for
Teachers – pasado

KARANSAN SA PAGTUTUTURO : Guro sa Filipino
1983-2002
Victorino Mapa High School, San
Miguel, Manila

: Guro sa Filipino
1984-1987
University of Santo Tomas High School,
España, Manila

: Instructor V
1987-kasalukuyan
University of Santo Tomas, España,
Manila